# *Ang Kapahayagan Ukol Kay Jesus Cristo*

Maraming salamat, na marami, Kapatid na Neville. Makakaupo na kayo.

2 Sa palagay ko nabanggit minsan, na, "Ako'y natutuwa kapag sinasabi nila sa akin, 'Pumunta tayo sa bahay ng Panginoon.'"

3 Ngayon, kami po'y humihingi ng pasensya na wala tayong sapat na espasyo, o walang sapat na mauupuan, para sa lahat ng nandito, at marahil dadagsa pa nga sa parating na sanlinggo, ang mga tao na pupunta rito, na makikinig sa pagtitipon.

4 Pero ang dahilan po para sa espesyal na panahon na ito na tayo'y . . . Sa puso ko po'y naglagay ang Espiritu Santo ng babala na ito ng kumbiksyon, na, "Marapat na makamit ng Iglesya ng panahong ito ang Mensaheng ito." Dahil, naniniwala ako na ito ang pinaka katangi-tanging mga Mensahe ng Biblia, dahil inihahayag nito si Cristo sa Kanyang Iglesya sa panahon na ito.

5 Kaya naman, walang makapagkakamit ng pananampalataya o malalaman ang kanilang ginagawa, o kung saan sila patungo, maliban na mayroon silang, bagay na pagbabasehan ng kanilang pag-iisip at pananampalataya. Kaya naman, kung inihayag ng Kasulatan si Cristo sa atin sa huling mga araw na ito, at ang kalagayan ng panahon, mainam ang idudulot nun sa atin na—na saliksikin Ito at alamin kung nasaan na tayo.

6 Ngayon, kami po'y—kami po'y humihingi ng paumanhin na di kalakihan ang aming simbahan, pero balang araw umaasa kami na magkakaroon nito.

7 At nitong huling apat na araw, lalo na po, na pinag-aaralan ko itong kasaysayang bahagi ng—ng Aklat ng Apocalipsis, dumating ako sa mga bahagi na hindi ko kailanman naisip na mangyayari kailanman. At naghatid nga 'yun sa akin ng isang—isang pakiramdam, na pagkatapos nitong *Pitong Kapanahunan Ng Iglesya*, kapag natapos ko na 'yan, gusto kong tumalakay ng isa na namang serye na mapag-uusapan "ang—ang tunay na Iglesya at ang huwad na iglesya," sabay po, at tutugaygayin 'yun sa kasaysayan at sa Kasulatan. Kagaya noong isang beses na sinikap ko, sa isang pangangaral, na talakayin "ang tunay na Puno ng Ubas at ang huwad na puno ng ubas," na makikita sa Biblia. At tayo po'y . . .

8 Susubukan po natin na makakuha ng marami pang mga upuan, habang inaalala ko ang mga tao na sinusubukang makahanap ng mauupuan. At kukuha tayo, magpapakuha tayo,

ng ilan pang mauupuan, para subukang okupahan 'yung espasyo pa riyan sa likod, at sa labas, at sa kung saan pa sa paligid, para makapagpaupo pa tayo ng ilang tao habang nasa gawain.

9 Ngayon, sa bagay pong ito, nais kong tanungin ang bawat isa na talagang interesado sa mga bagay na ito, na—na magpupunta rito sa tuwing ating—ating ipapaliwanag Ito. At di ko tatangkain, o naisip man sa sarili ko . . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . na tangkain . . . [Blangkong bahagi sa teyp.] . . . itong dakilang Aklat ng Apocalipsis ni . . . [Blangkong bahagi sa teyp.] . . . Pitong Kapanahunan ng Iglesya. Bagkus ako'y umaasa nang taimtim sa Diyos, na—na ihayag ito sa akin sa pagsapit ko rito.

10 Ang kasaysayan sa natural, na . . . hinango mula sa pinaka katangi-tanging mga mananalaysay ng kasaysayan na nalalaman ko. Nandun 'yun na nakapatong sa silid-aralan ko, ngayon, mga lima o anim na komentaryo, ang *Two Babylons* ni Hislop, *Foxe's Book Of The Martyrs*, at iba pang katangi-tanging mga libro; katulad nung Konseho ng Pre-Nicea, mga apat na libro tungkol dun, na mga nasa apatnaraang pahina ang bawat libro. At nandun ang tungkol sa Konseho ng Nicea, at lahat na mismo ng kasaysayan na makukuha natin. Dahil, sa likod nito, mula sa magnetikong teyp, susulat po tayo ng isang komentaryo tungkol sa Pitong Kapanahunan ng Iglesya, para ipadala sa buong mundo, sa abot ng makakaya natin, dahil nasa huling mga araw na tayo. Narito na tayo sa huling panahon.

11 Hindi ko napaghulo sa puso ko kailanman hanggang nitong—nitong huling halalan lang, at heto po na nakita ko kung nasaan na pala tayo. Pagkatapos unti-unting inihayag 'yun sa akin ng Espiritu Santo, na—na balaan ang mga tao, at ilugar ito. At hindi ko magawa 'yun sa isang—isang iglesya na tulad nito, nang sapat. At kung mauupo naman ako at isusulat sa libro . . . Ang pakiramdam ko nama'y kailangan kong pumunta sa pulpito, at ang inspirasyon ng Espiritu Santo sa gitna ng mga Cristiano'y dadako sa akin, para tulungan ako, mangyari nga na mas may kasapatan ako na isulat ang libro, pagkatapos na hanguin ko 'yun sa teyp, dahil dun natin makukuha ang inspirasyon nito. Ang mga libro, siyempre po, ay medyo plaplantsahin nang kaunti, dahil, dito, nakapaglalagay tayo ng mga bagay na hindi natin mailalagay dun sa libro. At pagkatapos tayo . . . Hayan nga't gumugugol tayo ng masyadong maraming oras sa kakaulit, o ako po. At kaya naman, sa libro, plaplantsahin po 'yun. Pero sisikapin natin na makuha muna ang lahat ng 'yun, sa abot ng makakaya natin, na mailagay sa mga teyp.

12 Ngayon, ang mga teyp, gabi-gabi po, ang literatura't iba pa, hayan po ang mga kalalakihan na mayroon sila nito diyan sa labas lang ng gusali.

13 Ngayon, marahil hindi ko kayanin gabi-gabi, yamang iniatang natin ito sa ating sarili na pagsikapan ito para sa kaluwalhatian ng Diyos, na—na matalakay itong pitong Mensahe ng iglesya, o Pitong Kapanahunan ng Iglesya, nang pitong gabi; na bawat gabi, isang kapanahuan. Halimbawa, Lunes ng gabi, Efeso; Martes ng gabi, Smirna; Miyerkules ng gabi, Pergamo; Huwebes ng gabi, Tiatira; Biyernes ng gabi, Sardis; at Sabado ng gabi, Filadelfia; at Linggo ng umaga at Linggo ng gabi, ang Laodicea, ang kapanahunan ng iglesya na kinabubuhayan natin. Ilalahad natin ang kasaysayan ng orihinal na iglesya, at ang—at ang mga manunulat at mga mananalaysay ng kasaysayan, at ang mga anghel ng kapanahunan na 'yun, at—at ang mga mensahe, at ang takbo ng iglesya, sa pagtugaygay nito hanggang sa panahon na ito.

14 At kahanga-hanga po na makita ang bawat prediksyon ng Kasulatan na 'yun na solido mismo ang pagtama sa kasaysayan, saktong-sakto mismo, hanggang sa pinaka diwa nun. Maging ako po'y namangha dun masyado, na ang nangyari po'y, kahapon, nagbasa ako hanggang sa pakiramdam ko 'yung mga mata ko'y luluwa na. At lumabas ako at sabi ko sa asawa ko, "Hindi ko 'yun naisip kailanman na magiging ganoon 'yun." Kita n'yo? Ganoon ngang kadakila 'yun!

15 At ngayon, may mga araw, na hindi ko matatapos ang lahat ng 'yun nang isang gabi, ang iglesya, ang mensahe sa iglesya. At kung hindi ko matapos 'yun, nang gabi, itutuloy kinaumagahan nang alas diyes. Iaanunsyo 'yun gabi-gabi, para sa mga magnanais na dumalo at pakinggan ang karugtong pa nun, dahil ang gagawin natin, sisikapin natin, na mailagay 'yun sa teyp. Magdadaos ako ng mga gawain kung ganoon mula alas diyes, nang umaga, hanggang tanghali, sa araw po, para mailahad 'yun, 'yung karugtong pa nung mensahe, para mailagay nila 'yun sa teyp. Hindi . . .

16 Inanunsyo na natin na walang mga gawain para sa pagpapagaling, dahil sinisikap natin na makapanatili sa ilalim ng propetikong pananalita ng Biblia. Mangyari rin, na nagkaroon na tayo ng gawain ng pagpapagaling nito-nito lang dito. Pero kapag natapos na itong mga gawain na ito, ibabalik po natin 'yung mga gawain ng pagpapagaling.

17 Pero ngayon gusto kong—gusto kong linawin ito nang maigi, para maalala ng lahat, na ngayon, dito, marahil ito'y hihiwa at hahaltak, at pararanasin tayong lahat ng malaking pag-uga. Pero ako po'y responsable, hindi sa—sa kahit anong iba kundi sa pangangaral ng Salita. Ganoon, ganoon po. Sadyang—sadyang nanghahawakan lang sa Salita. At maraming beses na ito marahil, sa mga kapanahunang ito ng iglesya, na marahil sasalamin sa denominasyon ng iba. At kung sakali mang ganoon, hindi po 'yun sinadya para manghamak. Sinasaysay lamang nito—nito kung ano ang sinabi na ng Kasulatan, at ang

kapahayagan na mayroon ako ukol Dito. At kung naiisip n'yo na mali ako patungkol dito, kung ganoon ay huwag n'yo akong kagalitan, ipanalangin n'yo lamang ako na ipakita sa akin ng Diyos kung ano ang tama, dahil tunay na nagnanais ako na nasa tama ako.

18 At isa pa pong bagay, yamang nalalaman ko ang resposibilidad na mayroon ako, sa—sa isang pagtitipon na gaya nito, na nagtuturo ako sa mga tao, na panagutin ako ng Espiritu Santo sa mga salita na sasabihin ko sa pulpitong ito. Kaya nakikita n'yo kung gaanong kapitagan nating tinutungo ito. Ngayon, ang ating. . .

19 Ang paksa ngang ito'y puwede ko namang ilahad sa ibang lugar. Pero, yamang ito'y pagtuturo, kung ganoon sa ating. . . Doon sa labas sa mga gawain natin ng pagi-ebanghelyo, ang bawat isa'y may ideya o—o pagtalos, o katulad mismo ng mga nasa kapanahunan, at mayroon tayong sari-sariling mga iglesya, at mga bagay na itinuturo ng ating mga kaiglesyahan, at bagay na pinaniniwalaan natin. Tayo. . . Ayaw kong pumunta sa simbahan ng iba, o magpunta sa mga tao halimbawa, at makakapagsabi ako ng bagay na kontra sa bagay na itinuro sa mga tao roon. Dahil, kung tutuusin, malinaw naman na sinisikap kong sabihin sa mga pahayag ko na ang isang. . .

20 Kung ang isang tao'y Katoliko, at siya'y nakadepende sa Iglesyang Katoliko para sa kaligtasan, siya'y mapapahamak. Kung siya'y isang Baptist, na nakadepende sa Iglesyang Baptist, siya'y mapapahamak. O isang Pentecostal man, na dumedepende sa Iglesyang Pentecostal para maligtas siya, siya'y mapapahamak. Pero. . . Kahit ano pang iglesya 'yan! Pero kung ang isang indibiduwal ay mapitagang nakahilig sa pananampalataya ng tapos nang mga gawa ni Cristo sa Kalbaryo, siya'y ligtas, di ko alintana saan mang iglesya siya kabilang. Dahil, "Sa pamamagitan ng inyong panananampalataya kaya kayo naligtas, at iyon ay sa pamamagitan ng biyaya."

21 Ngayon, kung minsan, sa paggawa rito, kung minsan ay naiisip ko, na dito sa aking maliit na gusali na sinimulan natin maraming mga taon na ang nakaraan, hayan nga't mga lumang mga kongkretong bloke at kung ano pa, at ang lugar pong ito'y parang isang banal na dako para sa atin. Ayaw nga natin, haya't ayaw natin na makitang may pagbabago rito, sa kung anumang paraan, dahil dito tayo unang kinatagpo ng Diyos, at wala nga tayong sahig noon dito kung tutuusin. Pero ito'y—ito'y humantong na't naluluma na, at mayroon tayong programa para sa gusali—sa gusali rito, para punuin ang bloke rito ng isang simbahan.

22 Ngayon, mangyari po, na nararamdaman ko 'yun kapag bumabalik ako mula sa pagmimisyon, kung saan hindi ko

sinasaktan ang mga kapatiran at, o, sa mga mensahe't iba pa, kaya naman nabibigyan ako ng karapatan na ilahad ang sarili kong opinyon, dito sa—dito sa aking. . . dito sa pulpito rito. At kaya naman kung sasabihin n'yo, "Iba po ang naituro sa akin," Akin pong. . . Haya't kung ganoon, dito, iniimbitahan natin mismo ang kung sino man na gustong dumalo. Kita n'yo? Wala pong nagtataguyod nito, o kung ano. Ang tabernakulo lamang dito. At sinuman na gustong dumalo, sila po'y malugod na inaanyayahan na magpunta. Magpunta lamang. Kaya po iniimbitahan ko kayo na dalhin n'yo ang Biblia n'yo, sa bawat pagtitipon, at magdala rin ng lapis at papel.

23 At ngayon, dahil sa dami nung mga komentaryo at iba pa, hindi ko madala ang lahat ng mga libro. Kaya isinulat ko na lamang, inilista ko mismo, sa tuwina, sa isang papel dito, ang mumunting mga tala mula sa kasaysayan at mga komentaryo, at iba pa, para babasahin ko na lamang mula rito sa—sa mga tala rito, sa halip na dalhin ko ang libro at bubuklatin ko ang mga pahina. Gayunpaman, pagdating sa Kasulatan, gagamitin natin ang Biblia. At pagkatapos sa komentaryo, ipapaliwanag ko; o sa kasaysayan, kung sino ang mananalaysay ng kasaysayan na nagsabi nun, at kung ano pa. Pagkatapos sa. . . Hayan po, kapag natapos na 'yung librong parating, hayan po, puwede na nating imakinilya 'yun nang maayos, at ilalagay natin dun ang lahat nang nailahad nang maayos.

24 Ngayon, gagawin natin ang lahat ng magagawa natin para makapag-umpisa nang maaga at makapagpauwi nang maaga kung maaari. Walong araw po ito, na mga pagtitipon, Linggo hanggang Linggo.

25 Sa umaga pong ito ay magsisimula ako sa unang kabanata ng Apocalipsis, ng Aklat ng Apocalipsis. At ang Apocalipsis ay nakalatag sa tatlong bahagi. Haya't ang unang tatlong kabanata ay ang pagtutuunan natin ng pansin sa walong araw na ito. Mangyari nga, na isang kapanahunan lang ng iglesya'y aabutin tayo nang isang buwan. Pero tutugaygayin lang natin 'yung prominenteng mga bahagi, gaya ng tawag natin dito. Pagkatapos kapag naisalibro na, isusulat po 'yun, nang mas detalyado.

26 Ngayon, ang Apocalipsis, ang unang tatlong kabanata, ay tungkol sa Iglesya, pagkatapos nun nawala na ang Iglesya. Hindi na natin nasumpungan Ito hanggang sa dumating ang huling panahon. Ang Apocalipsis 1 hanggang 3, ay ang Iglesya; ang Apocalipsis 4 hanggang 19, ay ang Israel, bilang isang bansa; at ang 19 hanggang 22 naman, ay magkasabay silang, tinatalakay. At hayan mismo ang mga salot at mga babala, at iba pa, sa dulo! Nakalatag po sa tatlong bahagi. Kita n'yo? At kukunin natin ang unang tatlong kabanata, na pumapatungkol sa Iglesya, at sa kapanahunan ng iglesya na kinabubuhayan natin.

27 Ngayon, sa una, parang medyo walang kasigla-sigla dahil kinakailangan nating bumalik at ilatag ang pundasyon. Nanalangin ako't nag-aral, at ginawa ang lahat ng magagawa ko, para sikapin na—na makuha ang pakiramdam ng Espiritu Santo, kung sa ano bang paraan ito ilalatag, para makita ito ng mga tao, at nang sa gayon kayo, sa pagkakita nito, ay maliwanagan at ibunsod kayo na mapalapit pa kay Cristo, dahil narito na tayo mismo sa huling panahon.

28 At isa ngang kamangha-manghang bagay, habang pinag-aaralan ko ang mga kasaysayan, na matuklasan kung papaano nagsimula ang iglesya, at kung papaano ito umusad, at kung anu-ano ang nangyari, at ang masubaybayan ang munting Binhi na 'yun ng Diyos na umuusad sa bawat isa sa mga kapanahunan na 'yun; at ganap na naglaho, halos, sa isang dako.

29 Ngayon, bukas ng gabi, sisimulan natin, at maglalagay tayo ng—maglalalagay tayo ng—ng tsart dito; hindi po pala tsart, kundi pisara, dahil parang gusto kong ituro ito kahit papaano mula sa isang pisara. Sa tingin ko ang nagtuturo ng Sunday school, isa sa kanila, mayroong pisara. Nakita ko 'yun sa likod. Ipaaakyat ko 'yun dito sa janitor, ilalagay 'yun dito sa harap, para makapagturo ako gamit ang pisara, at maisulat 'yun para sigurado kayo. At maiguguhit n'yo 'yun sa papel n'yo, at iba pa, at makuha mismo nang eksakto sa abot ng makakaya natin.

30 Pero nais ko lamang sabihin ito bago magsimula: Ang makita mismo ang panimula ng kapanahunan ng iglesya, at ang makita kung papaanong ang mga alagad, ang mga turo't aral noon, at ang mga bagay na itinuro nila, at ang mga alituntunin ng Biblia; at pagkatapos ay makita ang iglesya, doon sa sumunod na ikalawang grupo ng mga alagad, kung papaano ngang nagsimula 'yung kumupas, 'yung tunay, na totoong pangangaral; pagdating sa ikatlo, mas lumalayo; tapos pagdating dun sa ikaapat, kumupas na mismo't naging—naging maligamgam na, ang iglesya'y nagbunsod ng isang iglesya na sala-sa-init sala-sa-lamig.

31 At pagkatapos isang Iglesya na puspos-ng-Espiritu! Na, sinasabi ko ito nang may maka-Diyos na paggalang sa bawat relihiyon ng tao. Mula sa pasimula, hanggang sa panahong ito, ang tunay, na totoong Iglesya'y ang Iglesyang pentecostal. Totoo po 'yan. Inilaan ng Diyos ang Iglesyang ito.

32 At lagi ko nang binubulay, noong sabihin ni Jesus ang pahayag na 'yun, na ang sabi, "Huwag kayong mangatakot, munting kawan, ito'y mabuting kalooban ng inyong Ama ang sa inyo'y ibigay ang kaharian." Iniisip ko nga kung ano bang ibig sabihin nun, pero ngayon nauunawaan ko na.

33 Noong nakaraang sanlinggo may pagtitipon kami sa Shreveport, Louisiana, doon sa pinaka katangi-tanging

espirituwal na pagtitipon na napuntahan ko, sa buong buhay ko. Sa Shreveport!

34 Ako po'y. . .May dalawang araw po ako ng bakasyon, at nagpunta ako sa Kentucky kasama si Kapatid na Wood dito, isa sa mga diyakono ng iglesya, o katiwala, ang ibig kong sabihin, para mangaso. Nagpunta kami sa kakahuyan.

35 Nabaril ko ang unang squirrel. Tapos sabi ko, "Maghihintay lang ako," dahil may napadaan sa dako roon na may dalang mga aso. Tapos sabi ko, "Maghihintay lang ako hanggang sa lumabas ang mga squirrel mula sa mga butas. Nagtakbuhan sila pataas sa mga puno, sa mga butas, at nagtago mismo." Sabi ko, "Kapag lumabas sila. . .mauupo ako rito at maghihintay." Dahil, malamig po talaga at nagyeyelo, at nakakalapnos ng mga tainga. At, alam n'yo, 'yung—'yung malalakas na mga hangin ay umiihip dun sa talibis. Sabi ko, "Maghihintay lang ako hanggang sa lumabas na ang mga squirrel."

36 Hindi pa ako nakakaupo roon nang matagal, nang biglang ang sabi ng Espiritu Santo, "Tumayo ka, at magtungo ka sa isang lugar na tinatawag mong 'talibis ng maginoong mangangaso.' Doon ay makikipag-usap ako sa iyo."

37 At nagpunta ako sa lugar na 'yun na pinangalanan kong "talibis ng mangangaso." Mangyari po, na ang dahilan kung bakit pinangalanan ko 'yung mga talibis dun, sa sarili ko, ay para malaman ko kung nasaan ako. "Talibis ng maginoong mangangaso," ang ipinangalan ko dun dahil mayroon silang. . . Nagtungo ako roon noon at nakakita ng labing-anim na mga squirrel na nakaupo sa isang puno; nabaril ko 'yung itinakdang dami ng batas, kaya pinabayaan ko na 'yung iba sa kanila dun, at umalis na. At 'yun 'yung maginoong pangangaso, ganoon dapat. Kaya ang tawag ko dun ay, "talibis ng maginoong mangangaso."

38 At ibinaling Niya ako roon, "Sa lugar na tinatawag mong 'talibis ng maginoong mangangaso.'" Siyanga't hindi Siya ang nagpangalan dun, kundi ako ang nagpangalan.

39 Pagkatapos nagtungo ako roon sa dulo nung talibis at naupo sa ilalim ng isang puting puno ng roble, at naghintay nang kalahating oras, at walang nangyari. Bumaba ako sa lapag, nagpatirapa sa lupa, itinaas ko ang mga kamay ko. Pagkatapos nagsalita Siya sa akin.

40 At nung salitain Niya, ang mga Salita na inihayag Niya sa akin, ukol sa mismong Kasulatan na tatalakayin natin sa umagang ito, hindi ko pa nakikita ito dati, sa buong buhay ko.

41 At pagkatapos nung makadako na ako sa Shreveport, Louisiana, may isang babae dun na isang babaing kinalooban, ang pangalan niya ay Gng. Schrader. . .

42 Maraming taon ang nakararaan, noong katagpuin ako ng Anghel ng Panginoon sa ilog, sa unang pagkakataon, at

nagpakita Siya roon sa Liwanag na ’yun, at ang mga Salita na Kanyang sinalita roon; labing-isang taon pagkatapos nun, noong lumakad ako roon papasok sa isang pagtitipon, ang munting babae na ito’y tumayo at nagsalita sa iba’t ibang wika at isinalin ’yun. Yun po’y saktong salita-sa-salita na ganoon din sa sinabi ng Anghel.

43 At itong siya ring munting babae, noong lumakad na ako roon papasok sa tabernakulo sa . . . o sa isang lugar na ’yun sa Shreveport na dinaluhan namin, sa Life Tabernacle, ang Espiritu Santo’y kumilos doon sa babae at sinabi mismo nang salita-sa-salita ang bagay na sinabi Niya sa akin doon sa ibabaw ng burol. Pagkatapos nagsimulang kumilos ang Espiritu at ibinigay ang salin, na paunang isinasaysay ang mga bagay sa pamamagitan ng kapahayagan, sa pamamagitan ng propesiya, ang mga bagay mismo na mangyayari sa pagtitipon sa kasunod na gabi, at wala ni isang pagkakataon na nabigo ’yun.

44 Bago ’yun, isang munting babae ang tumayo sa pagtitipon, isang Baptist na babae ang nagtungo roon na hindi niya alam kung ano ba ang kanyang gawin. At naroon siya sa gitna ng pagtitipon at bumuhos sa kanya ang Espiritu Santo, at nagsimula siyang magsalita sa iba’t ibang wika, isa pong Baptist na babae mula sa First Baptist Church ng Shreveport. At pagkatapos hindi niya alam kung ano ang nagawa niya. At pagkatapos, bago siya magsalita ng anuman, ibinigay ng Espiritu Santo ang salin, sabi, “GANITO ANG SABI NG PANGINOON, ‘Sa loob ng tatlong buwan, may Espiritu ni Moises, Elias, at Cristo, na magmiministeryo sa tabernakulo na ito.’” Doon nga’y nangyari ’yun, nang ganap.

45 Isang lalaking Baptist mula sa Meridian, Mississippi, ang akmang hahawak na mismo sa kanyang pridyeder, na may kukunin sana mula sa pridyeder, haya’t dumako sa kanya ang Espiritu ng Diyos. At nagsalita siya sa iba’t ibang wika, hindi nalalaman kung anong ginagawa niya. At bago niya . . . maunawaan kung anong ginagawa niya, nagsalita sa kanya ang Espiritu Santo at ang sabi, “Magpunta ka ng Shreveport, Louisiana. Sasabihin sa iyo ng lingkod Ko kung anong gagawin.”

46 At nagpunta siya roon, sabi, “Hindi ko nauunawaan ito; hindi pa ito nangyayari noon.” Oh, grabe!

Nabubuhay na talaga tayo sa huling mga araw bago mismo ang Pagparito ng Panginoon.

47 Ang munting Iglesya na ’yun ay noon pa man nasa kakaunti lang, ang Pentecostal. Hindi po ang mga denominasyong Pentecostal ang tinutukoy ko. Hindi po ’yun ang tinutukoy ko. Kundi, ’yung mga tao mismo na may pentecostal na karanasan! Ang Pentecostes ay hindi isang organisasyon. Ang Pentecostes ay isang karanasan na dumadako roon sa mga nagnanais. Katoliko

man, Judio, Proselito, mga Methodist, mga Baptist, "Sinuman ang may ibig, hayaan siyang makalapit." Isa 'yung karanasan na 'yung indibiduwal . . . Hindi nakikipag-ugnay ang Diyos sa isang denominasyon, ni hindi rin Siya nakikipag-ugnay sa mga Gentil bilang isang—isang lahi o bilang isang bayan. Nakikipag-ugnay Siya sa mga indibiduwal na, "Sinuman ang may ibig." Maski siya man ay puti, itim, dilaw, kayumanggi; Methodist man, Baptist, Protestante, Katoliko, anuman siya, "Hayaan siyang makalapit," sinuman. Ikinagagalak ko na ginawa Niyang ganoon. Ako . . .

48 Gaya ng sinabi ng isang tao minsan, "Mas pipiliin ko na sabihin Niya 'yun kaysa sa tawagin ang aking pangalan, 'Hayaang makalapit si William Branham,' dahil maaaring hindi lang isa ang William Branham. Kaya naman noong sabihin Niya, 'Sinuman,' *alam* ko na kabilang ako roon."

Kaya sa ganyang paraan mararamdaman nating lahat, "Sinuman ang may ibig, hayaan siyang makalapit."

49 Ngayon, alam ko na maraming mga tao ang naghihintay rito sa mga hotel at mga motel, na sumadya rito mula sa buong palibot ng mundo. Kita n'yo? May mga tao rito mula sa Irlandes at iba't ibang lugar, na naghihintay ng kanilang iskedyul. Pero hindi ko ito maasikaso sa ngayon. Nais kong ilaan ang aking oras muna rito, nauunawaan n'yo naman.

50 Kapag bumabalik po ako mula sa mga biyahe ko, kadalasan bumabalik ako na may—na may itinalaga na na magmiministeryo, dahil sinusunod nila ang mga iskedyul na ito. Pero ngayon po'y isasantabi muna natin ang mga ito dahil Dito.

51 Ngayon, isa pa pong bagay bago tayo magpasimula sa Aklat na ito. Sa simula noon ay ang Iglesyang Pentecostes lang. Ang Iglesyang Pentecostes na 'yun ay humayo sa kapangyarihan ng Espiritu at sinulat ang Aklat ng Mga Gawa. Noong sumunod na ikalawang grupo, nagsimula nang humina 'yun, naging pormal na ang iglesya. Doon sa ikalawang kapanahunan ng iglesya, naging pormal na talaga, pero ang munting Binhi na 'yun ng Pentecostes ay patuloy na umuusad, sa espirituwal. Pagkatapos tumuloy 'yun sa madilim na kapanahunan, nang mga labing-apat na raang taon at parang ganun, ng madilim na pag-uusig. Ang munting Pentecostes na kapanahunan ay nagpatuloy na namuhay sa lahat ng 'yun. Kung papaano 'yun nanatiling buhay, huwag n'yo nang tanungin sa akin. Ang kamay 'yun ng Diyos, ang tanging bagay na makapagbubunsod nun.

52 Dahil, noong panahon na 'yun ay ipinako nila sila, sa mga tulos. At kinuha ang mga kalalakihan at pinadapa sila sa ibabaw ng isang—isang tuod, at kumuha sila ng kahoy na mga pako at pinakuan ang kanilang mga binti, at nagpakawala ng hayop, mga aso, para kainin sila mula sa likod, haltakin ang kanilang mga bituka mula sa kanila, bago sila mamatay nang

tuluyan. Kinuha ang mga kababaihan, tinagpas ang kanilang dibdib, nang isang tagpas na *paganito*, ang kanan nilang dibdib, at pinatayo roon at hinahayaan na 'yung dugo'y dumanak mismo, hanggang sa 'yung buhay ay pumaram mula sa kanila. Pinagkukuha ang mga sanggol mula sa sinapupunan ng mga manganganak na sanang mga nanay at ipinakain ang mga ito sa mga aso't mga baboy, habang ipinapapanood sa kanila ito. Inaakala na mga gawang Cristianismo 'yun; pero sinabi ng Biblia, at sinabi ni Jesus, "Darating ang panahon na papatayin nila kayo, na sa isip nila'y gumagawa sila ng gawain para sa Diyos." Kita n'yo?

53 At ngayon ang bagay na 'yun ay nagpatuloy hanggang sa sumunod na kapanahunan. Pagkatapos ito'y lumantad na sa wakas. Tapos napansin natin nang ang iglesya'y dumaan sa repormasyon, 'yun ay napalayo at napalayo pa, mula nung panahon na 'yun, at napahiwalay sa Espiritu, napahiwalay sa Espiritu, hanggang umabot sa huling kapanahunan na ito kung kailan nakahanda na itong makipag-isa at gumawa ng larawan mismo ng hayop.

54 Pero ang munting Espiritu na 'yun ay mabubuhay sa mga puso ng mga tao hanggang sa dumating si Jesus. Marapat lamang. Ilagay n'yo 'yan sa isipan n'yo.

55 Iguguhit natin 'yun sa mga mapa, sisipiin natin ang kasaysayan at lahat na, at ipakikita sa inyo na eksaktong ganoon nga ito. Ipasisipi sa inyo ang kasaysayan, kayo mismo, at basahin ito. Tingnan kung anong sinabi ng Biblia, at pagkatapos kung anong sinabi ng kasaysayan. Titingnan kung papaanong lumalapat ito nang eksakto. Oh!

56 Nawa'y hindi lang natin lahat ituring na isa itong lektura, kundi ay mataimtim natin nawa, mataimtim na tumalima sa mga babala ng Espiritu Santo at manalangin, araw at gabi. Huwag n'yong hayaan na may pumigil sa inyo sa pananalangin.

57 Susuungin natin, babalikan nito ang mga buhay ng dakilang mga kalalakihan na 'yun noong panahon na 'yun, kung gaano silang nagsakripisyo. Makikita n'yo kung gaanong kaliit lang ng nagawa n'yo. Nahihiya nga ako sa sarili ko kung minsan, kung gaanong napakadali lang ng dinadanas natin, at sila naman noon ay napaka hirap ang lahat. "Nagsilakad sila noon," sabi ni Pablo sa Mga Hebreo 11, "na balat ng tupa at balat ng kambing ang suot, tinampalasan at pinighati, salat." Ano kaya ang magiging patotoo natin kung itatabi sa patotoo nila? Papaano nga 'yun maikukumpara kung ipagtabi 'yun? At heto na ang lahat ng mga bagay sa atin ay kay iinam.

58 Ngayon, bilang pagbibigay galang, bago natin buklatin ang Aklat, nais kong lahat tayo, sa mga makakaya, na tumayo pansumandali para sa panalangin. Ngayon nang may sinseridad

sa inyong puso, tayo'y huminga ng pagdulog na panalangin para . . . sa Diyos.

59 Panginoong Diyos, na Maylalang ng kalangitan at lupa, ang May-Akda ng Buhay na Walang Hanggan, at Tagapagbigay ng lahat ng mabuti't sakdal na kaloob. Amin pong hinihiling sa Iyo, Panginoon, una, na patawarin Mo po kami sa lahat naming kalamigan ng loob, at aming mga kasalanan at aming mga paglabag laban sa Iyo, at laban sa iba at aming mga kababayan.

60 Nawa po'y ang munting panahon na ito ng paglalakip-lakip ay hindi lamang sa ikatitibay ng aming mga kaluluwa, bagkus ay maliwanagan nawa kami nito sa isang paraan, at bigyan kami ng inspirasyon, na magbubunsod sa amin na humayo at ipagsabi sa iba. Nawa po'y maging oras ito ng muling paghahandog, na lumalakip sa buong Katawan ni Cristo at maging handa sa Pag-agaw.

61 Amang Diyos, nawa po'y hindi sa pamamagitan ng sarili kong pandama, yamang nalalaman na ang Iyong lingkod, at lahat ng iba pang mga lingkod, ay hindi umaabot sa kasapatan para sa dakilang gawain na ito. Napagtatanto namin kung papaanong ang mga bantog na lalaki, nang dumaang mga panahon, ay inilagay nila sa kanilang puso na pagsikapang ihayag Ito, o magbigay ng komentaryo ukol sa dakilang Kapahayagan na ito; tapos napagtatanto namin na kami, kung ikumpara nga sa kanila, lalong mas hindi nakaabot sa kasapatan. Pero Ikaw po ang aming kasapatan.

62 At dalangin ko, Makalangit na Ama, na Ikaw po'y gagawa ng isang bagay na espesyal sa oras na ito, na ang Espiritu Santo'y magkaroon ng kahigitan-sa-lahat sa bawat puso. Iyo pong tuliin ang mga labi na nangungusap at mga tainga na nakikinig. At kapag tapos na po itong lahat, at maihandog namin po ito sa Iyo, nawa kami'y lumakad sa ilalim ng pintuan ng bahay na ito, na sinasabi, "Mainam ang naidulot ng aming pagparito. Ang Espiritu Santo'y nangusap sa amin habang nakaupo kami roon. At ngayon ay determinado kami na gawin ang lahat ng makakaya namin habang nagliliwanag ang pang-gabing mga Liwanag." Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

63 Nawa, habang nasa pagtitipon na ito, maibusod nawa ang mga kalalakihan at mga kababaihan na manghawakan, na panibago. Nawa'y magbangon Ka po ng mga nagsasalita sa iba't ibang wika, mga tagapagsalin ng iba't ibang wika. Nawa'y magbangon Ka po ng mga kaloob ng pagpropropesiya. Magbangon Ka po ng mga mangangaral, mga pastor, mga ebanghelista, at iba pa, para mapagtibay ang Iglesya. Magbangon ng mga misyunero na hahayo sa labas at ipalalaganap ang maluwalhating Ebanghelyo na ito. Saan man umabot ang Salita, nawa'y mahulog Ito sa mabuting lupa, na magbubunga ng daan-daang ulit, sapagkat naniniwala kami na

kami'y nasa katapusan na ng kapanahunan. Ang katuparan ng lahat ay nalalapit na.

64 Iyo pong ipagkaloob ang mga bagay na ito, Ama. At higit sa lahat, Panginoon, sa oras na ito, Iyo pong tulungan ako, na siyang mas nangangailangan. Sapagkat hinihiling ko ito, habang itinatagubilin ko ang aking sarili sa Iyo para sa mga gawain na ito, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

[Isang kapatid na babae ang nagsasalita sa ibang wika, isang kapatid na lalaki ang nagbibigay ng salin—Pat.]

65 Makapangyarihang Diyos, na Siyang nagbangon kay Jesus mula sa patay, kami'y nagagalak na malaman na ang Iyong Espiritu ay nananahan sa kalagitnaan namin. Sa tuwina'y totoo Siya at wala ni isang salita man ng di-katotohanan. At ngayon, Ama, Ikaw po'y magpatibay pa nang husto sa Iyong Salita sa aming pagbabasa, para sa Iyong kaluwalhatian. At nawa ang bawat puso, gaya ng Iyong sinabi, "Humanda at maghanda, dahil may darating na isang bagay." Marahil ang mga tao'y tatanggapin na nila ang huling babala sa kanila para tumalikod sa mga bagay na ginagawa nila ngayon, bumaling patungo sa daan ng tama. Pinasasalamatan Ka po namin, Banal na Diyos, sa Pangalan ng Iyong Anak, ang Panginoong Jesus. Amen.

66 Bumuklat po tayo ngayon sa Aklat ng Apocalipsis, unang kabanata. Ngayon, ang una, nais kong basahin ang unang tatlong talata ng Apocalipsis.

> *Ang Apocalipsis ni Jesus Cristo, na ibinigay ng Dios sa kaniya, upang ipahayag sa kaniyang* alipin *sa makatuwid ay ang mga bagay na nararapat mangyaring madali; at kaniyang ipinadala at ipinaalam sa pamamagitan ng kaniyang anghel sa kaniyang alipin na si Juan:*
>
> *Na sumaksi sa salita ng Dios, at sa patotoo ni Jesus Cristo, at* sa *lahat . . . ng mga bagay na nakita niya.*
>
> *Mapalad ang bumabasa, at ang nangakikinig ng mga salita ng hula, at tumutupad ng mga bagay na nangasusulat doon: sapagka't ang panaho'y malapit na.*

67 Gaya ng sinabi ko na noon, ngayon, dito po'y sisikapin natin na magbigay ng kaunting paghihimay ngayon patungkol sa Aklat, batay sa mga kasaysayan at iba pa. At sa tuwina kapag nakikita n'yo ako na sumasangguni ako sa mga pahina na isinulat ko rito, ito po'y mga bagay na hinango ko sa mga komentaryo at iba pa.

68 Ngayon, ang sumulat ng Aklat na ito ay si Juan, si San Juan divino, na sumulat para sa salinlahi sa hinaharap (A). (B) Pinatungkulan ang pitong anghel ng pitong magkakaibang yugto ng kapanahunang Cristiano, isang kapanahunan na mula sa mga araw noon ng mga alagad hanggang sa Pagparito

ng Panginoon. At ang. . .ngayon, ang mga kapanahunan ay lumilitaw nang magkakasunod, isa-isa, mula sa pag-akyat ng ating Panginoon hanggang sa Kanyang Pagparito muli. Bawat kapanahunan ng iglesya'y nakasalarawan ang espirituwal na kalagayan nito. (E) Bawat kapanahunan ng iglesya'y nakikita nito ang sarili nito sa pamamagitan ng nakabatay sa Kasulatan at espirituwal na pakikipag-usap sa kanila. Yamang ang Espiritu'y nangungusap, nakikita ng bawat kapanahunan ang sarili nito. Bawat kapanahunan ay nagdadala mismo sa tunay na Puno ng Ubas ni Cristo, ang Matalinong birhen. At bawat kapanahunan ay dinadala rin ang hinugpong na sanga, ang mangmang na birhen.

69 Sang-ayon ang mga mananalaysay ng kasaysayan, na ito'y ang buhay ni Juan. Nabuhay si Juan sa huling mga taon ng kanyang buhay sa siyudad ng Efeso at doon namatay. Nandun siya sa pulo ng Patmos, noong panahon na sinulat niya ang Aklat, Apocalipsis. Hindi ito salaysay ng kanyang buhay, bagkus ay salaysay ni Cristo sa mga kapanahunan sa hinaharap. Kita n'yo? Isa itong propesiya. Hindi ang buhay ni Juan, hindi ang buhay ni Cristo, kundi pagpropropesiya ukol sa isang kapanahunan na padating. Hindi ito propetikong pananalita niya; kundi, ang mataas na pagpaparangal sa Panginoon, nang taimtim. Hindi ito Kapahayagn ni San Juan divino, kundi ang Kapahayagan ni Cristo na Panginoon.

70 Ito ang huling Aklat ng Bagong Tipan, pero sinasalaysay nito ang simula at ang wakas ng dispensasyon ng Ebanghelyo. Diyan nga nagkakasang-ayon ang mga iskolar ng Biblia.

71 Ang liham para sa pitong kapanahunan ng iglesya'y isinulat, nang papropesiya, para sa mga kapanahunan sa hinaharap. Si Pablo'y sumulat tungkol sa buhay at kaluwalhatian ng pitong iglesya na naroon noon sa panahon niya. Si Juan nama'y sumulat tungkol sa buhay at kaluwalhatian ng pitong iglesya sa hinaharap, na ang inuukulan ni Juan ay ang pitong pastor o mensahero bilang pag-uukol sa lahat ng mga Cristiano sa ilalim ng pitong iba't ibang anghel na ito.

72 Ngayon, ang Aklat ng Apocalipsis, ngayon tatalakayin natin, habang hihimay-himayin natin ito sa umagang ito at mamayang gabi. At sisikapin natin na magpalabas nang alas onse at alas onse y media, para pong ganun, at pagkatapos magsisimula muli sa gabi nang alas siyete.

73 Ngayon ang nilalaman ng unang kabanata. Ang unang talata, ito'y—ito'y pumapatungkol mismo sa Sarili Nito, dahil ito ang Kapahayagan ni Jesus Cristo. Sa ika-2 talata, si San Juan divino ang siyang nagsulat at lingkod. Sa ika-3 talata, ang mga pagpapala'y binibigkas. Ang ika-4 hanggang ika-6 na talata, ang pagbati sa iglesya. Sa ika-7 talata, ang anunsyo. Sa ika-8 talata,

ang sukdulang pagka-Diyos ni Jesus Cristo. Sa ika-9 hanggang ika-20 talata, ang pangitain sa Patmos.

74 At, heto rin, na isinasalarawan ng ika-14 at ika-15 talata ang Kanyang pitong-luping kaluwalhatian ng Kanyang Persona. Oh, ang ganda kapag nakikita natin si Cristo sa Kanyang pitong-luping personahe ng ka- . . . pitong-luping bahagi ng Kanyang personahe, sa Kanyang maluwalhating pagkabuhay na mag-uli.

75 Ngayon, inilalarawan ng pamagat ang katangian.

*Ang Apocalipsis ni Jesus Cristo, . . .*

76 Hindi apocalipsis ni San Juan divino, kundi Apocalipsis ni Jesus Cristo, ang anak ng Diyos.

77 Ngayon, ang Griyegong salita para sa *kapahayagan* ay *apocalipsis*, na ang ibig sabihin ay "ang paglalahad." At noong kinukuha ko ang salita na 'yun at sinasaliksik ito. Ang ibig sabihin pala nito, nitong apocalipsis, ay ang . . . Katulad sa isang iskultor, na naglilok ng isang malaking estatwa, at tinakpan niya 'yun ng tabing. At pagkatapos pupunta siya roo't hahapakin itong tabing at ihahayag kung ano ang inilagay niya roon sa likod ng tabing. Yun nga'y pag-aalis ng tabing.

78 At ang Aklat na ito'y hindi ang pag-aalis ng tabing, hindi doon masyado nakasentro, sa Persona ni Jesus Cristo. Gayong, tunay na ipinapangusap nito ang tungkol sa Kanyang pagka-Diyos at Kanyang pitong-lupi na personahe, at maging ang mga bagay kung sino Siya, katulad ng pagiging Saserdote, Hari, at iba pa. Pero ito nga'y ang paghahayag ng hinaharap patungkol sa Kanyang mga gagawin sa Kanyang pitong kapanahunan ng iglesya na parating na noon. Ito'y . . .

79 Noong ang Panginoon ay nasa lupa noon, tinanong Siya ng mga alagad, at sabi, "Panginoon, Iyo bang sa panahon na ito ipapanauli ang kaharian pabalik sa Israel?"

80 At sumagot si Jesus, "Tungkol sa oras o sa panahon ay hindi ito para sa inyo na maalaman." At wala ngang makakaalam. Sabi, "Maging ang Anak," ay hayan nga, "na hindi nakakaalam."

81 Pero pagkatapos ng Kanyang pagkamatay, pagkalibing, at pagkabuhay na mag-uli, at pag-akyat tungo sa Kaluwalhatian, tinanggap Niya mula sa Diyos ang hinaharap ng Iglesya. Pagkatapos bumaling Siya pabalik, para ihatid ang Mensaheng ito sa Iglesya, at ang Mensaheng ito ng Kanyang pagdating at ang kalagayan ng Kanyang mga iglesya sa pagtugaygay ng Kapanahunan.

82 Hindi Niya 'yun magawa bago ang Kanyang kamatayan, pagkalibing, at pagkabuhay na mag-uli, dahil hindi pa Niya 'yun nalalaman. Pero napansin n'yo ba kung papaano ang pagkakabasa ng Kasulatan dito?

*Ang Apocalipsis ni Jesus Cristo, na ibinigay ng Dios sa kaniya* (kay Cristo), . . .

83 Ganoon na lamang na ibinigay ng Diyos Ama ang Kapahayagan sa Kanyang Anak na si Jesus Cristo. At ipinadala Niya ang Kanyang anghel na si Juan, para ipahayag ang mga bagay na ito patungkol sa nakaraan; sa nakaraan, sa kasalukuyan, at sa hinaharap. Oh, ang ganda mismo ng pagkakalatag!

84 Ngayon, sa dakilang parating na kapanahunan na nakita ni Juan! Ngayon, ang mga ito, ang Kapahayagan na ito ay ibinigay sa kanya, mismo, para ilantad ang partikular na layon ni Cristo, kung ano Siya at magiging ano, sa bawat kapanahunan. Yan ang dahilan kung bakit ko sinabi, sa umagang ito, na ituon n'yo ang inyong isip sa tunay na Iglesya. Ang tunay na Iglesya'y nagsimula sa Araw ng Pentecostes.

85 Walang teologo, iskolar ng Biblia, o mananalaysay ng kasaysayan, ang makapagsasabi na nagsimula 'yun noon sa mga araw ni Martin Luther, Wesley, kapanahunan ng Katoliko, o ano pang ibang kapanahunan. Nagsimula 'yun sa Pentecostes. Yun ang pagpapasinaya mismo ng Iglesya. Yun ang pasimula. Kaya, naman, sa pakikipagdiskusyon sa kahit sino, tumayo kayo sa pintuang-pasukan na 'yun ng Pentecostes, at hindi sila maaaring sumulpot sa kung saan-saan.

86 Katulad na lang ng paglalagay ng kuneho sa isang parang. Alam n'yo kung saan naroon ang bawat butas, kaya tinapalan n'yo ang lahat ng 'yun. Ang kuneho nga'y babalik at babalik sa siya ring lugar kung saan 'yun pumasok.

87 Buweno, ganoon din 'yun, sa sinuman na tinatalakay ang tungkol sa mga iglesya't mga kapanahunan ng iglesya, at mga gawa ng Espiritu Santo, marapat lamang na bumaling kayo pabalik sa orihinal, sa pasimula. Marapat lamang na bumaling pabalik doon dahil ang Diyos ay walang hanggan, at Siya'y pinaka makapangyarihan. Kaya naman, Siya sa pagiging walang hanggan, hindi Siya maaaring gumawa ng isang bagay *rito*, tapos salungat dun ang gagawin, sa banda *rito*. Kinakailangan na 'yun at 'yun ang gagawin Niya gaya ng ginawa Niya roon sa unang pagkakataon.

88 Gaya ng sinabi ni Pedro, sa araw ng . . . noong tanggapin ng mga Gentil ang Espiritu Santo, sabi niya, "Mangyari bagang hahadlangan ang tubig, yamang nakikita na tinanggap na nila ang Espiritu Santo gaya nang pagtanggap natin noon sa simula?"

Si Jesus, noong narito Siya sa lupa, nangusap Siya at ang sabi, "Ito . . . "

89 May isang lumapit at nagsabi, "Naaayon po ba sa batas, na hiwalayan namin ang aming asawa sa anumang kadahilanan?"

90 Sabi ni Jesus, “Siya na lumikha ng lalaki, ay gumawa ng babae. Sa kadahilanan na ito ang isang lalaki ay . . . ”

Sabi nung lalaki, “Pero ipinahintulot ni Moises sa amin ang kasulatan sa paghihiwalay.”

Sabi ni Jesus, “Hindi gayon sa pasimula.”

91 Bumaling kayo pabalik sa simula. Kaya naman, kung mangungusap tayo tungkol sa kapanahunan ng iglesya, kinakailangan nating bumalik sa pasimula, na isinasantabi ang bawat pahayag na sinabi ng sinumang tao sa tugaygay ng kapanahunan.

92 Ito ang pinaka opisyal na Aklat sa alinmang Aklat ng Biblia. Ito lang ang nag-iisang Aklat na tinatakan ni Cristo ng Kanyang tatak. Nagpasimula ’yun sa isang pagpapala at nagtapos sa isang sumpa. “Mapalad ang nagbabasa.” Tapos, “Masumpa ang mag-aalis ng anuman mula Rito.”

93 Ito lamang ang Aklat na isinulat ni Cristo, Mismo, sa buong Biblia. Ang Sampung Utos, isinulat Niya ng Kanyang daliri. Tama. Yan ang pinanghahawakan ng mga Judio. At, ngayon, ito’y ang—ang Apocalipsis.

94 At kung mayroong Aklat sa Biblia na kinamumuhian ni Satanas, ’yun ang Apocalipsis. May dalawa po . . . Haya’t kinamumuhian niya mismo ang buong Kasulatan, at ang buong kanon mismo ng Kasulatan. Pero, kung mayroon man, na kinamumuhian niya nang husto, ay ang Apocalipsis at Genesis. Dahil, sinasalaysay ng Genesis ang pasimula. Ang Apocalipsis nama’y inihahayag kung ano ang mangyayari sa kanya sa huling araw. Gagapusin siya nang sanlibong taon; tapos siya, at ang bulaang propeta, at ang hayop, ay itatapon mismo, nang buhay, sa Dagat-dagatang Apoy.

95 At babakbakan niya ang Aklat ng Genesis tungkol sa pagiging—sa pagiging tunay nito. Sasabihin niya, na, “Hindi naman ’yan tunay.” At kakalikutin niya ang isipan ng mga tao. Masdan n’yo kung saan nasasalang ang diyablo, sa Aklat na ’yun ng Genesis o sa Aklat ng Apocalipsis, ang una’t ang huli mismo.

96 At naglalaman ang Aklat ng Apocalipsis ng mas maraming simbolo kaysa sa lahat ng iba pang mga Aklat ng Biblia. Naglalaman ito nang mas maraming mga simbolo dahil ito’y Aklat ng propesiya. Isa itong propetikong Aklat. Kaya naman kinakailangan itong maunawaan ng isang propetikong uri. Ang Aklat na ito ay hindi para sa lahat. Walang sinuman ang makauunawa nito, halos. Ang Aklat na ito’y ginawa para sa isang partikular na uri ng mga tao. Doon sa Deuteronomio, ang sabi Nito, “Ang mga bagay na lihim ay nauukol sa—sa—sa Panginoon.” Siyanga. At Kanyang inihahayag sa atin, sa Kanyang mga anak, ang mga lihim na bagay. Kaya hindi ito napupunta . . .

97 Hindi kayang maunawaan ng karnal na isip ang mga dakilang bagay na ito ng Kasulatan, dahil ito'y kahangalan sa kanila. Pero sa kanila na iniibig ang Salita ng Diyos, sa kanila nga isinulat ang Aklat na ito, sa Iglesya. Ang Kapahayagan ni Jesus Cristo, "Sa iglesya ng Efeso, sa iglesya ng Smirna, sa iglesya, sa mga iglesya," at pababa pa. Ang Kapahayagan ni Jesus Cristo sa Iglesya. Gustung-gusto ko 'yun.

98 At pansinin n'yo, ito rin ay katuparan ng mga Kasulatan, ganap na katuparan. At ang pagkakapuwesto nito'y sa tamang puwesto mismo, doon sa dulo ng Biblia. Ang Kapahayagan patungkol sa buong bagay na ito ay ipinuwesto rito na may kalakip na pagpapala sa magbabasa Nito at sa makikinig Nito, may sumpa naman sa kanila na magdadagdag at mag-aalis mula Rito. Ito'y ang kumpletong kanon mismo, oh, ang kalubusan. Walang anumang bagay ang maidadagdag Dito. At kung may tao na mangangahas na mag-alis ng anuman mula Rito, o magdagdag ng anuman Dito, sinabi ng Diyos na aalisin ng Diyos ang siya ring bahagi na 'yun mula sa Aklat ng Buhay. Kita n'yo? Aalisin Niya ang bahagi ng sinumang ito mula sa Aklat, kung siya'y magdadagdag Dito.

99 Kaya naman, kapag nakita na natin ang iba't ibang Kapahayagan ng ating Panginoon, kung sino Siya, kung ano Siya, kung may sinumang tao ang magdadagdag ng anumang bagay Roon o mag-aalis ng anumang bagay mula Rito, isa 'yung huwad na propesiya. Marami ang nangangahas na magsabing may bagay sila na kadugtong pa Nun. Pero Yun na mismo ang kumpletong Kapahayagan ng Panginoong Jesus sa Kanyang kapanahunan ng iglesya at Kanyang Panahon, isang Kapahayagan mismo ng ating Panginoon.

100 Ngayon—ngayon, *pag-aalis ng tabing*, sa salitang Griyego, ay bagay na itinago, na inihaha-. . . "inihahayag" si Cristo.

Ngayon, ang kasunod na talata, makikita natin, sa ika-2 talata.

101 Ang unang talata'y ukol sa paglalantad kay Cristo, ang Paghahayag, o ang pag-aalis ng takip. Oh! Ganoon na lamang na ang huling kapanahunan at ang Pagparito ng Panginoon ay ini-. . .itinago noon, sa mga alagad! Tinanong nila ang tanong na 'yun, pero isa lang ang buhay na kinamit ang naturang Kapahayagan. At sa kabila nun, hindi pa rin niya naunawaan 'yun, dahil hindi pa nagaganap 'yung kasaysayan.

102 Ngayon, ang kasaysayan ng Aklat na ito, o ang—ang konteksto ng Aklat na ito, ay inukol sa pitong iglesya ng Asya Menor, doon nga noon. Inukol 'yun sa pitong iglesya. Kung tutuusin maraming iba pang iglesya liban sa pito na 'yun, noong panahon na 'yun. Pero bawat isa sa mga iglesyang 'yun ay may kaukulang katangi-tanging katangian sa loob ng iglesya na 'yun, na maipapasa sa pagtugaygay ng kapanahunan, ang katangian

ng iglesya na 'yun. Kagaya sa Efeso, mayroon 'yung katangian. Smirna, Pergamo, at pababa pa, Filadelfia, bawat isa sa mga iglesyang 'yun ay may kalakip na katangian, na lilitaw muli sa kapanahunan na parating. Oh! Kung inyo lamang. . .

103 May tao kaya na makikita ang—ang espirituwal na aplikasyon ng mga Kasulatan na 'yun at sasabihin na ang mga ito'y hindi kinasihan? Yang mismong kilos, mismong motibo, mismong layunin ng mga tao, aba't, pinatutunayan nito mismo na ang Kasulatan ay kinasihan, ang makita kung papaanong isinasagawa ng Diyos ang mga bagay na 'yun. Ito mismong ginagawa n'yo, *rito*, ay tipo ng kung anong bagay.

104 Katulad ni Abraham na inialay si Isaac, na nag-iisa niyang anak; ay isang tipo mismo ng Diyos na iniaalay ang Kanyang Anak, daan-daang taon pagkatapos. Maging 'yung kung papaanong si Joseph ay ipinagbili at nabilanggo, kinamuhian ng kanyang mga kapatid at iniibig ng kanyang tatay; si Jesus 'yun, sa tipo. Kung papaano ngang ang Espiritu ay kumilos kay Joseph, na isang lalaki, at ganap na tumitipo sa buhay ni Cristo, nang ganap. Kung papaanong, si David, ang Anak ni David ay naupo sa siya ring bundok na 'yun. Noong si David ay tanggihan bilang hari at nagtungo sa ibabaw ng burol, sa Bundok ng Olibo, lumingon siya, na tumatangis, bilang isang haring tinanggihan; ilang daang taon pagkatapos nun, ang Anak ni David ay umakyat sa siya ring burol na 'yun, bilang isang tinanggihang Hari, at tinangisan ang Jerusalem. Ang Espiritu sa tipo't anyo. Oh!

105 Tapos nakikita n'yo ba ang malaking Iglesyang pentecostal sa huling araw na ito? Nakikita n'yo ba kung papaanong pinasinayaan ng Diyos ito sa Araw na 'yun noon ng Pentecostes? Ang Espiritu na 'yun ay kailangan mismong manatili sa Iglesya sa pagtugaygay sa lahat ng kapanahunan.

106 Sila'y naging pormal at malamig na ang loob. Mas mahalaga sa kanila na magkaroon ng denominasyon. Mas mahalaga sa kanila na pagkaisahin ang iglesya't ang estado, at nagawa nga nila 'yun haya't nagbunsod 'yun ng daan-daang taon ng pag-uusig. Tapos, sa Repormasyon, lumabas sila. At bawat taon, nagtatabas sila mula sa Espiritu na 'yun at ang idinadagdag ay sa natural, nagbabawas mula sa Espiritu at ang idinadagdag ay sa natural, mapasa hanggang ngayon ay nakaumang silang gawin 'yan uli. Nabubuhay na tayo rito sa huli't, papatapos na oras, ang katuparan ng iglesya. Narito na tayo sa Filadelfia. . . o sa Kapanahunan ng Iglesyang Laodicea.

107 Ngayon, ang unang kabanata, ang unang talata, ay sinimulan kay—kay Juan. Ngayon, sino ang manunulat? Si Juan. Si Juan. Hindi ito kapahayagan ni Juan, at alam natin na hindi nga, dahil ito'y ang Kapahayagan ng Panginoong Jesus Cristo. Heto siya, siya'y pinili bilang isang alagad. At inihayag ng Aklat

Mismo ang bagay na ’yun, si Jesus Cristo, na inuukulan Niya ng paghahayag.

108 At ipinadala ’yun sa . . . “At ipinaalam ito sa pamamagitan ng kanyang anghel kay Juan.” Hindi natin alam kung sino ang anghel na ito. Hindi sinabi ng Biblia kung sino ang anghel na ito. Pero alam natin na isang propeta ito, dahil sinabi ng Biblia kalaunan, na, “Akong si Jesus ay nagsugo ng Aking anghel para magpatotoo ng mga bagay na ito na mangyayaring madali.”

109 Pagkatapos nasumpungan natin na noong akmang sasambahin na sana ni Juan ang anghel, ang sabi ng anghel, “Ingatan mong huwag gawin ito.” Sa Apocalipsis 22, ito sa tingin ko. At sabi nito, “Dahil ako’y kapwa mo lingkod at isa sa mga propeta.” Maaaring si Elias ’yun. Maaaring isa ’yun sa mga propeta. Si Juan ay isang apostol. Pero ang propetang ito’y pinadala.

110 At si Juan, bilang isang apostol, tingnan n’yo po ang kalikasan ng iba pa niyang mga sulat, na pinapatunayan mismo na hindi si Juan ang sumulat nun, dahil wala roon ang kalikasan ni Juan. Kunin n’yo na lang na halimbawa ang Unang Juan, Ikalawang Juan, at iba pa, at basahin n’yo ’yun. At tingnan n’yo ang kalikasan nun, pagkatapos tingnan n’yo ang kalikasan nito. Si Juan ay isang manunulat at isang apostol, pero ito nga’y espiritu ng isang propeta. Talagang ibang tao ito, mismo. Kita n’yo? Wala roon ang istilo ng pagsulat ni Juan. Hindi Ito kapahayagan ni Juan. Ito’y Kapahayagan ng Diyos patungkol kay Jesus Cristo para sa mga iglesya. At ’yun nga’y . . . Si Juan ay manunulat lang mismo, isang eskriba, at—at ’yun naman ang sinabi mismo ng Aklat.

111 Ngayon, hindi nga si Juan ang inuukulan nun. Inuukol ’yun sa Iglesya. Buweno. Si Juan, noong panahon na ’yun, ang pastor ng iglesyang Efeso. At ngayon ang Aklat ay inukol kay Juan . . . o inukol sa iglesya, hindi kay Juan.

112 Ngayon sa ika-3 talata, inanunsyo Niya ang pagpapala. Pakinggan n’yo ito.

> *Mapalad ang bumabasa, at ang nangakikinig ng mga salita ng hula, at tumutupad ng mga bagay na nangasusulat doon: sapagka’t ang panaho’y malapit na.*

113 Anong panahon daw ang malapit na? Sa panahon nga na nangyayari na ang mga bagay na ito, kapag ang Kapahayagan ni Jesus Cristo ay nakukumpleto na sa bawat kapanahunan ng iglesya.

114 Ngayon ang dahilan kung bakit ganito ang pagkakasulat Niya rito. Kung ang sinabi niya, “Buweno, ngayon, heto na Siya . . . ” Naghihintay na nga sila noon para sa Kanya; kung inihayag nga, kung kailan Siya . . . kung inihayag ’yun kay Juan, na Siya’y darating pagkatapos na ang mga iglesyang ito’y matapos na. Ganoon nga ang naisip dun ni Juan. Pero

kung ganoon nga ang pagkakalahad, na ang mga iglesyang ’yun, pagkatapos na pagkatapos na matapos sila, sila’y . . . Kung alam lang niya noon, kung naihayag sa kanya noon pa na magkakaroon ng pitong mahahabang kapanahunan ng iglesya, libo-libong taon nga, o daan-daang taon, kung ganoon ay wala sanang dahilan para maghintay. Ang gagawin lang sana nila’y patapusin ang kapanahunan nila ng iglesya.

115 Kaya naman, sinalita ’yun ng Diyos, at hindi ’yun inihayag sa kanila. Hindi inihayag kay Martin Luther, ’yung mga bagay na nalaman ni John Wesley tungkol sa Kasulatan. Hindi inihayag sa mga Baptist, ’yung bagay na nalalaman ng mga Pentecostal tungkol sa Kasulatan, dahil ibang kapanahunan ’yun. Iba nang kapanahunan ’yun. At inihahayag ng Diyos ang Kanyang mga bagay-bagay nang napapanahon. Oh!

116 Hindi kayo makatatanim ng mais sa panahon ng tagsibol at tapos dun din sa panahong ’yun aanihin. Magtatanim kayo ng binhi at tutubo ’yun hanggang sa ganap na ang pagkagulang. Itinatanim ng Diyos ang Kanyang Salita at pagkatapos Ito’y tutubo mismo. At pagkatapos makababaling tayo pabalik at sasabihin, “Ganito Ito noon.” Aba’t, tunay, nakikita natin Ito matapos na Ito’y mahayag na.

117 Ngayon, “Mapalad,” ang Salita, ang pag-aanunsyo sa pagpapala, sa ika-3 talata, “sa kanila na bumabasa at nakikinig sa mga hiwaga nito.”

118 Mangyari nga . . . na pinangingilagan ito ng karnal na kaisipan, dahil walang nalalaman na kahit ano ang karnal na kaisipan tungkol dito. Hindi nakapagtataka na walang nalalaman ang karnal na kaisipan tungkol dito, dahil si Satanas ang naroon sa karnal na kaisipan. At ibinubunyag si Satanas, at ayaw ni Satanas na mabunyag siya.

119 Napansin n’yo ba ’yung kung gaanong katerible ’yun kay Satanas kapag naiisip niya na nabubunyag siya? Masdan n’yo sa isa sa mga gawain. Masdan n’yo ang kilos ng mga tao. Pagmasdan n’yo, sa pagtitipon. Bago mismo mabunyag si Satanas, doon sa isang naturang tao, makikita n’yo ang mukha nila na nagbabago. Kita n’yo, hindi nila alam ang iisipin nila. Biglaan mismo, na bababa ang Espiritu Santo’t binubunyag ang diyablo. Oh! Inaayawan niya nang lubos ang ganyang klase ng pagtitipon. Yan ang dahilan kung bakit may ganoon tayong pakikibaka, dahil binubunyag ng Salita ng Diyos ang diyablo. Kita n’yo? Sinasabi Nito kung ano siya.

120 Katulad na lang ng sasabihin mo, “Ang babaing nakaupo rito,” sa ilalim ng kasi ng Espiritu Santo, sasabihin, “ang pangalan niya ay Binibining *Jones*. Nanggaling siya mula sa *Ganito-at-ganoon*.” Anong ibinubunsod nun? Sinasalo nun ang kanyang espiritu, dinadala ’yun sa isang dako.

121 "Papaano mo ako nakilala? Hindi naman ako kilala ng lalaking ito, kaya kung anong espiritu talaga 'yun. Ano kayang uri ng espiritu 'yun?"

"Espiritu 'yun ng Diyos."

"Papaano? Anong nangyayari sa akin?"

122 "May tuberkulosis ka, kanser," anuman 'yun, "pero GANITO ANG SABI NG PANGINOON . . . "

"Oh!" Oh, ganoon na lamang na kinamumuhian 'yun ni Satanas, dahil binubunyag siya Nito.

123 Ngayon, kapag ang karnal na isip ang titingin, sasabihin, "Pagbabasa ng isip, mental na telepatiya." Hindi kasi nila alam. Kahibangan 'yun sa kanila.

124 Pero sa kanila na nalalaman kung ano Ito, oh, grabeng pagpapala! Ano 'yun? Isang kapahayagan. Isang kapahayagan nino? Nang tao ba na nasa pulpito? Ni Jesus Cristo sa huling kapanahunan na ito ng iglesya, na inihahayag ang Kanyang Sarili gaya ng ipinangako Niya na gagawin Niya. Kita n'yo?

125 Isa 'yung kapahayagan, kita n'yo, at kinamumuhian 'yun ni Satanas. Grabe, ganoon na lamang ang pagkamuhi niya rito! Nabubunyag siya kasi, nabubunyag ang kanyang plano. Kinamumuhian ni Satanas ang Apocalipsis at Genesis, isinulat ko 'yan dito. Yan po mismo ang totoo.

126 Ngayon, bakit niya kinamumuhian ang kapahayagan? Bakit ganoon na lamang ang pagkontra niya laban sa kapahayagan? Dahil ito ang buong kanon ng Salita ng Diyos at ang Iglesya ng Diyos ay maringal na nakatayo sa ibabaw ng kapahayagan.

127 Hindi 'yun kailanman magiging sa pamamagitan ng isang—isang eskuwelahan, kahit na gaano pang karaming maiinam na seminaryo ang mayroon tayo. Sila'y naroon pa rin sa nakaraang madilim na kapanahunan. Ang Biblia't ang Iglesya'y ganap na isang kapahayagan.

128 Bumuklat tayo, may mga Kasulatan akong nailista rito, Mateo, sa—sa ika-16 na kabanata at ika-18 talata. Atin pong bahagyang—bahagyang silipin ang Mateo 16:18, tingnan natin kung saan naroon ang Mga Kasulatan, kung saan naroon ang kapahayagan. Sa pagbaba roon mula sa bundok, ang ika-17 talata.

> *At sumagot si Jesus at sa kaniya'y sinabi, Mapalad ka, Simon Bar-Jonas: sapagka't hindi ipinahayag* sa *iyo ito ng laman at ng dugo, kundi ng aking Ama na nasa langit.*
>
> *At sinasabi ko . . . sa iyo, . . . ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay* Aking *itatayo ang aking iglesia; at ang mga pintuan ng impyerno ay hindi magsisipanaig laban dito.*

129 Ngayon, sinasabi ng iglesyang Katoliko, "Itinayo Niya ito sa ibabaw ni Pedro." Buweno, 'yun, 'yun nga'y talagang karnal na pag-iisip. Hindi n'yo maiisip ang isang espirituwal na pag-iisip na ganoon ang pagkakaunawa tungkol sa bagay na 'yun; gayong ang Diyos, na ang Kanyang Sariling Anak ay nakatayo roon, at sa kabila nun ay itatayo Niya ang Kanyang Iglesya sa ibabaw ng isang pangkaraniwa't, ordinaryong, tao na ipinanganak sa kasalanan. Pinatunayan 'yun mismo nung tao. Ang taong 'yun, na may ganoon nang espiritu na nasa kanya, kanyang sinumpa si Jesus at ipinagkanulo Siya sa Kanyang mukha mismo. Kaya hindi nga 'yun itinayo kay Pedro.

130 O, hindi rin 'yun isang—isang bato na naroon, gaya ng sinasabi-sabi ng ilang iglesya. Hindi 'yun isang bato. Dahil, si Pedro . . .

131 Ang bato na tinutukoy Niya roon, ay hindi si Pedro, hindi rin ang Kanyang Sarili.

132 Ngayon, maraming mga Protestante ang pinipilit na sabihin, "Si Jesus 'yun. Siya 'yun na pinagtayuan ng Iglesya. Siya!" Hindi, mali pa rin 'yun. Kung mapapansin n'yo, hindi 'yun si Jesus, hindi rin 'yun si Pedro. Yun nga'y ang kapahayagan.

> . . . *hindi ipinahayag* sa iyo ito *ng laman at ng dugo, kundi ng aking Ama na nasa langit* ang nagbigay ng kapahayagan na ito.

133 Tingnan n'yo. Gusto ko kayong tanungin. Sa halamanan ng Eden, wala pang mga Kasulatan na nasusulat noon. At sila na dalawang binatilyo dun, sina Cain at Abel, haya't kapwa sila nagnanais na maghandog ng alay at makasumpong ng kaluguran sa Diyos. Noong gawin na nila, nagtungo si Cain doo't nagtayo ng dambana; si Abel ay nagtayo rin ng dambana. Buweno, kung 'yun lang ang buong hinihiling ng Diyos, ang Diyos pala'y hindi matuwid dahil sa pagkokondena kay Cain. Buweno. Pagkatapos nga'y nag-alay ng handog si Cain; ganoon din ang ginawa ni Abel. Kapwa sila nag-alay ng handog. Sumamba si Cain, at ganoon din si Abel. Ginawa ni Cain ang lahat mismo ng ginawa ni Abel.

134 Kaya kung ang pagdalo sa simbahan, ang pag-anib sa iglesya, pag-aalay, at pananalangin, at pagsamba sa Diyos, kung 'yan lamang ang hinihingi ng Diyos, kung ganoon ay di pala matuwid ang Diyos sa pagkokondena kay Cain yamang eksaktong ganoon naman ang sinabi Niya na gawin.

135 Pero, nakita n'yo, si Abel, sa pamamagitan ng kapahayagan, alam niya na hindi prutas ang nakapagpalayas sa kanila palabas ng halamanan ng Eden, gaya ng iniisip ng maraming karnal na pag-iisip sa panahon ngayon. Dumulog doon si Abel at inialay ang bunga ng lupain, at tinanggihan 'yun ng Diyos, pero nahayag 'yun kay . . . Ang ibig ko po palang sabihin, si Cain, pasensya na po. Hinandog ni Cain ang bunga ng lupain dahil inakala niya

na 'yun ang nakapagpalayas sa kanila palabas ng halamanan ng Eden. Masdan n'yo 'yung kapahayagan. Masdan n'yo 'yung pagkakaiba dun. Masdan n'yo kung papaanong nakakasira 'yun ngayon. Haya't hindi nga bunga ang nakapagpalayas sa kanila dun. Si Eba nga'y di kailanman kumain ng mansanas. Tunay. Papaano niya napagtanto na siya'y hubad, kung kumain lang ng mansanas? Seksuwal na buhay ang tinutukoy nun. Yun talaga!

136 Ngayon, napag-aralan na natin 'yan, at natalakay na, binalikan na natin mismo. Wala sila ni isang Kasulatan.

137 May ilan sa kanila na magsasabi, "Buweno, ang sabi ni Eba, 'Nagkaroon ako ng anak mula sa Panginoon.'" Tunay naman, po. Gayundin naman ang patotot. Ang Diyos naman talaga ang may gawa ng lahat ng buhay.

138 Pero 'yun nga'y binaluktot na buhay. Tingnan n'yo ang kalikasan nung binatang 'yun. Mana siya sa kanyang tatay, ang diyablo; may poot, masama, mamamatay-tao. Kita n'yo?

139 At pagkatapos papaano nga mismo, na si Abel, noong sila . . . marahil ang sinabi sa kanya ng mga magulang niya'y 'yung —'yung mga punongkahoy na 'yun ay may bunga, at kung ano pa. Pero, nahayag nga kay Abel. Nagtungo si Abel at kumuha ng isang kordero, para sa dugo, kinitil ang buhay. Hindi bunga ng punongkahoy, na nagdala roon ng mga mansanas at mga saging at mga peras. "Datapuwat si Abel, sa pamamagitan ng espirituwal na kapahayagan," Mga Hebreo 11, "ay nag-alay sa Diyos nang lalong mabuting hain. Pinagtitibay mismo ng Diyos, dahil ito'y nahayag sa kanya sa pamamagitan ng pananampalataya."

140 Diyan itinayo ng Diyos ang Kanyang Iglesya. "Hindi ito nahayag sa iyo sa pamamagitan ng laman at dugo." Hindi Ito natutunan sa isang seminaryo. Walang nagturo Nito sa inyo sa kung saan. "Kundi ang Aking Ama na nasa langit ay inihayag Ito sa inyo." Doon nga'y, ang buong bagay na 'yun ay nasa kapahayagan, ang buong Iglesya, "Sa ibabaw ng batong ito ng Kapahayagan patungkol kay Jesus Cristo, itatayo Ko ang Aking iglesya."

141 Marahil kukunin n'yo kung anong sinasabi ng pastor. Marahil kukunin n'yo kung anong itinuturo ng seminaryo. Marahil kukunin n'yo ang sinasabi ng iglesya. At hindi nga 'yun tama, kahit ano pa. Marahil maipapaliwanag n'yo pa nga 'yun sa pamamagitan ng mahusay na pananalita. Pero hanggang sa ihayag sa inyo ng Diyos na si Jesus Cristo'y ang Kanyang Anak, at kayo'y naligtas sa pamamagitan ng Kanyang Dugo; sa ibabaw ng kapahayagan na 'yun, na, "Siya ang aking Tagapagligtas."

142 "Sa ibabaw ng batong ito ay Aking itatayo ang Aking Iglesya, at ang mga pintuan ng impyerno'y hindi makapapanaig laban dito."

143 Kaya nakita n'yo na kung bakit ganoon na lamang na laban si Satanas sa Aklat ng Apocalipsis. Anumang bagay na inihayag, espirituwal na kapahayagan, laban dun si Satanas. Yan ang dahilan kung bakit laban siya sa ministeryo sa panahon ngayon. Dahil, ano 'yun? Ang paghahayag patungkol kay Cristo.

144 Hayaan na ang iglesya na magpatuloy sa naglalakihan nitong mga denominasyon at mga organisasyon, at sa mumunti nitong mabulaklaking mga mensahe at iba pa. Hayaan na silang magpatuloy sa ganyan, hindi naliligalig diyan si Satanas. Walang bumabagabag sa kanila. Ang lahat ay tinatapik-tapik sila sa likod.

145 Kapag dumating 'yung panahon na ang Diyos, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ay ihahayag si Cristo pabalik sa Iglesya, nang may kapangyarihan at pagpapamalas ng pagpapagaling sa mga maysakit, at ginagawa ang mga tanda na sinabi Niya na lalakip sa mga mananampalataya, na nangyayari na ito, hayan na si Satanas na bumabalikwas sa kanyang higaan. Gagawa at gagawa siya ukol dun. Pero hangga't hindi pa dumarating sa ganoon, hindi alintana ni Satanas gaano ka man kaaktibo na miyembro sa iglesya. Wala siyang gaanong pakialam. Pero kapag naihayag na sa inyo ni Cristo na Siya ang Anak ng Diyos, at ang mga gawa na Kanyang ginawa ay ginagawa rin n'yo; hindi kung anong ibang gawa, bagkus siya ring mga gawa mismo.

146 "Ang sumasampalataya sa Akin. . . " San Juan 14:7. "Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman niya. Gagawin ang siya ring mga gawa, at higit pa rito." Dahil, hindi pa noon maaaring ipangaral ni Cristo ang bautismo ng Espiritu Santo, kaya mas higit. Hindi pa Niya 'yun maihahatid sa kanila, dahil hindi pa noon ibinibigay ang Espiritu Santo. Pero noong si Jesus ay dumating at inalay ang Kanyang Buhay, at ang Espiritu Santo'y dumating, kung ganoon ay maibabahagi na nila ang Buhay na Walang Hanggan sa mga tao. Yun ang pagiging "higit."

147 Pero ang mga tanda't mga kababalaghan, maliwanag na sinabi ni Jesus, sa Marcos 16, "Humayo kayo sa buong mundo, at ipangaral ang ebanghelyo sa bawat nilalang." Gaanong kalayo? Buong mundo. Gaanong karami? Bawat nilalang. Hangga't ang Ebanghelyo'y ipinapangaral, ang mga tandang ito'y lalakip sa kanila na sumasampalataya. At kapag 'yun ay naging kapahayagan, kapatid, ika'y malapit nga mismo sa Kaharian kung ganoon. "Sa ibabaw ng batong ito ay Aking itatayo ang Aking Iglesya, at ang mga pintuan ng impyerno'y hindi makapapanaig laban dito."

148 Dahil, ang lalaki o babae man na madako sa likurang bahagi ng ilang nang mag-isa, gaya noon ni Moises, at ang kapahayagan ng Diyos ay mahayag sa kanya sa pamamagitan ng Espiritu

Santo, wala ngang makauuga sa kanya. Siya'y mainam talaga't solido sa abot ng makakaya niya.

Kinamumuhian ni Satanas ang Apocalipsis. Ayaw niya 'yun, siyanga; dinidiskaril ang mga plano niya.

149 Yung kalikasan ng Aklat na 'yun ay nagpapakita na hindi si Juan ang sumulat nun. Ganoon nga. Dahil ang mga 'yun ay—ang mga 'yun ay para sa ibang. . .Siyanga't sulat niya, pero hindi niya inspirasyon. Inspirasyon 'yun ng Diyos na siyang sumulat sa Aklat. Buweno.

150 Tingnan natin kung anong sinasabi nito ngayon.

> *Mapalad ang bumabasa, at ang nangakikinig. . .ng hula, at tumutupad ng mga bagay na nangasusulat doon: sapagka't ang panaho'y malapit na.*

151 Ngayon, "Ang panaho'y malapit na." Ano? Kapag ang kumpletong Kapahayagan patungkol kay Jesus Cristo'y ipinaalam na sa Kanyang mga iglesya. At sa pagdatal ng mga kapanahunan, ito'y sadya ngang inihahayag sa kanila.

152 Ngayon nandito na tayo sa huling panahon, kaya ngayon nandito na mismo tayo sa katapusan ng mundo. Nandito na tayo sa katapusan ng kasaysayan ng mundo. At bago matapos ang sanlinggong ito, at yamang ang Diyos ay kasama natin, umaagapay sa atin, patutunayan natin na nandito na tayo sa katapusan ng mga kapanahunan ng iglesya. Nandito na tayo sa Filadel-. . .o sa Kapanahunan ng Iglesyang Laodicea, ang katapusan ng lahat na mga kapanahunan. Nasa katapusan na tayo ng daigdig ng pulitika. Nandito na tayo sa katapusan ng—ng natural na daigdig. Nandito na tayo sa katapusan ng lahat na mga bagay. Nandito na tayo sa katapusan ng bawat natural na bagay, handa nang pumasok dun.

153 Sa pagpunta ko nga noong isang araw, sa pagkakaalala ko papunta akong Shreveport, o galing ako sa isang dako. Tumingin ako. Sabi ko, "Nangangamatay na ang mga puno. Nangangamatay na ang mga damo. Nangangamatay na ang mga bulaklak. Namamatay na ako. Namamatay na ang daigdig. Nangangamatay na ang lahat. Nangangamatay na ang lahat sa mundo." Nakaupo tayo sa umagang ito, na namamatay na.

154 Tunay na may daigdig sa kung saan, kung saan ang lahat ay hindi na mamamatay. Kung may isang dako nga na ang lahat ay nangangamatay, siguradong may isa mismo na ang lahat ay nangabubuhay. Yan mismo ang inaasam natin, ang makadako sa lugar na 'yun kung saan may. . .Ang mga punongkahoy ay nakatayo roon nang walang kamatayan. Oh, kung saan ang lahat ay walang kamatayan at 'yun ay naroon sa—sa kaluwalhatian ng Diyos.

155 Ngayon, ngayon, nabasa na natin ang unang tatlong talata ngayon, nailatag na bilang pambungad. Una, "Ang Apocalipsis

ni Jesus Cristo." Ang ika-2, "Ibinigay ito kay Juan ng isang anghel." At ika-3, ay, "Mapalad, pagpapala sa kanila na nagbabasa, at," kung hindi kayo makabasa, "mapalad ang nakikinig." Hindi kayo makabasa? Pakinggan n'yo lamang Ito. Ganoon lang. "Mapalad ang bumabasa, at," kung hindi kayo makabasa, "mapalad ang nakikinig, dahil ang panahon ay malapit na."

156 Ngayon, bulayin n'yo kung anong ibig sabihin ng kanon nito, hayan nga't, si Juan, ang sumulat doon, sa pagsulat niya nito, ay. . . Yaong *ito* rito ay si Juan, na sinasabi lamang ang mga "pagpapala" at iba pa. Ngayon, ang iniisip ko nga rito, sa Lumang Tipan, tumatayo noon ang saserdote bawat umaga at binabasa ang Mga Kasulatan. Nakikinig ang kongregasyon. Marami kasi ang hindi makabasa. Kaya ang sinabi niya rito, "Mapalad ang bumabasa, at ang nakikinig." Kita n'yo? Ang nagbabasa at ang nakikinig; ang nagbabasa, at nakikinig, ay mapalad. Kaya kung mauupo lang kayo at pakikinggan ito, mapalad kayo. "Mapalad ang nagbabasa, at ang nakikinig, dahil ang panahon ay malapit na."

157 Ngayon, mula mula 4 hanggang 6 ay isang pagbati sa Iglesya. Ngayon nais nating talakayin ang ika-4 at ika-6.

158 Ngayon, bago natin tutukan ito, nais kong ang bawat isa'y sikapin na bulayin itong maigi ngayon. Ano ba Ito ngayon? Ito'y ang kapahayagan ukol kay Jesus Cristo, kung saan inalis ng Diyos ang tabing ng panahon. *Heto* ang panahon, na hindi nakikita ni Jesus noong narito pa Siya noon sa lupa, ang kapanahunan ng iglesya, kung ano ang magaganap. Kaya, inalis ng Diyos ang tabing, hinila 'yun, at ibinunsod si Juan na sumilip at para makita niya kung anong gagawin ng bawat kapanahunan ng iglesya, at sinulat niya 'yun sa isang aklat at ipinadala 'yun sa pitong iglesya.

159 Ano 'yun? Si Cristo na nahahayag sa mga araw ng Kanyang—Kanyang pagkilos. Ito'y lubos na pagkilos, ang Aklat nga. At ito'y isang—isang propetikong Aklat na ibinigay ni Cristo, ibinigay sa atin ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang anghel, na sinulat ni Juan. At isang pagpapala sa lahat ng babasa Nito o makakapakinig Dito na binabasa, dahil ang—dahil ang panahon ay nalalapit na kung kailan ito matutupad lahat.

160 Ang ganda nga ng pambungad na ito. At alalahanin n'yo, ilagay lang natin lagi sa isip ang Iglesya. Sa kabilang dulo na ito, ang Iglesya't nagpasimula; doon naman sa kabilang dulo, ang iglesya'y nagtapos. Tatalakayin pa natin 'yan nang maigi, sa Lunes ng gabi, kapag dumako na tayo sa mga kapanahunan ng iglesya.

*Si Juan sa pitong iglesia na nasa Asia: Biyaya ang sumainyo nawa, at kapayapaang mula doon sa kaniya*

*na ngayon,. . .nang nakaraan, at darating; at mula sa pitong Espiritu na nasa harapan* ng *luklukan.*

161 Ngayon dumadako na tayo sa mahiwaga't malalalim na bahagi ng mga simbolo. Ito'y inukol sa pitong iglesya na nasa Asya Menor. Sila'y may—sila'y may. . . Ang mga—ang naturang mga kapanahunan, noong panahon na 'yun, ay mangyayari pa lang sa hinaharap. At kanyang dinakila sila at—at pinuri sila dahil sa kanilang gawa at dahil sa bagay na nagawa nila. Pero, ngayon, ito'y inukol sa kanila na mga kaiglesyahan, sa pitong iglesya na nasa Asya Menor.

162 Ngayon, ang Asya Menor ay hindi ang buong Asya, na kontinente ng Asya. Maliit na bahagi lamang ito. Yung sakop lang nito'y, isang dako na kasing laki lang ng estado ng Pennsylvania, kita n'yo, o parang ganoon, o Indiana; maliit na lugar lang kung saan naroon nakapuwesto ang pitong iglesya. Kung tutuusin marami pang ibang mga kaiglesyahan noong panahon na 'yun. At, pero, ito yaong naghahayag nung katangian. Ngayon binabasa ko po rito 'yung nakuha ko mula sa pagbabasa ko mula sa kasaysayan nito.

163 "At siya na. . . Masumpa siya na nakikinig at, o, at hindi nakikinig Dito."

164 At—at ngayon, dumating nga sa panahon nitong ika-4 na talata na nais nating magpaliwanag ng isang bagay rito. "Mula doon sa Kanya sa siyang nakaraan, at siyang ngayon, at ang darating, at may pitong Espiritu; mula sa pitong Espiritu na naroon sa Kanyang luklukan." Ngayon, "Ang mga Espiritu," dadako tayo riyan maya-maya.

165 Ngayon, dito'y inilalahad nito, kung mapapansin n'yo roon—roon. Maging sa ika-7 talata, o ika-8 talata, dumating Siya muli at nagsabi, muling naglalahad. Ngayon masdan. Ang pitong iglesya'y inukulan. "Mula sa kanya na siyang ngayon, ang nakaraan, at ang darating. Na siyang nakaraan, isang panahon noon; na siyang ngayon; at ang darating." Ngayon, inilahad Niya rito ang Kanyang tatlong-lupi, ang Kanyang tatlong-lupi ng paghahayag ng Kanyang gawa.

166 Ngayon kung kukunin n'yo ang ika-8 talata. Dadako tayo riyan, maya-maya. Kunin natin ang ika-8 talata.

*Ako ang Alpha at ang Omega, ang pasimula at ang* wakas, *sabi ng Panginoon, na siyang ngayon,. . .ang nakaraan, at ang darating, ang Makapangyarihan sa lahat.*

167 Ngayon silipin lang natin nang sabay itong ika-4 at ika-6 na talata, ang dalawang ito'y parehas lang. Sa isa, ang sabi Niya, "Sa Kanya na siyang nakaraan, na siyang ngayon, ang darating." Ano ba ang sinisikap Niyang ilatag sa harap ng Iglesya? Ang Kanyang pagka-Diyos. Ngayon, ginagawa lamang Siya ng mga tao na isang—isang propeta. Higit pa Siya sa pagiging propeta.

At sinusubukan ng mga tao na gawin Siyang tatlong Diyos. Hindi Siya tatlong Diyos. Siya'y isang Diyos na nananahan sa tatlong katungkulan, tatlong kahayagan ng siya ring Diyos.

168 Ngayon, alalahanin n'yo, ito ang Kapahayagan, "At sinuman na nakikinig dito at hindi tinutupad ang mga sinasabi ng aklat na ito, ang kanyang bahagi ay aalisin mula sa aklat ng buhay." Hindi inihahayag ni Jesus ang Kanyang Sarili na tatlong Diyos, kundi isang Diyos at tatlong katungkulan. Oh! Magiging hitik nga ito maya-maya, kapag dumako na tayo sa mga kapanahunan na 'yun ng iglesya at makita natin kung saan nila naiwaglit 'yun. Nagdulot 'yun ng malaking pagkakahati sa Konseho ng Nicea. Kapwa sila napadpad sa kalabisan.

169 At ganoon din ang ginawa nila sa huling mga araw na ito uli, kagaya noon bago ang Konseho sa Nicea muli, dahil magkakaroon ng isa na naman. Kung gaano ngang katiyak na nakatayo ako rito, ang mga iglesyang Katoliko't Protestante'y ipagkakaisa ang isang bagay na maglakip, o magkasundo sa isa't isa. Tingnan n'yo po ang arsobispo ng Canterbury na naroon ngayon. Ang lahat ng 'yun ay papunta na sa pagkakaisa. At walang tatluhang Diyos na itinuturo sa Biblia. Isa lang ang Diyos.

170 At nahayag ito rito sa Aklat ng Apocalipsis, para ang buong kanon ng mga Kasulatan ay mapatunayan dito, at inilagay ni Cristo ang Kanyang tatak doon. Ito nga Ito. Kung mayroon mang mag-aalis o magdadagdag, siya nga'y aalisin mula sa Aklat ng Buhay, siya. Kaya huwag n'yong tunguhin ito nang pansarili, tunguhin n'yo ito na bukas ang puso at bukas ang pag-iisip.

171 Ngayon, doon sa Konseho ng Nicea, dumating sila sa dalawang malalaking desisyon. Doon sa . . . Oh, marami sa kanila sa araw na 'yun ng mga magulang ng sinaunang iglesya, nagkaroon ng dalawang magkaibang-magkaibang lihis na pananaw. Ang isa sa kanila'y ang tatluhang Diyos, ang trinitarian. At ang isa naman ay ang—ang isang Diyos. At kapwa sila umiral at tumugaygay sa dalawang diretsong sanga, diretsong *paganyan*. Yung trinity ay humantong sa dako na tatlong-diyos na persona. Yung oneness ay naging unitarian, napalayo nang husto gaya nung isa pa. Kaya kapwa sila napunta sa kalabisan, pero ito mismo *Rito* ang pagkahayag ng Katotohanan.

172 Si Jesus ay hindi maaaring maging sarili Niyang Ama. Hindi rin maaari, kung Siya'y may ama liban sa Espiritu Santo, dahil kung ganoon siya'y ilehitimong anak. At hindi . . . Ipinanganak Siya ng Espiritu Santo, at sinabi Niya na ang Diyos ang Kanyang Ama. Kaya ang Espiritu Santo at ang Diyos . . . Yan po'y nasa Mateo 1:18. Kung . . . Ang Espiritu Santo at Diyos ay siguradong siya ring Persona, dahil kung hindi ay dalawa ang kanyang tatay. At tinawag Siya na *Emmanuel*, na ibig sabihin, "Ang Diyos ay

kasama natin." Sinabi Niya, noong nandito Siya sa lupa, na Siya at ang Ama ay Iisa.

173 Naisulat ko lahat ng Mga Kasulatan dito para mahanap n'yo, kung mayroon tayo ritong—ritong tanong, o kung ano.

174 Ngayon, noong mahayag Siya rito, bilang tatlong-lupi na katungkulan ng pagiging Siya, "Siya noon, Siya sa kasalukuyan, Siya na parating, ang Makapangyarihan sa lahat," ngayon, wala ngang tatlong Diyos diyan; isa lang ang Diyos.

175 At sa Konseho ng Nicea, para maisagawa ito, para mapagpasyahan ito, kailangan nilang piliin ang trinity, dahil sa daigdig ng Romano marami silang diyus-diyosan. Nananalangin sila sa patay na nilang mga ninuno. Nailista ko rito ang kasaysayan kung saan puwede nating sipiin ito. Kita n'yo? Nananalangin sila sa kanilang patay na mga ninuno. Yan ang dahilan kung bakit may Santa Cecelia sila, at San Marcus, at santo, santo, santo, santo, santo, santo.

176 Gayong, ang sabi ni Apostol Pedro, "Walang ibang tagapamagitan sa Diyos at sa tao, kundi ang Taong si Cristo Jesus." Isa lang.

177 Kinailangan nilang magkaroon ng trinidad na diyos. Anupa't, mayroon silang—mayroon silang Jupiter, Mars, Venus. "At mukhang di naman yata tama, na ilalagay ang lahat ng 'yun sa iisang Diyos," kaya ang ginawa nila'y hinati nila 'yun, at ang tatlong-luping katungkulan ng Diyos ay ginawang tatlong iba't ibang mga Diyos.

178 Pero maliwanag Niyang sinasabi rito, sa Apocalipsis, kung Sino Siya. "Ako Siya noon, Siya ngayon, at Siya na darating, ang Makapangyarihan sa lahat." Dadako tayo rito maya-maya, ang sabi Niya, "Ako ang Alpha at Omega," A hanggang Z, ang kabuoan, nung Griyegong alpabeto. "Ang Lila ng Libis, ang Rosa ng Saron; ang Ama, Anak, Espiritu Santo; Siya noon, sa kasalukuyan, at ang parating; ang Ugat at Supling ni David." Siya ay Diyos, ang mismong Diyos. "Wal-. . . " Unang Timoteo 3:16, "Walang pagtatalo, dakila ang hiwaga ng kabanalan: dahil ang Diyos ay nahayag sa laman, nakita ng Mga Anghel, sinampalatayanan sa sanlibutan, tinanggap sa itaas sa Kaluwalhatian." Diyos mismo! Hindi ikatlong persona o isang propeta, bagkus ang Diyos Mismo, na nahayag sa anyo ng tao. Ngayon, ito'y isang kapahayagan, tandaan n'yo.

179 Ngayon, ang Diyos, sa pasimula, ay ang dakilang Jehovah na nanahan sa isang haliging Apoy, na nakapailanlang sa ibabaw ng Israel, at pinangunahan sila. Yun ang Diyos, ang Anghel ng Tipan. Bumaba sa bundok; na ang buong bundok ay nilukuban ng Apoy. Tumatalsik ang Apoy mula sa bundok, at isinulat ang Sampung Utos. Tinawag Siyang "ang pagka-Ama ng Diyos," ng Kanyang mga anak, ng Kanyang piniling lipi ng mga tao, ang mga Judio.

180 Pagkatapos ang siya ring Diyos na ’yun ay nahayag sa isang ipinanganak-ng-birhen na katawan na Kanyang nilikha sa mga sinapupunan ni Maria, at pinanahanan at tinabernakuluhan at iniladlad ang Kanyang tolda, kung papaano nga ’yun, sa piling ng mga tao. At ang siya ring Diyos ay nagsalaman at nanahan sa kalagitnaan natin. Yan mismo ang sinabi ng Biblia. “Ang Diyos ay nakay Cristo.” Ang katawan ay si Jesus. Si Jesus, “Sa Kanya’y nananahan ang buong kapuspusan ng pagka-Diyos sa kahayagan sa laman.” Hindi n’yo talaga Siya mapagiging tatlong persona, ngayon. Huwag kayong magbautismo sa tatlong Diyos. Nag-iisa lang ang Diyos. Kita n’yo? Isang Diyos. Ngayon, ang siya ring Diyos na ’yun ay nagsalaman.

Sabi Niya, “Ako’y nagbuhat sa Diyos, at tutungo sa Diyos.”

181 Matapos na mawala Siya sa lupa, dahil sa Kanyang kamatayan, pagkalibing, at pagkabuhay na mag-uli, at pag-akyat, nakatagpo Siya ni Pablo sa daan papuntang Damasco, noong si Pablo’y ang tawag pa sa kanya’y “Saulo.” At may dumating na Tinig, at ang sabi, “Saulo, Saulo, bakit Mo ako inuusig?”

Sabi niya, “Sino Ka po?”

Sabi Niya, “Ako si Jesus.”

182 At Siya’y isang Haliging Apoy, isang Liwanag na bumulag sa mga mata ng naturang alagad. Bumalik na Siya. Ang siya ring Jesus ay bumalik sa Diyos, ang Ama, muli. Yan ang dahilan kung bakit nasabi Niya rito, “Ako ang Makapangyarihan sa lahat,” sa siya ring anyo Niya noon bago Siya naging laman; at ang katawan Niya na Kanyang pinanahanan, na tinawag na Jesus, ang Tao na nakikilala natin, na si Jesus.

183 Ngayon, gaya ng marami sa inyo na mga minamahal na mga oneness ang nagbabautismo, “Sa Pangalan ni Jesus,” mali po kayo. Daan-daan ang mga Jesus sa buong mundo ngayon, pero nag-iisa lang ang Panginoong Jesus Cristo. Ipinanganak Siya na isang Cristo. Maraming mga Jesus. Marami na akong nakatagpo. Pero nag-iisa lang ang Panginoong Jesus Cristo, Siya ay Diyos.

184 At ang Ama, Anak, at Espiritu Santo’y hindi *mga pangalan*. Ang mga ito’y mga titulo na may isang Pangalan. Nagbabautismo sila, “Sa pangalan ng ‘Ama, Anak, Espiritu Santo.’” Ang *Ama* ay hindi pangalan, at ang *Anak* ay hindi pangalan, at ang *Espiritu Santo* ay hindi isang pangalan. Ito’y titulo, tulad ng “tao.” Yun nga ’yun, Espiritu Santo. Isang tao . . . O, isang espiritu, Espiritu Santo. Tapos ang sabi, “Sa pangalan ng ‘Ama.’” Tingnan n’yo ang mga ama, at ang mga anak ng inyong anak. Tingnan n’yo ang mga tao rito. Kita n’yo? Ang “Ama, Anak, at Espiritu Santo” ay hindi isang pangalan. Isa ’yung titulo na tumutugaygay sa Pangalan ng “Panginoong Jesus Cristo.”

185 Sa ganoong paraan nagbautismo ang apostolikong Iglesya, sa simula. At hinihingi ko nga sa kung sinuman na maglabas ng isang teksto ng Kasulatan, o isang beses man sa kasaysayan, na may isang tao na nabautismuhan sa Iglesyang Cristiano sa anupamang ibang paraan kaysa sa . . . kundi sa Pangalan ni "Jesus Cristo" hanggang sa mabuo ang iglesyang Katoliko. At kinuha nila ang "Ama, Anak, at Espiritu Santo" para gawing kredo. Ngayon ilabas n'yo ang inyong kasaysayan, ilan, na mga mananalaysay ng kasaysayan. Oo. Walang ganoong bagay. Pagkatapos ng 304 A.D., 304, dumating ang trinidad na pagbabautismo para sa isang trinidad na Diyos, "Diyos Ama, Diyos Anak, Diyos Espiritu Santo." Paganismo 'yan.

186 Bago matapos ang sanlinggong ito, babasa ako mula sa mga libro at ipakikita sa inyo sa Biblia. Pinag-uusapan natin sa umagang ito ang Apocalipsis, at pinatutunayan kung saan 'yun nakapasok, at paano 'yun nagsimulang umiral. Bumalik ka sa Katotohanan, kapatid! Nasa huling araw na tayo.

187 Hintayin n'yo lang na makadako tayo sa iglesya ng Efeso na 'yan at ititipo 'yun sa Laodicea, at tingnan kung anong nangyari sa pagitan ng mga ito. Makikita n'yo kung papaanong nakapasok 'yun. Pagdating dun sa kapanahunan ni Luther, ang sabi, "May pangalan ka na ikaw ay 'nabubuhay,' pero ikaw ay patay." Ang mismong ibig sabihin ng salitang *Sardis* ay "patay." Naiwaglit nila 'yun noong labing-limang daang taon ng Madidilim na Kapanahunan. Bawat isa sa kanila na mga kaiglesyaha'y iniingatan 'yun hanggang sumapit ang panahon na 'yun. Mangyari nga na noong magkaroon sila ng Konseho sa Nicea noong 606, haya't inalis nila ang Pangalan na 'yun at gumawa ng tatlong Diyos mula Rito.

188 Ang sinabi Niya rito, "Ako Siya noon, Siya sa kasalukuyan, at ang darating, ang Makapangyarihan sa lahat." Tunay.

189 Siya'y may tatlong-lupi ng pagka-Siya sa lupa. Noong narito Siya sa lupa, Siya'y tatlong-lupi ng pagka-Siya. Sa lupa, Siya'y isang Propeta. Siya naman sa Langit, ay isang Saserdote. At sa pagbalik Niya muli sa lupa, Siya'y magiging isang Hari. Propeta, Saserdote, at Hari. Siya noon, ang ngayon, at ang parating. "Siya noon," ay si Jesus, isang propeta. "Siya sa ngayon," ay isang Saserdote, na naghahandog ng espirituwal na mga hain, isang Saserdote na nahihipo't nahahabag sa ating mga kahinaan, at inilantad ang Kanyang Sarili at pinatunayan na Siya'y nasa kalagitnaan natin. Propeta, Saserdote, at Hari, pero Iisang Diyos.

190 Noong nandito Siya sa lupa, Siya'y isang Propeta, ang Salita. "Saksing tapat," ang tawag sa Kanya ng Biblia, pagkatapos nun. Ang isang saksing tapat, ay ang propeta. Siya'y Saserdote, at noong . . . Siya'y Saserdote ngayon, at sa Kanyang pagbalik, Siya'y magiging Hari.

191 Kung dadako kayo riyan, babasahin n'yo ang Apocalipsis 15:3, makikita n'yo sa Apocalipsis 15:3. Sige't bumuklat tayo at tingnan kung ano ang Kanyang. . .kung Siya'y magiging Hari ba, kung Siya ba'y Hari sa Kanyang pagdating. Ngayon dadako tayo sa Apocalipsis, sa ika-15 kabanata at sa—sa ika-3 talata.

> *At* inaawit *nila* ang isang *awit ni Moises na alipin ng Dios, at ang awit ng Cordero, na sinasabi, Mga dakila at kagilagilalas ang iyong mga gawa, oh Panginoong Dios na Makapangyarihan sa lahat; matuwid at tunay ang iyong mga daan, ikaw na Hari ng mga banal.*

192 Ano ba Siya noon sa lupa? Propeta. Papaano napagkilanlan ng mga tao na Siya'y isang Propeta? Ginawa Niya ang tanda ng Mesiyas, na isang Propeta. Oh, purihin ang Pangalan ng Panginoon! Papaanong napalampas nila Siya? Dahil iba ang hinahanap nila. At ginawa Niya ang tanda ng Mesiyas, at hindi naman sila nakinig dito. Siya'y isang Propeta.

193 Ang sabi ni Moises, "Ang Panginoon ninyong Diyos ay magbabangon ng isang Propeta na tulad ko. Darating ang panahon na kung hindi sila makikinig sa Propetang ito, sila'y ihihiwalay nang lubos mula sa gitna ng bayan."

194 Siya'y isang Propeta noon dito sa lupa, ngayon, dahil ano ba Siya noon? "Ang saksing tapat ng Salita ng Diyos." Amen. Siya'y ang Salita ng Diyos na nahayag.

195 San Juan, unang kabanata.

> *Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos.*
>
> *At nagkatawang-tao ang Salita, at tumahan sa gitna natin,. . .*

196 Siya'y totoo't tapat na saksi sa Walang Hanggang Salita ng Diyos. Siya ang Salita, ang Salita ng Diyos. At, sa pagiging ang Salita, Siya'y isang Propeta. Dahil ang Salita ng Diyos ay dumadaloy sa Kanya. Kanyang sasalitain lamang ang Bagay na 'yun. "Wala Akong magagawa sa ganang Sarili Ko, kundi ang ipakita sa Akin ng Ama na gawin. Hindi Ako ang gumagawa ng mga gawa. Kundi ang Ama na nananahan sa Akin, Siya ang gumagawa ng mga gawa. Ako at ang Aking Ama ay Iisa. Ang Aking Ama ay nasa Akin," sabi ni Jesus, ang Tao, ang Tabernakulo.

197 Maraming titulo ang Diyos: Jehovah, Jehovah-Jireh, -Rapha, -Manasseh. Oh, marami! Mayroon nga Siyang pitong tambalang, pangalan ng pagtutubos. Marami Siyang mga titulo: Rosa ng Saron, Lila ng Libis, Tala sa Umaga; Ama, Anak, Espiritu Santo. Lahat ng 'yun. Pero may isa Siyang pantaong Pangalan. Isa lang ang Pangalan ng Diyos, at 'yun ay "ang Panginoong Jesus Cristo."

198 Noong Siya'y ipanganak, si Cristo, ang Panginoon. Walong araw ang makalipas, tinawag ng Espiritu Santo ang Kanyang Pangalan na "Jesus." Pinatuli Siya ng Kanyang nanay, at tinawag Siyang "Jesus." Ipinanganak Siyang Cristo.

199 Katulad ng, ipinanganak akong isang Branham. Isa na akong Branham noong ipanganak ako, at ang ibinigay na pangalan sa akin ay "William."

200 Amen. At ipinanganak Siya na Cristo, ang Tagapagligtas. At noong Siya'y walong araw na gulang, ibinigay sa Kanya ang Pangalan na "Jesus." At Siya ang Panginoon ng Kaluwalhatian, na nahayag. Kaya, Siya ang Panginoong Jesus Cristo, ang Diyos ng Kaluwalhatian na nahayag sa kalagitnaan natin. Oh, hayan nga Siya!

201 Sa lupa, Siya'y ang Propeta. Sa Kaluwalhatian, Siya'y ang Saserdote. Sa pagdating Niya, Siya'y ang Hari. Oh! Gustung-gusto ko 'yun.

Propeta, "Tapat na saksi ng Salita."

Saserdote, "Na ang Sarili Niyang Dugo'y nasa harapan ng Diyos."

Hari, "Hari ng mga banal." Hindi hari ng sanlibutan, siyanga. Siya ang Hari ng mga banal. May mga makalupang hari na tayo na naghahari sa mga tao. Pero tayo'y may isang Hari, rin, at isang Kaharian. Yan ang dahilan kung bakit iba ang kilos natin.

202 Gaya ng sinabi ko di pa katagalan, tungkol sa aking asawa, papunta kami sa tindahan dito at nakakita kami ng isang himala, halos. Tag-init noon, may isang babae na naka-bestida. Tapos sabi ko, "Kakaibang bagay 'yun." Sabi ko, "Kung may kamera lang ako, lilitratuhan ko ang binibini." Kita n'yo? Dahil tayo. . . Yun ang unang babae na nakita namin na naka-palda, alam n'yo, nakadamit kung papaano ba dapat manamit ang isang binibini, lahat ng kababaihan.

203 Sabi ng maybahay ko, "Buweno, bakit, Billy, ganoon manamit ang mga tao natin, dahil ba tayo'y—tayo'y inutusan?"

204 Sabi ko, "Hindi natin tao. Kundi mga tao ng Diyos. Ang mga tao ng Diyos, ay kinakailangan ng kabanalan."

Sabi, "Buweno, hindi ba't nagsisimba rin naman sila?"

205 Sabi ko, "May isang binibini nga *roon*, na umaawit sa koro sa isang simbahan dito."

"Buweno, siyanga, bakit ganoon?"

206 Sabi ko, "Dahil hindi siya naturuan sa ganoon." Ganoon nga mismo.

207 Yun ang karnal na iglesya, tatalakay tayo riyan sa sanlinggong ito; espirituwal na Iglesya, iglesyang karnal. Inaanod na silang pabalik lahat sa nanay na iglesya, gaya

ng sinabi ng Biblia, sa Apocalipsis 17, na kanilang gagawin 'yun. Sila'y bumabalik na ngayon, lahat sila, ganoon ang inaakto, nag-oorganisa. "Buweno, kami'y *ganitong* . . . Kami'y nag-oorganisa. Kami'y *ganito* at kami'y *ganoon*." Hindi ganoon noon sa pasimula. Inaalis na ang lahat ng kapangyarihan mula sa iglesya at inilalagay sa isang obispo o isang papa. Ang Diyos ay nasa Kanyang Iglesya, nasa kalagitnaan ng Kanyang mga tao, na inihahayag ang Kanyang Sarili sa mga miyembro at sa lahat, ngayon. Pero sa panahon ngayon . . .

Sabi nung maybahay ko, "Buweno, hindi ba't mga Amerikano naman tayo?"

208 Sabi ko, "Hindi. Nakatira tayo rito, pero hindi tayo mga Amerikano. Tayo'y mga Cristiano. Ang Kaharian natin ay sa Kataasan."

209 At kung ang mga buhay natin ay galing Doon sa itaas, kung ganoon ay ganoon dapat tayo umakto. Dahil, galing tayo . . . Ang Buhay natin ay galing sa isang banal na Dako. Iba ang itsura nito. Iba ang pananamit nito. Ang mga kababaihan Doon ay may mahahabang buhok. At hindi sila naglalagay ng manikyur sa kanilang mukha. At—at hindi sila nagsusuot ng shorts. Ang suot nila—suot nila'y mga palda, at mahahabang balabal at mga damit. At mahahaba ang buhok nila, at lahat. Kaya ang—ang kalikasan nun, mula sa itaas Doon, ay umaaninag sa atin.

210 Ang mga kalalakihan ay hindi naninigarilyo, ngumunguya ng tabako, nagsisinungaling, nagnanakaw. Nanggaling, ang kanilang mga espiritu, nanggaling sa isang banal na Dako, na nagbubunsod sa kanila na kumilos nang banal, na kinikilala ang isa't isa bilang magkakapatid. Uh-huh. Ganoon nga.

211 Tayo'y sakop ng isang Kaharian, at mayroon tayong isang Hari. At Siya ang Hari ng mga banal. At ang salitang *banal* ay nanggaling sa salitang "mga pinaging banal." Kaya naman kapag ang isang tao'y pinaging banal, si Cristo, ang Espiritu Santo'y pumapasok sa puso at nagiging Hari sa ibabaw nila. Oh, ang ganda! Dapat na tumimo 'yan. Oh! Kapag ang binanal na sisidlan ng Diyos . . . si Cristo, ang Hari, ang Espiritu Santo'y, pumasok mismo. At Siya . . . ang isang Hari'y may lupaing sakop Niya. Amen. At ang iyong buong pagkatao'y pinaghaharian ng Hari ng mga banal. Isang Kaharian! Bawat kaharian sa lupa'y mauuga, wawasakin ng puwersang atomika. Pero ang sinasabi ng Biblia, "Tatanggap tayo ng isang Kaharian na hindi magagalaw." Amen. Hayun nga Siya, ang Hari ng mga banal.

212 Gusto kong pansinin n'yo ang mga simbolo ni Cristo, rin, sa Biblia at dito sa lupa. Dito sa lupa, Siya'y isang Propeta. Naniniwala ba kayo riyan? Ang isang Propeta'y ang Salita. Alam natin 'yan. Ang ibig sabihin ng salitang *propeta* ay "isang Makalangit na tagapagpaliwanag ng Salita." Ang Makalangit na Salita'y isinulat, at ang propeta ay may Makalangit na Espiritu

ng Diyos na nasa kanya. At, alam n'yo, ang propeta sa Lumang Tipan ay tinawag na "diyos." Ilan ang nakakaalam n'yan?

213 Sabi ni Jesus, "Kung ang tawag sa kanila'y mga diyos... Hindi ba't nasusulat sa inyong batas, sila ay...'Kayo ay mga diyos'? At kung tinawag nila sila na 'mga diyos,' sila na dinadatnan ng Salita ng Diyos, ang propeta, papaanong hahatulan ninyo Ako sa pagsabi Ko na Ako'y ang Anak ng Diyos?"

214 Dahil, siya'y tinawag na "diyos," dahil dala-dala niya sa kaibuturan niya ang Salita ng Diyos, ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Kaya naman, ang ibig sabihin ng salitang *propeta* ay, "ang kanyang—kanyang interpretasyon ay hindi dapat mahaluan." Kita n'yo? Kung ang Diyos...ang sabi Niya, "Kung mayroon sa kalagitnaan ninyo, na espirituwal, o isang propeta, Ako na Panginoon ay magsasalita sa kanya. Kapag ang bagay na sabihin niya'y mangyayari, kung ganoon ay pakinggan n'yo siya, dahil Ako'y sumasa kanya. Pero kung hindi 'yun mangyari, kung ganoon ay huwag n'yo siyang pakinggan; hindi Ko siya isinugo." Sa ganoong paraan n'yo nga malalaman ito. At pagkatapos, kita n'yo, ang Makalangit na Interpretasyon ng Salita ay kinakailangan na lumapat sa huling kapahayagan na ito sa iglesya.

215 Siya ay Diyos, ang Makapangyarihan sa lahat. Sa Lupa, Siya'y isang Propeta, na isang agila. Ilan ang nakakaalam na ang isang propeta'y itinuturing na isang agila?

216 Ang agila'y ang pinaka malakas na ibon na mayroon tayo, pinaka mapuwersa. Mayroon sa kanilang ang mga pakpak ay umaabot ang dipa ng labing-apat na talampakan, nang dulo sa dulo. Magagawa niyang magpailanlang at lumipad nang napaka taas na kung may ibang ibon na susubukang sundan siya, ang ibon na 'yun ay malalansag, malalagas ang mga balahibo niya't magkakadurog-durog siya. Dahil bakit? Iba ang pagkakayari sa agila. At ano ngang magiging pakinabang na magagawa niyang makalipad nang ganoong kataas kung hindi naman niya nakikita ang ginagawa niya habang naroon siya sa itaas? Nababanggit n'yo ang matang-lawin? Kinakailangan n'yong tumingin sa mata ng agila.

217 Ang isang lawin ay magagawa namang, makita marahil ang isang manok. Ganoon nga. Yan ang problema sa mga lawin sa panahon ngayon. Uh-huh. Pero, sinasabi ko sa inyo, kapag ang agila na ang pumailanlang, kung ang isang lawin ay susubukan siyang sundan, mamamatay ito. Hindi na siya makakahinga dun. Hindi niya kayang pumailanlang sa mga alapaap na 'yun gaya ng nagagawa ng agila.

218 At pagkatapos may mata ang agila, na nagagawa niyang makakita nang malayuan, kapag siya'y naroon sa taas. Yan ang dahilan kung bakit tinawag ng Diyos ang Kanyang *mga propeta*,

na "mga agila." Pumapailanlang siya roon, at siya'y isang agila. Nakakakita siya, nang ganoong kalayo.

219 At si Cristo, sa lupa, ay isang Agila. Noong mamatay Siya, Siya'y isang Saserdote, kaya 'yun ang nagpaging Cordero sa Kanya. Tama po ba? At sa pagdating Niya uli, Siya'y Hari, mangyari nga na Siya'y magiging isang Leon, amen, ang Leon ng lipi ni Juda. Amen. Siya'y isang Agila, isang Cordero, at isang Leon; amen; Ama, Anak, at Espiritu Santo; Propeta, Saserdote, at Hari; Siya noon, ang ngayon, at ang parating; ang Makapangyarihan sa lahat; Alpha at Omega, mula sa pasimula hanggang wakas, ang Diyos na Walang Hanggan.

220 Gusto kong tanungin kayo, ilan sa inyo na mga minamahal na Katoliko, na tinatawag n'yo 'yung, "Ang Walang Hanggang pagka-anak ng Diyos; Diyos, Walang Hanggang pagka-anak ni Jesus Cristo sa Diyos." Papaanong nasasabi n'yo ang salitang gaya nun? Ako'y mangmang lang, na ikapitong-gradong edukasyon lang ang naabot, pero mas mainam 'yung nalalaman ko kaysa roon. Ang salitang anak ay may pasimula nga. Kaya papaano Siya magiging Walang Hanggan at isang anak? Ang Walang Hanggan ay walang pasimula o wakas man. Kaya, hindi Siya maaaring maging isang anak, na isang Walang Hanggang anak, at pagkatapos may pasimula, dahil wala pong ganoong bagay na isang Walang Hanggang anak. Ang anak ay may pasimula, kaya hindi siya maaaring maging Walang Hanggan.

221 Kita n'yo, Siya'y Diyos na Walang Hanggan, hindi Walang Hanggang anak. Maluwalhati! Ang Makapangyarihan, Jehovah-Jireh, Jehovah-rapha, nahayag sa laman, "Sa Kanya'y nananahan ang buong kapuspusan ng pagka-Diyos sa kahayagan ayon sa laman."

222 At sa Araw na 'yun ng Pentecostes, noong ang Haliging Apoy ay bumaba sa mga tao, napansin n'yo ba, ibinaha-bahagi Nito ang Sarili Nito? At may mga dila ng Apoy na pumaibabaw sa bawat isa sa kanila. Apoy, na parang dila, na nakaibabaw sa bawat isa. Ano 'yung ginagawa roon ng Diyos? Ibinabaha-bahagi ang Kanyang Sarili sa Iglesya, sa pagitan ng bawat isa, nagkakaloob sa mga kababaihan, sa mga kalalakihan, at sa lahat sa kanila; 'yun nga'y mga bahagi ng Kanyang Espiritu, na binaha-bahagi ang Kanyang Sarili sa kalagitnaan ng Kanyang Iglesya.

223 Papaanong makalalapit ang isang tao't magsasabi, "Ang banal na tao'y ang papa. Ang banal na tao'y ang obispo"? Ang Banal na Tao'y si Cristo, ang Espiritu Santo na narito sa atin. Papaanong masasabi n'yo na ang miyembro'y walang maaaring sabihin na kung ano? Bawat isa sa inyo ay talagang may bagay na maaaring sabihin. Bawat isa sa inyo'y may gawain na dapat gawin. Bawat isa sa inyo'y kinakailangan na dalhin ang isang Mensahe. Maluwalhati!

224 Ibinaha-bahagi ng Espiritu Santo ang Sarili Nito noong Araw ng Pentecostes. Ang Diyos, na ibinaha-bahagi ang Kanyang Sarili. "Sa araw na yaon ay mapagkikilala ninyo na Ako'y sumasa Ama, ang Ama'y sumasa Akin; Ako'y sumasa inyo, at kayo'y sumasa Akin."

225 "Sa araw na yaon," ang Espiritu Santo, "sumasa ibabaw sa lahat, sumasa lahat, nasa lahat." Amen. Hayan nga ito. Ang Espiritu Santo'y may karapatan na kumilos saanman Niya nais, sa sinuman na Kanyang naisin. Hindi n'yo kailangang kunin ang anumang sabihin ng obispo o sabihin ng kung sinong pari. Siya'y ang tanging Saserdote natin, tama, isang Punong Saserdote. Ngayon: Propeta, Saserdote, at Hari.

226 Ngayon:

> *At . . . kay Jesus Cristo, na siyang saksing tapat, . . . panganay sa mga patay, . . .* (Dadako tayo riyan.) . . . *at pangulo ng mga hari sa lupa. Doon sa umiibig sa atin, at sa naghugas sa atin sa ating mga kasalanan sa pamamagitan ng kaniyang dugo,*

227 Yung salitang *naghugas* diyan, kung tutuusin, sa Griyego, ang ibig sabihin ay "*kalagan.*" Kinalagan Niya tayo mula sa ating . . . Tayo'y nakatali kasi sa lupa, dahil sa ating pagkakasala. Hindi tayo makakita, hindi makarinig, walang pagkaunawa patungkol sa Langit o kung ano. Pero noong ang Dugo'y bumaba, pinutol nun ang tali't nakawala tayo. Oh!

228 May nabasa akong kuwento isang beses, 'yun po'y . . . marahil lalapat 'yun nang mainam dito. Isang magsasaka ang nakahuli ng isang uwak at itinali niya ang uwak. At sabi niya, "Tuturuan ko ang ibang uwak ng leksyon." Kaya itinali niya 'yung kaawa-awang uwak, at tinalian sa paa, gamit ang isang tali, at 'yung kaawa-awang nilalang ay halos mamatay na sa gutom. Nanlupaypay ang uwak nang husto, hindi na siya halos makalakad-lakad.

229 Ganyan mismo, ang ilan sa mga organisasyon at mga kaiglesyahan, itinali ang mga tao. "Hindi maaari! Buweno, hanggang *dito* lang ang pinaka malayo na mararating n'yo. Ang mga araw ng himala'y lipas na." Siyanga. Kayo'y nakatali kasi. Ganoon mismo. "Walang ganyang bagay na sinasabing Espiritu Santo. Hindi na Siya nagsasalita sa iba't ibang wika gaya ng nagagawa Niya noon."

230 Siya ay Diyos. "Siya'y siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman," Mga Hebreo 13:8, na nabubuhay sa lahat ng mga kaiglesyahan. Dadako tayo riyan pagkatapos ng paglalatag ng pambungad sa umagang ito. Kita n'yo? Siya ay Diyos, na nabubuhay sa bawat kapanahunan ng iglesya. Mabubuhay Siya sa bawat kapanahunan ng iglesya, at mabubuhay sa Kanyang mga hirang hanggang . . . sa buong Walang Hanggan. Dahil

narito na sa atin ngayon, sa kaibuturan natin, ang Buhay na Walang Hanggan.

231 Kaya, tinalian siya nitong denominasyon na ito, kita n'yo, "Buweno, ang mga araw ng himala'y lipas na. Walang ganyang bagay na sinasabing Makalangit na pagpapagaling." Yung kaawa-awa't hamak na nilalang ay paika-ika doon hanggang sa sobra na siyang hina na hindi na siya halos makalakad.

232 At isang araw may isang mabait na lalaking napadaan, at sabi niya, "Naku, ang kaawa-awang hamak na uwak, naaawa ako sa kanya. Kung tutuusin, ninanakaw niya kasi 'yung mais nung magsasaka, pero 'yun lang ang paraan para mabuhay siya. Kinakailangan niyang kumain. Wala naman siyang alam na mas mainam na gawin, nagpupunta lang siya roon para magnakaw ng mais. Kaya kung . . . " Pagkatapos hinugot nung lalaki 'yung kanyang . . . at inilabas ang kanyang kutsilyo at pinakawalan ang kaawa-awang uwak.

233 At alam n'yo, heto ngang dumating ang ibang mga uwak, dumating doon, sabi, "Halika, Uwak na Johnny. Magpunta tayo sa Timog. Parating na ang malamig na klima."

234 Alam n'yo kung ano? Yung uwak na 'yun ay dadako roon hanggang dun lang sa layo na kaya niyang dakuan. Sabi niya, "Hindi ko kaya. Hindi na kasi, hindi na kasi ito para sa atin sa panahon na ito. Sadyang hindi natin—hindi natin kayang gawin ito mismo." Kita n'yo? Ganoon na lamang katagal ang pagkakatali sa kanya, na iniisip niya na nakatali pa rin siya. Kita n'yo?

235 At ganyan ang nangyayari sa maraming mga tao, natatali kayo sa mga kredo't mga denominasyon, mula sa matandang nanay na patotot doon, na sinasabi sa inyo, na, "Si Jesus Cristo'y hindi na tulad noon. At wala nang ganyang bagay gaya ng mga pagpapagaling. Wala nang bautismo ng Espiritu Santo. Wala nang ganyang mga bagay na gaya n'yan." Sinisikap na sabihin sa inyo ang mga bagay na 'yun. Masyadong matagal na kayong nakatali na akala n'yo ay nakatali pa rin kayo.

236 Ang mabuting Tao, si Cristo, ibinigay ang Kanyang Dugo nang sa gayon ay mahugasan Niya tayo at makalagan tayo mula sa ating pagkakasala. Ano ang kasalanan? Sige't hihilingin ko ang sinuman na sabihin sa akin. Ano ang kasalanan? Ang *kasalanan* ay "di-pagsampalataya." Tama. "Ang hindi sumasampalataya ay hinatulan na agad."

237 At 'yang kasalanan na 'yan ang tanging bagay na pumipigil sa inyo mula sa pagiging malaya. Mangyari nga na kinalagan na kayo ng Diyos mula sa inyong di-pananampalataya, pero kayo'y tali mismo ng mga kredo hanggang sa maisip n'yo na nakatali pa rin kayo. Sadya ngang mamamatay na sa gutom, kita n'yo, paika-ika na, "Presbyterian ako. Methodist ako. Baptist ako.

Sinasabi nila sa akin (Ako'y Church of Christ), 'Ang mga araw ng himala'y lipas na. Wala nang ganyang bagay.'"

238 Kayo na kaawa-awa't gutom na gutom na uwak! Bakit hindi kayo dumako sa umagang ito? Bakit hindi kayo lumipad na kumawala? Hallelujah! "Pumailanlang kayo sa mga pakpak ng umaga, at lumipad kayo patungo sa Araw ng Katuwiran, na may kagalingan sa Kanyang mga pakpak." Amen. Ganoon nga. Ganoon 'yun, kapatid na lalaki, kapatid na babae. Oh! "Ang kinalagan ng Anak, ay kinalagang malaya na mismo." Siyanga, po!

239 "Buweno, ang aking pastor kasi..." Walang kinalaman 'yan. Ang sabi ng Biblia, "Malaya na kayo." Ganoon 'yun. Malaya na kayo.

"Ang iglesya ko kasi..."

240 Buweno, kumawala kayo. "Hinugasan na tayo at kinalagan na mula sa ating mga denominasyon, sa Kanyang Sariling Dugo," at pinalaya tayo para makapagnilay tayo sa ating sarili, at makakilos sa ating sarili, at makapagsalita para sa ating sarili, at makaakto para sa ating sarili.

241 "Buweno, kung babaling ako sasabihin sa pastor na kailangan kong magpabautismo muli, baka siya'y..."

242 Papaano 'yung sinasabing, "Malaya na kayo"? Ito'y isang kapahayagan, alam n'yo. Buweno. Malaya na kayo.

243 Kung kayo po'y nawisikan lang nang singliit na taktakan ng asin na tulad *nito*, sa pangalan ng "Ama, Anak, at Espiritu Santo," heto po ang bautismuhang tubigan dito, na nakahanda sa umagang ito, na may tubig na. Kita n'yo? Siyanga, po. Hindi 'yun tama.

244 Mangyari nga, na hindi na kayo tali. Malaya na kayo, pero marahil hindi n'yo lang nalalaman. Pero hayaan n'yong sabihin ko sa inyo sa umagang ito, ang sabi ng Biblia, "Kinalagan Niya tayo mula sa ating mga kasalanan, mula sa ating di-pananampalataya, nang sa gayon ay matanggap natin ang Kapahayagan ni Jesus Cristo." Humayo kayo, na malaya na!... di n'yo kailangang panghawakan ang anumang sasabi-sabihin ng kung anong iglesya tungkol Dito. Panghawakan n'yo ang sinasabi ng Diyos tungkol Dito. Heto ang Kanyang Kapahayagan ng paghahayag kung Sino Siya.

245 "Sa tuwina'y ang paniniwala ko'y ang Diyos Ama'y may mahaba't, puting balbas, puting buhok; at 'yung Anak ay isang lalaki na katamtaman ang edad; at 'yung Espiritu Santo'y ang maskot." Kapatid, paganismo 'yan. Pagiging pagano 'yan kung naniniwala kayo na tatlo ang Diyos.

246 Ang pinaka unang Utos, ano ang unang Utos? "Pakinggan ninyo, Oh Israel: Ako ang PANGINOON ninyong Diyos, nag-iisang Diyos." Hayun nga.

247 Siya'y isang Diyos, hindi tatlong diyos. Nananahan Siya sa tatlong katungkulan, nagsisilbi sa tatlong puwesto. Siya'y Propeta, Saserdote, at Hari. Siya'y Agila, Cordero, at—at Leon. Siya'y ang Lila ng Libis, ang Rosa ng Saron, ang Lila ng Libis, at Tala sa Umaga, ang Ugat at Supling ni David. Siya'y mula A hanggang Z. Siya'y Ama, Anak, at Espiritu Santo. Siya'y ang lahat ng 'yun, pero Siya'y Isa. Siya'y isang Diyos. Yun po'y mga titulo Niya na kalakip Niya, pero isa lang ang Diyos.

248 Walang kahit sino, saanmang pahina ng Biblia o sa kasaysayan man, hanggang sa iglesyang Katoliko, ang nabautismuhan sa pamamagitan ng paglulubog sa pangalan ng "Ama, Anak, Espiritu Santo."

249 Kung may makita kayong pahina o anuman, ilista n'yo, ilapag n'yo 'yun dito sa akin, mamayang gabi, at lalakad ako palabas ng iglesyang ito, sasabihin ko, "Isa akong ipokrito; mali ang itinuro ko sa mga tao." Kung may maipapakita kayo na isang teksto man sa Kasulatan, o madadalhan n'yo ako ng isa mang kasaysayan, tunay na kasaysayan, na makapagpapakita sa akin na mayroon doong tao na nabautismuhan kailanman, sa Biblia, sa pangalan ng "Ama, Anak, Espiritu Santo." O, makapagdadala sa akin ng Kasu- . . . o, isang aklat man ng kasaysayan, isang pahina, isang sipi man sa kasaysayan, kung saan mayroong isa man na nabautismuhan sa pangalan ng "Ama, Anak, Espiritu Santo," hanggang sa sumapit ang Konsehong Nicea ng iglesyang Katoliko. Halikayo, dalhin 'yun sa akin; at maglalagay ako ng karatula sa likod ko at lalakad sa buong Jeffersonville, at kayo sa likod na nagbubusina, bumubusina. Ilalagay ko dun, "Isang bulaang propeta, inililigaw ang mga tao."

250 At, pastor, kung nandito po kayo sa umagang ito, gawin n'yo 'yun, ipagawa n'yo dapat 'yun sa akin. Kita n'yo? Halikayo, ipakita sa akin. Pero takot kayo.

251 Ngayon, ano 'yun? *Ito'y* ang Kapahayagan. Ito'y ang Kapahayagan. At ito ang Espiritu Santo, si Cristo, na ipinapadala ang Kanyang Mensahe sa mga kaiglesyahan. Pakinggan n'yo Ito. Pakinggan n'yo Ito. Yan mismo ang itinuturo ng Biblia.

252 Saan nga 'yun nakapasok? Kung hindi po kayo magagalit, sige't puntahan n'yo, sa loob ng sanlinggong ito, kunin n'yo—kunin n'yo 'yung tungkol sa Konsehong Nicea. Kunin n'yo 'yung *Two Babylons* ni Hislop. Kunin . . .

253 Ngayon, ang kasaysayan na isinulat ni Josephus ay ayos lang, pero isang talata lang ang isinulat niya tungkol kay Cristo, ang sabi, "May isang lalaki na nagngangalang Jesus na lumilibot-libot, pinagagaling ang mga tao. At—at namatay siya, o, hindi pala, pinatay siya ni Pilato, at—at, o ni Herodes, o pinapatay siya. At pagkatapos ang mga alagad ay pumuslit at ninakaw ang katawan niya, at itinago 'yun. At pagkatapos gabi-gabi

nagpupunta sila't humihiwa sila roon ng laman at kinakain 'yun." Sabi, "Sila'y mga kanibal." Mangyari, na sila nga ay nagsasalo roon sa komunyon, kita n'yo. Grabeng karnal na pag-iisip! Hindi nga dapat pakinggan si Josephus.

254 Pero kunin n'yo ang *Foxe's Book Of The Martyrs*. Yun po'y mainam na makatotohanan. *Foxe's Book Of Martyrs*, ilan po ang nakabasa na roon? Tunay. Ang *Early Ages* ni Pember, o—o ang *Two Babylons* ni Hislop, o—o kung ano pa na mainam na makatotohanan. O, 'yung—'yung pinaka bantog na mayroon tayo ay 'yung Konsehong Nicea, ang Konseho bago ang Nicea at 'yung Konsehong Nicea. At makikita n'yo roon, na walang nabanggit na anuman, walang mga persona.

255 Kunin n'yo ang Mga Banal na Kasulatan at tingnan n'yo kung mayroon man dun sa Biblia na nabautsimuhan kailanman, na ang ginamit ay 'yung mga titulo, na pangalan ng "Ama, Anak, at Espiritu Santo." Tatlong diyos ang pinakakahulugan nun. Para sa paganong seremonya 'yung ganoon. At ang Katolisismo'y wala nang iba sa mundo kundi isang—isang paganong anyo ng Cristianismo. At mula sa iglesyang Katoliko ay lumitaw si Martin Luther, John Wesley, ang Baptist, mga Presbyterian, at iba pa.

256 Pero sa huling mga araw mayroong pintuan na naroon sa gitna roon, na binuksan muli ang Katotohanan, na "Ganito ang sabi ng Biblia," at ang dakilang propeta na darating sa lupa sa huling mga araw. At naniniwala tayo na siya'y parating. Masdan. At siya'y magkakaroon ng isang Iglesya. Ngayon, titingnan natin ito.

257 Ngayon—ngayon, alalahanin n'yo, ito'y ang Kapahayagan. Hindi kayo maaaring mag-alis mula Rito. Ngayon, grabeng hamon nga! Maghanap kayo ng isang tao sa Biblia, isang dako man na nagbautismo sila ng sinuman sa pangalan ng "Ama, Anak, Espiritu Santo," o nagwisik man sa kahit sino, hanapin n'yo sa Biblia, na para sa ikapapatawad ng kanilang mga kasalanan. Hindi nila 'yun ginawa kailanman. At kahit sino, papaano man silang nabautismuhan, ay kinakailangang lumapit at mabautismuhan, nang panibago muli, sa Pangalan ni "Jesus Cristo," para matanggap ang Espiritu Santo.

258 Mga Gawa 19, "Tumahak si Pablo sa matataas na baybayin ng Efeso, nakasumpong ng naturang mga alagad." Sabi niya . . . Ang mga alagad, nagdadaos sila noon ng isang dakilang pagtitipon. Sumusunod sila sa isang lalaki na nagngangalang Apolos, na isang abogado na naakay; isang Baptist na naniniwala na kay Juan Bautista, at pinatutunayan sa pamamagitan ng Mga Kasulatan na si Jesus ay ang Cristo.

259 Tumahak doon si Pablo at nakita sina Aquila at Priscila, sa ika-18 kabanata ng Mga Gawa. At pagkatapos nagtungo siya para maghapunan, o kung ano, kasama sina Aquila at Priscila.

Nabanggit nila sa kanya ang tungkol sa dakilang lalaki na ito. Nagtungo sila para mapakinggan ang lalaki. Nakinig siya sa kanya nang buong gabi. Sabi niya, "Mainam ang lalaking ito. Napakainam nito. Mabuti ito. Pero," sabi, "natanggap n'yo na ba ang Espiritu Santo simula nang manampalataya kayo?"

260 Papaano rin kaya kayong mga kaawa-awang Baptist diyan sa likod, na naniniwala na natanggap n'yo na ang Espiritu Santo *noong* maniwala kayo?

Ang sinabi niya, "Natanggap n'yo na ba ang Espiritu Santo *simula* ng manampalataya kayo?"

May magsasabi, "Hindi naman 'yun ang nakasulat dun."

261 Hinahamon ko 'yan. Narito sa akin ang tunay na Griyego mismo rito, ang Hebreo, rin. Sinasabi ng Biblia sa Griyego, at kapwa, sa Hebreo, at maging sa Aramaic. Sa lahat ng tatlong ito, heto ang mga ito sa akin dito, na ang sabi, "Natanggap na ba ninyo ang Espiritu Santo *simula* nang manampalataya kayo?" Ganoon nga. "Natanggap na ba ninyo ang Espiritu Santo simula nang manampalataya kayo?"

262 Ngayon, ang sabi niya, "Hindi po namin alam na may Espiritu Santo pala."

Pagkatapos ang sabi niya, "Sa ano kayo nabautismuhan kung ganun?"

263 Ang sabi nila, "Nabautismuhan na kami nung lalaki na nagbautismo sa Panginoong Jesus Cristo. Nabautismuhan na kami sa bautismo ni Juan," sa siya ring lubluban na tubig, marahil, "nang siya ring lalaki."

264 Sabi ni Pablo, "Hindi na 'yan uubra. Nagbautismo siya ukol lamang sa pagsisisi, hindi para sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan."

265 Ngayon, ang ilan sa inyo na mga taga-Oneness ang humahayo at—at nagbabautismo nang ganoon, na mali. Nagbabautismo kayo nang ganoon, para sa kaligtasan. Hindi maliligtas ng tubig ang isang tao; ang Dugo nga, pagsisisi. Hindi sa pamamagitan ng pagbabautismo ukol sa pagbabagong-buhay. Hindi, po. Ang pagbabagong-buhay ay dumarating sa pamamagitan ng Espiritu. Ang pagpapabautismo'y isang—isang panlabas na pagpapakita ng panloob na gawa ng pagbabagong-buhay na nangyayari na. Kita n'yo? Buweno. Pansinin.

266 Ang sabi niya, "Natanggap n'yo na ba ang Espiritu Santo simula nang manampalataya kayo?" Sabi nila . . .

Sabi niya, "Hindi nga po namin alam na mayroon palang Espiritu Santo."

Sabi niya, "Paano ba kayo binautismuhan?"

Sabi, "Nabautismuhan kami kay Juan."

267 Sabi niya, "Tunay na nagbautismo si Juan ukol sa pagsisisi, ukol sa pagsisisi, na sinasabi na 'dapat kayong manampalataya sa Kanya,' ang Cordero, ang Hain na parating, sa Panginoong Jesus Cristo." At nung marinig nila ito, nagpabautismo sila muli sa Pangalan ni Jesus Cristo. At ipinatong ni Pablo ang kanyang mga kamay sa kanila at tinanggap nila ang Espiritu Santo, at nagsalita sa iba't ibang wika't nagpropesiya.

268 Sabihin n'yo sa akin kung hindi ba't ang Kasulatan 'yan, at ipakita n'yo sa akin saanman, na mayroon doong nagbautismo sa ibang paraan sa Bagong Tipan maliban sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo. Ipakita n'yo sa akin.

269 Sina San Agabo at marami pa, may ilan pa, na nabautismuhan pa hanggang sa dumating ang panahon ng—ng—ng Konsehong Nicea, at ang bawat isa nga sa kanila'y nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo. Sinaka ng mga misyunero ang mga dako ng pagmimisyon sa Pangalan ni Jesus Cristo.

270 Pero noong dumating ang Konsehong Nicea, kailangan kasi na tatlo ang kanilang diyos. Inalis nila si Pablo. . . o inalis si Jupiter, at ginawang Pablo. Inalis nila si Venus, at ginawang Maria. Marami kasi sila na lahat na ng uri ng mga diyus-diyosan, lahat na ng uri ng mga santo at lahat na iba pa, at gumawa ng trinidad na pagbabautismo at pinakain 'yun sa mga Protestante. At kanila namang nilulon 'yun.

271 Pero dumating na ngayon ang mga Liwanag sa gabi. Ang sabi ng propeta, "Magliliwanag sa oras ng gabi."

> Magliliwanag—Magliliwanag sa oras ng gabi,
> Ang daan tungo sa Kaluwalhatian ay iyong tiyak masusumpungan;
> Dito sa daang tubigan, na siyang Liwanag ng kapanahunan,
> Inilibing sa pinakamamahal na Pangalan ni Jesus.
> Kaya mga bata't matanda, mangagsisi kayo sa pagkakasala,
> Tiyak na paparito lulukob ang Espiritu Santo;
> Heto na ang Liwanag sa gabing magdamag,
> Di maikakaila ang totoo na Iisa ang Diyos at si Cristo.

272 Sinasampalatayanan n'yo ba Ito? Ang sabi ni Pedro, noong Araw ng Pentecostes, "Pakatalastasin nga, ninyo, na buong angkan ni Israel, na ginawa ng Diyos ang siya ring Jesus na ito, Na inyong ipinako sa krus, na pawang Panginoon at Cristo;" ika-16 na talata ng ika-2 kabanata. Oo. "Ginawa ng Diyos ang siya ring Jesus na ito, Na inyong ipinako sa krus, na kapwa Panginoon at Cristo. Pakatalastasin nga mismo ng buong angkan ni Israel, nang may katiyakan."

273 May nakausap akong Judio hindi pa katagalan, dito sa may House of David, ang sabi niya, "Kayo na mga Gentil hindi n'yo puwedeng hatiin ang Diyos sa tatlong baha-bahagi at iprepresenta n'yo Siya sa isang Judio. Mas maalam kami tungkol diyan."

274 Sabi ko, "Ganoon naman talaga, Rabi. Hindi po namin hinahati-hati ang Diyos sa tatlong bahagi." Sabi ko, "Naniniwala ka ba sa mga propeta?"

Sabi niya, "Oo naman."

Sabi ko, "Naniniwala ka ba sa Isaias 9:6?"

Sabi niya, "Oo."

Sabi ko, "Sino ang pinatutungkulan ng propeta dun?"

"Ang Mesiyas."

Sabi ko, "Anong magiging kaugnayan ng Mesiyas sa Diyos?"

Sabi niya, "Siya'y magiging Diyos."

Sabi ko, "Tama po." Amen.

Kita n'yo, hayan nga. Kita n'yo, hindi n'yo Siya maaaring hati-hatiin sa tatlong bahagi.

275 Kung kayo na mga misyunero rito. . . May isa sa kanila na hahayo roon sa mga Judio, naniniwala ako, na ang lalaking ito na nakaupo *rito*. Huwag na huwag n'yong tatangkain na ibigay sa mga Judio ang "Ama, Anak, at Espiritu Santo." Sasabihin niya sa inyo agad-agad, na alam niya kung saan 'yan nanggaling, "Sa Konsehong Nicea." Hindi niya pakikinggan 'yan. Pero hayaan n'yong makita niya kung saan ang Diyos na 'yun ay nagsalaman, at Siya lang ang nag-iisang Diyos na mayroon. Ang Diyos, nagsalaman sa anyo ng tao at nabuhay sa kalagitnaan natin, para papaging banalin tayo; umalis, para Siya Mismo'y bumalik sa anyo ng Espiritu Santo. Ang Diyos, ang Ama, Espiritu Santo, ay siya ring Persona.

276 Ang sabi ng Biblia sa—sa talaan ng lahi ni Jesus Cristo, sa unang kabanata ng Mateo, ang sabi Dun, "Naging anak ni Abraham si Isaac. Naging anak ni Isaac si Jacob." At tuluy-tuloy, sabi, at pagkatapos sa may. . . Sige't babasahin ko ito, at nang sa gayon malalaman n'yo kung anong sinasabi ko. Mateo, sa unang kabanata. At ating. . . Ngayon simulan natin sa ika-18 talata.

> *Ngayon ang pagkapanganak nga kay Jesus Cristo ay ganito: Nang. . . si Maria na kaniyang ina ay magaasawa kay Jose, bago sila magsama, ay nasumpungang siya'y nagdadalang-tao sa pamamagitan ng. . .*

277 "'Diyos Ama ba'"? Ganoon ba ang pagkabasa roon? [Sinasabi ng kongregasyon, "Hindi."—Pat.] Nasumpungan na nagdadalang-tao ng Anak sa pamamagitan Nino? ["'Ng Espiritu Santo.'"] Ng. . . [Blangkong bahagi sa teyp.] Akala ko ba ang Diyos Ama ang Kanyang Ama? Kung ganoon, ang Diyos, ang

Ama at ang Espiritu Santo, ay ang siya ring Espiritu, o kung hindi'y dalawa ang Kanyang Ama.

> *At si Jose na kaniyang asawa, palibhasa'y lalaking matuwid, . . . at* ayaw *na ihayag sa madla ang kaniyang kapurihan, ay nagpasiyang . . . hiwalayan siya ng lihim.*
>
> *Datapuwa't samantalang pinagiisip niya ito, narito, ang isang anghel ng Panginoon ay nagpakita* sa *kaniya sa panaginip, na nagsasabi, Jose, anak ni David, huwag kang mangamba . . . sa pagtanggap kay Maria na iyong asawa: sapagka't ang kaniyang dinadalang-tao ay sa . . .*

278 "'Diyos Ama ba'"? Huh? [Sinasabi ng kongregasyon, "Hindi. 'Sa Espiritu Santo.'"—Pat.] "Sa Espiritu Santo." Kung ganoon Sino ang Ama ni Jesus Cristo? ["Ang Espiritu Santo."] Ang Espiritu Santo. Ano Yaon na nasa inyo? ["Ang Espiritu Santo."] Buweno, ang Diyos 'yun, ang Ama, rin. Hindi nga ba Ito? Tunay.

> *At siya'y manganganak ng isang lalake, at ang pangalang* itatawag *mo sa kaniya'y JESUS: . . .*

279 *Heto* ang Diyos Ama, *heto* ang Diyos Espiritu Santo, at *heto* ang Diyos Anak, kita n'yo, tatlong Diyos 'yan. Hindi ganyan ang pagkakasabi ng Biblia. Itong dalawang ito'y kinakailangan na iisa, o kung hindi'y dalawa ang ama Niya. Kita n'yo? Hindi Siya maaaring magkaroon ng dalawang ama. Alam n'yo 'yan.

> Ngayon, *siya'y manganganak ng isang lalake, at ang pangalang* itatawag *ninyo sa kaniya'y JESUS: sapagka't ililigtas niya ang kaniyang bayan sa kanilang mga kasalanan.*
>
> *At nangyari* nga ang lahat ng ito, *upang maganap ang sinalita* ng *Panginoon sa pamamagitan ng propeta, na nagsasabi,*
>
> *. . . isang birhen ang magdadalang-tao at manganganak ng isang lalake, At ang pangalang itatawag nila sa kaniya ay Emmanuel, na* kung isasalin, *ay kasama natin ang Dios.*

280 Yan ang unang kabanata ng Mateo.

281 Sa Mateo 28:19, kung saan sinabi ni Jesus, "Humayo kayo, magbautismo sa Pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo." Ano ang Pangalan ng Ama, Anak, Espiritu Santo? Jesus Cristo, siyanga.

282 Nakabasa na kayo ng isang kuwento ng pag-ibig, na ang sabi dun, "At si John at Mary ay nabuhay nang maligaya kailanman." Sino ba si John at Mary? Babalik kayo dapat sa unang bahagi ng kuwento, at malalaman n'yo.

283 Kung walang ganoong bagay, walang pangalan, na "Ama, Anak, o Espiritu Santo," kung ganoon Sino, Kaninong Pangalan

ito? Babalik nga kayo, sa unang bahagi ng kuwento, at makikita n'yo kung Sino ang tinutukoy Niya.

284 Si Pedro, sa Araw ng Pentecostes, ang sabi, "Mangagsisi, ang bawat isa sa inyo, at magpabautismo sa Pangalan ni 'Jesus Cristo' para sa ikapatatawad ng mga kasalanan." May kapahayagan siya.

Si Juan ay may kapahayagan.

285 Si Jesus *ang* Kapahayagan, ibinunsod Niya ang Kanyang Sarili dito mismo sa Kasulatan, "Ako Siya noon, ang ngayon, at ang parating, ang Makapangyarihan sa lahat." Whew! Buweno.

286 Ngayon, kunin natin ang ika-7 talata, ngayon nang madalian, bago tayo umalis dito, nang madali sa abot ng makakaya natin. Ang Makapangyarihan sa lahat.

> *. . . pagha-. . . ang kaluwalhatian at ang paghahari magpakailan kailan man. Siya nawa.*
>
> *At. . . ginawa tayong mga hari at mga saserdote sa Dios. . . kanyang Ama;* at *sumakaniya nawa ang kaluwalhatian at ang paghahari magpakailan kailan man. Siya nawa.*

287 Nakikita n'yo ba ang kapahayagan diyan, kung papaano Ito nahayag? Kung papaanong ang Diyos. . . Napapakamot ng ulo ang mga kalalakihan at napasabunot sa sarili nilang buhok, at mga bagay-bagay, sinisikap na alamin kung ano ba ang "Ama, Anak, Espiritu Santo", na gawing isa, ang tatlo.

Huwag na kayong mapasabunot sa inyong buhok at kumamot ng ulo. Tumingala lang kayo. Ang Kapahayagan ay nanggagaling sa Itaas. At tama 'yun. Kanyang ihahayag, na hindi ito "Ama, Anak, at Espiritu Santo." Ito'y tatlong katungkulan na pinananahanan ng isang Diyos.

288 Noong Siya'y nasa katungkulan ng, "Espiritu," Siya'y nag-iisa, dahil ang pagiging tao ay pagbaba, pagkatapos Siya'y lumikha para sa Sarili Niya ng isang katawan, na pananahanan, para lumikha ng Sarili Niyang Dugo; hindi sa pamamagitan ng seksuwal na paniniig, gaya noon sa halamanan ng Eden, bagkus magpalitaw mismo ng isang nilikhang katawan. At sa pamamagitan ng katawan na 'yun na ipinanganak ng isang birhen, nagbigay Siya ng isang Dugo na naglinis sa atin at nagkalag sa atin mula sa ating kawalan ng pananampalataya, para manampalataya sa Kanya. Pagkatapos, sa pagsampalataya natin, tinatanggap natin Siya sa ating puso, 'yun nga'y ang Diyos na sumasa atin; Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo. Kita n'yo? Katulad ng Propeta, Saserdote, at Hari, 'yun ay siya ring bagay. Buweno.

289 Ngayon, sa ika-7 talata, ito ang anunsyo. Ganito ang anunsyo:

*Narito, siya'y pumaparitong nasasa mga alapaap; at makikita siya ng bawa't mata,. . .ng nangagsiulos sa kaniya: at ang lahat* ng *mga angkan sa lupa ay magsisitaghoy dahil sa kaniya.*

290 Oh! Ilang oras na lang ba mayroon tayo? Hayan nga't napakaganda n'yan. Makakapaglaan pa ba kayo ng tat-. . . dalawampung minuto pa? [Sinasabi ng kongregasyon, "Opo."—Pat.] Magagawa n'yo ba? ["Amen."] Sige. Ngayon, kung ganoon, bukas. . .Bukas ng gabi, sisikapin nating ituloy ang natitira pa sa *Ang Pangitain Sa Patmos*, mamayang gabi. Ngayon, magtatapos tayo sa anunsyo.

291 Oh! Maganda ba ng pakiramdam n'yo? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Gustung-gusto n'yo ba ang matandang Biblia na ito? ["Amen."] Ito'y ang Kapahayagan. Ano, ano ito? Umabot ang Diyos, sa Aklat na ito, at inalis ang pagkakatabing, ang sabi, "Heto Siya: Propeta, Saserdote, Hari; Ama, Anak, Espiritu Santo; Siya noon, ang ngayon, at ang parating. Ang lahat ng mga ito, Ito'y ang Diyos."

292 Ngayon, alisin natin ang tabing, nang pansumandali ngayon, ang Diyos ay tutulong sa atin, na maalis ang tabing mula sa ating mga mata. At makuha . . .

*Narito, siya'y pumaparitong nasasa mga alapaap;. . .*

293 Ngayon, papaano Siya darating? "Nasa mga alapaap." Anong klase ng alapaap? Alapaap ng kaluwalhatian. Hindi isa sa mga ulap na nagbabadya ng kulog, ni ulap na nagdadala ng ulan, kundi ulap ng kaluwalhatian.

294 Makikita n'yo sa kung anong klase ng ulap Siya nababalot nang buo noong sina Pedro at sila'y makita Siya sa pangitain ng Bundok ng Pagbabagong-Anyo, may ulap na tumalukbong sa Kanya. Ang damit Niya'y kumikinang. Nababalot Siya ng isang ulap, ang kapangyarihan ng Diyos.

295 Oh, dadako tayo riyan, dito sa mga kapanahunan ng iglesya. Sinasabi ko sa inyo, pinakikilig nito—nito ang kaloob-looban ko, kapag naiisip ko 'yan. Ang Kanyang pagparito. . .Nakikita ko ang araw na ito na kinabubuhayan natin, kung saan wala, wala nang natitira pang inaasahan kundi ang Kanyang Pagdating.

296 Ngayon dalian na nating dumako rito. Ngayon alalahanin n'yo.

*. . .makikita siya ng bawa't mata,. . .*

297 Ngayon, hindi pa 'yun ang Pag-agaw, siyanga ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Hindi."—Pat.] Kita n'yo? Hindi ito ang Pag-agaw. Hindi pa 'yun ang Pag-agaw. Ano ang tinutukoy Niya? Ang Ikalawang Pagparito.

*. . .at ng nangagsiulos sa kaniya: at ang lahat ng mga angkan sa lupa ay magsisitaghoy dahil sa kaniya.*

298 Ngayon babaling tayo pabalik at kukuha ng ilang kasaysayan. Balik muna tayo sa Zacarias, at kunin natin ang ika-12 kabanata ng Zacarias. Zacarias. Sige po.

299 "At ang Panginoon ay nagdadagdag sa iglesya araw-araw ng mga nangaliligtas." Kaya ganoon na lamang ang pasasalamat natin dahil sa mabuting kapahayagan ni Jesus Cristo! Hindi ba kayo nagagalak dahil sa Kanya? Ngayon, isasalibro natin ito nang madali sa abot ng makakaya natin, para sa mga tao, at pagkatapos puwede kayong magkaroon nito, para basahin ito sa katahimikan ng inyong sariling kuwarto at mga bagay-bagay, at pag-aralan itong maigi, sa sarili n'yo. Sige.

300 Zacarias, sa Zacarias, sa ika-12 kabanata ngayon ng Zacarias. At nais natin, na kunin ito nang totoong mapanalanginin ngayon. At nais kong kunin lang ito para sa kaluwalhatian ng Diyos. Ngayon, Zacarias 12, sige't simulan natin sa ika-9 na talata. Pakinggan n'yong maigi ngayon. Nangungusap Siya tungkol sa Pagparito. Zacarias 12, at sisimulan natin sa 9, sa ika-9 na talata.

*At mangyayari sa araw na yaon . . .*

Heto si Zacarias, na nagpropropesiya, apatnaraan at walumpu't pitong taon bago ang pagparito ni Cristo.

> *At mangyayari sa araw na yaon, na aking pagsisikapang gibain ang lahat . . . na bansa na naparoroon laban sa Jerusalem.* (Isipin n'yo 'yun.)
>
> *At aking bubuhusan* ang *sangbahayan ni David, at ang mga mananahan sa Jerusalem, ng espiritu ng biyaya at ng daing: at sila'y magsisitingin sa akin na kanilang pinalagpasan, . . .*

301 Ngayon, kailan babalik ang Ebanghelyo sa mga Judio? Kapag natapos na ang araw ng mga Gentil, ang Ebanghelyo ay nakahanda na, na mapunta sa mga Judio. Oh, kung magagawa ko lang, kung magagawa ko lang na paunang magsabi sa inyo ng munting bagay na napipintong mangyari rito, kita n'yo, dito mismo sa panahon na ito. Nakikita n'yo? Napipinto na itong mangyari. Matatalakay natin 'yan sa Kapanahunan ng Iglesya. At ang dakilang bagay na ito na napipinto nang mangyari, ay tutugaygay sa Apocalipsis 11 at may kaugnayan sa dalawang propeta, sina Elias at Moises na bumabalik muli para sa mga Judio. Nakahanda na tayo para roon. Ang lahat ay inilalatag na sa kaayusan, nakahanda na mismo. Ang Mensaheng ito sa Gentil, kung papaano nga na dinala ito ng mga Judio sa mga Gentil, dadalhin din ito ng mga Gentil pabalik sa mga Judio uli. Tapos darating ang Pag-agaw.

302 Ngayon alalahanin n'yo, ito rito na parating, pagkatapos ng Kapighatian . . . Ang Iglesya nga'y hindi dadaan sa Kapighatian. Alam natin 'yan. Yan mismo ang sinasabi ng Biblia. Kita n'yo? Buweno.

303 Ngayon, Kanyang ibubuhos sa sambahayan ni Israel, (ang ano?) ang siya ring Espiritu Santo, kita n'yo, pagkatapos na ang Iglesyang Gentil ay lumisan na.

> *. . . at sila'y* magsisitingin *sa akin na kanilang pinalagpasan, at kanilang tatangisan siya, na gaya ng isa* na *pagtangis sa bugtong na anak, at magiging kapanglawan sa kaniya, na parang kapanglawan sa kaniyang panganay.*
>
> At *sa araw na yaon ay magkakaroon ng . . . malaking pagtangis sa Jerusalem, . . .* at *pagtangis . . . sa—sa libis ng Megiddo.*
>
> *At—at ang lupain ay tatangis, bawa't angkan ay bukod; ang angkan ng sangbahayan ni David ay bukod, at . . . ang angkan ng sangbahayan ni Nathan ay bukod, at* ang bawat isa na mga bahay *ay bukod;* (kapag nakita na nila, kung ano ang mangyayari, kung ano ang mangyayari kapag Siya'y dumating na sa alapaap ng kaluwalhatian, sa Kanyang ikalawang pagpapakita.)

304 At kapag ang mga Judio na 'yun na nagpalampas ng sibat sa Kanya . . . Alam n'yo, sinasabi sa isa pang Kasulatan na tatanungin nila Siya, kung saan Niya nakuha ang mga sugat na 'yun.

Sabi Niya, "Sa bahay ng Aking kaibigan."

305 At hindi lang 'yun panahon ng kapanglawan para sa mga Judio na tumanggi sa Kanya, bilang Mesiyas, haya't magiging panahon 'yun ng kapanglawan para sa kanila na mga Gentil na naiwan dito, na tinanggap . . . na tinanggihan Siya bilang kanilang Mesiyas sa araw na ito. Magkakaroon ng pagtatangis at paghagulgol. Tatangis ang natutulog na birhen. Yun nga'y ang iglesya na tumangging kumuha ng Langis sa ilawan nito. May sampung birhen na lumabas, lahat sila'y mabubuting tao, pero lima lang sa kanila ang may Langis sa kanilang mga ilawan. Yung iba pang lima'y mabubuting tao, mabubuting tao, pero nabigong kumuha ng Langis para sa kanilang mga ilawan. "At sila'y itinapon sa kadiliman sa labas kung saan may pagtatangis, paghagulgol, at pagngangalit ng ngipin."

306 Heto nga ito, "Sila'y tatangis." Ang sabi ng Biblia rito, "Sila'y tatangis, at mababagbag nang lubos ang puso, anupa't hanggang . . . "

307 Heto, bibigyan ko kayo ng isa pa, Genesis 45, kung gusto n'yong ilista 'yan. Tayo'y dumako riyan pansumandali at basahin din 'yun sa Genesis, ang . . . Sa palagay ko, sa ika-45 kabanata ng Genesis. Nais kong kunin 'yun dito, kung saan ipinakikilala ni Joseph ang kanyang sarili sa kanyang—sa kanyang bayan. At kukunin natin ito, haya't magpapakita ng—ng mga tipo ng kung anong mangyayari sa panahon na 'yun, tapos ibibigkis natin ito para maglakip.

*Nang magkagayon ay hindi nakapagpigil si Joseph sa harap nilang. . .nakatayo sa siping niya; at sumigaw, Paalisin ninyo ang lahat ng tao. . .sa aking harap.*

308 Ngayon alalahanin n'yo, si Joseph, sa pagpapakilala niya sa kanyang sarili, umiyak siya, "Paalisin ang lahat ng tao sa harap ko."

*At walang taong tumayo na kasama niya, samantalang si Joseph ay nagpakikilala* sa *kaniyang mga kapatid.*

*At siya'y umiyak ng malakas: at narinig ng mga Egipcio, at narinig* siya *ng sangbahayan ni Faraon.* (Ganoon na lamang marahil kalakas ang pagsigaw niya.)

*At sinabi ni Joseph sa kaniyang mga kapatid, Ako'y si Joseph; buhay pa* ba *ang aking ama? At ang kaniyang mga kapatid ay hindi mangakasagot sa kaniya; sapagka't sila'y nagugulumihanan sa kaniyang harap.*

*At sinabi ni Joseph sa kaniyang mga kapatid, Lumapit kayo. . .sa akin, isinasamo ko sa inyo. At sila'y lumapit. At kaniyang sinabi, Ako'y si Joseph na inyong kapatid, na. . .*na inyong—inyong *ipinagbili upang dalhin sa Egipto.*

*At ngayon* ay *huwag* kayong *magdalamhati, o magalit man sa inyong sarili, na* inyo *akong ipinagbili rito: sapagka't sinugo ako ng Dios sa unahan ninyo upang magadya ng buhay.* (Oh, ang ganda!)

*Sapagka't may dalawang taon* nang. . .*ang kagutom ay nasa lupain: at*. . .sa hinaharap pa, *na* hindi *magkakaroon ng* pagbubukid *o pagaani man.*

*At sinugo ako ng Dios sa unahan ninyo upang papanatilihin kayong pinakalahi sa lupa, at upang iligtas kayong buhay sa pamamagitan ng dakilang pagliligtas.*

309 Sige't kukunin ko lang 'yan ngayon at ihahambing sa Zacarias, ika-12, pansumandali. Ngayon, alam natin 'yan, sa tipo. Kung magtuturo ka ng mga tipo, haya't lagi n'yong makukuha 'yun nang tama, sa palagay ko, sa—sa tipo.

310 Ngayon, si Joseph, noong siya'y ipanganak, kinamuhian siya ng kanyang mga kapatid. Tama po ba? Ngayon nais kong ipakita sa inyo, na nirerepresenta ni Joseph ang puspos-ng-Espiritung Iglesya. Si Joseph ay kinamuhian ng kanyang mga kapatid. Bakit? Dahil siya'y espirituwal. Hindi naman 'yun maiwasan ni Joseph dahil nakakakita siya ng mga pangitain. Hindi niya 'yun maiwasan dahil nakakapanaginip siya ng mga panaginip, kita n'yo, at nakakapagpaliwanag ng mga paniginip. Siya, 'yun

kasi 'yung nasa kaibuturan niya. Hindi naman siya puwedeng magpakita ng anupamang iba kundi 'yun mismong naroon sa kaibuturan niya. Buweno, kaya naman, kinamuhian siya ng kanyang mga kapatid, nang walang dahilan. Pero iniibig siya ng kanyang ama, dahil ang kanyang ama'y isang propeta.

311 Nakikita n'yo ba kung papaanong ganoon din ito kay Jesus? Inibig ng Diyos ang Kanyang Anak. Pero ang mga kapatid, ang mga Fariseo at mga Saduceo, kinamumuhian Siya, dahil nakakapagpagaling Siya ng maysakit, at paunang nakapagsasabi ng mga bagay-bagay, at nakakakita ng mga pangitain, nakakapagpaliwanag. Nakikita n'yo ang ibig kong sabihin? "Kinamuhian nila Siya, nang walang dahilan."

312 At anong ginawa nila kay Joseph? Nagsinungaling sila na patay na siya, at itinapon siya sa isang hukay. Kinuha ang duguan niyang balabal, na may pitong kulay, na ibinigay ng kanyang ama . . .

313 May pitong kulay lang sa bahaghari. At ang bahaghari, sige't malalaman natin kung ano, dahil makakadako tayo rito maya-maya, sa palagay ko, mamayang gabi. Yung bahaghari sa ibabaw Niya rito, ni Jesus, kung saan, "Siya'y masisilayan na tulad sa jaspe at batong sardio, at isang bahaghari." Ang isang bahaghari'y isang tipan.

314 At 'yun ang tipan ng Diyos na nakay Joseph. At minantsahan nila ng dugo ang kanyang balabal, at dinala 'yun pabalik sa ama. At ipinalagay siyang patay. At . . .

315 Pero hinango siya mula sa hukay at inilagay sa isang—isang . . . ipinagbili kay Faraon, o isang tao sa Egipto, at isang—isang heneral ang kumuha sa kanya. At nung magawa nila 'yun, siya, isang masamang bagay ang dumating laban sa kanya, at itinapon siya sa bilangguan. At doon ay nagpropesiya siya, at sinabi sa dalawang kalalakihan kung saan ang isa'y hahantong at kung saan ang isa pa'y hahantong; ang katiwala ng saro ng hari at isang—at isang magtitinapay, tungkol sa paliwanag ng kanilang panaginip.

316 At pagkatapos siya'y iniangat mula roon, patungo sa kanan ng Faraon. At walang tao ang maaaring makadako sa Faraon, sa pamamagitan lamang ni Joseph. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

317 Ano pa. Ngayon, ang . . . noong si Joseph ay ipinagbili sa mga Egipcio. At, masdan n'yo, lahat ng ginawa niya'y tumitipo kay Cristo. Tingnan n'yo ang katiwala ng saro na 'yun at itong magtitinapay roon, at kapwa sila nagkaroon ng mga panaginip. At si Jesus, noong Siya'y naroon sa Kanyang bahay-bilangguan. Alalahanin n'yo, si Joseph ay naroon noon sa bilangguan. At noong si Jesus ay naroon sa Kanyang bilangguan, (paano?) ipinako sa isang krus, may isa na naligtas at isa na napahamak.

Si Joseph, noong naroon siya sa kanyang bilangguan, ang isa'y naligtas, ang isa'y napahamak.

318 At pansinin n'yo. Pagkatapos na si Jesus ay ibinaba mula sa krus, itinaas Siya sa Langit, at naupo sa kanan ng dakilang Espiritu, si Jehovah. "Walang tao ang makalalapit sa Diyos maliban na sa pamamagitan Ko." Hindi sa mga *Aba Ginoong Maria*, hindi bendisyunan ang *ganito* o bendisyunan ang *ganoon*. Bagkus, sa pamamagitan ni Jesus Cristo, "Ang tanging tagapamagitan sa pagitan ng Diyos at ng tao," ang pinakamamamahal na katawan na 'yun na tinabernakuluhan ng Diyos, sa kalagitnaan natin, na dinala ang Pangalan ng Diyos. At dinala ng Diyos ang pangalan ng tao. Dinala ng Diyos . . .

319 Tingnan n'yo rito. Sa pasimula, noong si Adan . . . Hindi talaga ako makaalis-alis diyan. Mukha kasing may hindi pa nakakakuha Nito, sa kung saan. Tingnan n'yo. Sa pasimula . . . Hayaan n'yong ipakita ko sa inyo ang isang bagay uli. Sinasabihan ako ng Espiritu Santo na sabihin ito. Iiwan ko muna ang paksa ko pansumandali. Noong unang makarating ang balita sa Kaluwalhatian, na ang anak ay napahamak, si Adan, ang Diyos ba'y nagpadala ng isang Anghel? Siya ba'y nagpadala ng isang anak? Nagpadala ba Siya ng kung sinong iba? Siya ang dumating, Mismo, para tubusin ang Kanyang napahamak na anak. Hallelujah! Hindi 'yun ipinagkatiwala ng Diyos sa kaninuman kundi sa Sarili Niya mismo. Ang Diyos ay nagsalaman at nanahan kasama natin, at tinubos ang tao, nang Siya Mismo. Ang sabi'y . . . "Naligtas tayo," ang sabi ng Biblia, "sa pamamagitan ng Dugo ng Diyos." Ang mortal, ang Diyos ay . . . Ang imortal na Diyos ay napaging mortal, upang alisin ang kasalanan, maging ang Cordero, Mismo; para tayo'y makapasok sa Kaluwalhatian, natatabingan, at sa Kanyang Sariling Dugo mismo sa harapan Niya, sa likod ng tabing.

320 Ngayon, si Joseph, sa Egipto nga'y nagtungo siya. At doon siya'y iniangat mula sa kanyang pagkakabilanggo, patungo sa kanan ng Faraon, at ginawang tagapangalaga. At ang lahat ay sumagana sa panahon ni Joseph.

321 Ngayon, sa pagbabalik ni Jesus, maging ang disyerto'y mamumukadkad gaya ng rosas. Siya ang Anak ng kasaganahan, tipo ni Joseph.

322 Inilagay nila si Joseph sa . . . Noong mailagay nga siya nung heneral sa bahay nito; lahat ng gawin niya, siya'y sumagana. Inilagay nila siya sa bilangguan, ang buong bilangguan ay sumagana. Lahat ng gawin nila, siya'y sumagana. At noong maitaas siya, sa pinaka mataas, kay Faraon, pangalawa kay Faraon, lahat ng bagay sa Egipto'y sumagana nang higit sa anumang bagay sa mundo.

323 Sa Kanyang pagbabalik, ito'y magiging isang lupain ng kasaganahan. Ang matatandang disyerto'y mamumukadkad,

at magkakaroon ng pagkain sa lahat ng dako. At magagawa natin, bawat isa, na maupo na lang sa ilalim ng sari-sarili nating puno ng igos, at tumawa at magbunyi, at mabuhay nang magpakailanman sa Kanyang Presensya, kapag Siya'y bumalik na bilang Hari.

324 Siya'y Anak ng tao, Propeta. Amen. Siya'y Anak ng tao, Hain, Saserdote. Siya'y Anak ng tao, bilang Hari, ang Anak ni David na nakaupo sa luklukan ng Kanyang kamahalan. Anak ng tao, Siya ay ta-. . .Diyos na nahayag bilang Anak ng tao. Bumaba Siya at naging tao, para alisin ang mga kasalanan mula sa sanlibutan. Siya'y naging tao, bilang isang Propeta. Siya'y naging tao, bilang isang Saserdote. Siya'y naging tao, bilang Hari; Hari ng Kalangitan, Hari ng mga banal, ang Walang Hanggang Hari; sa tuwina'y Hari na noon, sa tuwina'y magiging Hari, Walang Hanggang Hari.

325 Ngayon pansinin, pagkatapos, si Joseph. Bago lumabas si Joseph, kinailangan nilang magpatunog ng trumpeta, unang-una. At nagsigawan ang mga tao, "Lumuhod kayo para kay Joseph." Kahit ano pa ang ginagawa ng isang tao, siya man ay nagtitinda ng produkto sa kalye, kapag ang trumpeta'y tumunog, luluhod at luluhod siya. Kung ang isang tao man ay akmang bubunot at kukunin ang pera niya, anupa't luluhod at luluhod siya, sa pagdating ni Joseph. Oh! Yung ko-. . .'yung—'yung—'yung komikero'y handa mang magpalabas noon, haya't ano ang gagawin niya? Kinakailangan niyang huminto. "Parating na si Joseph." Ang trumpeta'y pinatunog.

326 Isa sa mga araw na ito, ang lahat, maski ang oras, ay hihinto. "Kapag ang trumpeta ng Diyos ay pinatunog, at ang mga patay kay Cristo'y babangon, at magbubukang-liwayway ang umaga nang Walang Hanggan, maliwanag at maaliwalas." Ang lahat ay luluhod mismo. "Bawat tuhod ay luluhod, at bawat dila ay maghahayag ukol Dito."

Magsimula na kayo ngayon. "May mga kasalanan ang tao na hayag na, may ilan na pasunod pa lang."

327 Pero ngayon pansinin n'yo kung anong nangyari. Grabeng kaluwalhati! Noong si Joseph ay . . . matapos niyang mag-asawa ng isang Gentil at tumanggap ng isang pamilya, sina Efraim at Manases, na kanyang mga anak. Napansin n'yo ba sa may dulo? Noong si Joseph . . . Noong sinimulang basbasan ni Jacob sina Efraim at Manases. Noong simulan niyang ipatong ang kanyang mga kamay, inilagay niya si Efraim sa kanan, at si Manases sa kaliwa, para 'yung kanang kamay ng pagpapala'y maibigay sana sa panganay. Pero noong nagsimula na siyang manalangin, pinagkrus niya ang kanyang mga kamay, at ibinigay niya sa bunso ang kanang-kamay na pagpapala sa halip na dun sa isa na naroon sa kanan.

328 At sabi ni Joseph, “Hindi po ganyan, Ama.” Sabi, “Dapat n’yo pong ilagay ang pagpapala kay Manases sa halip na kay Efraim.”

At ang sabi ng tatay, “Pinagkrus ng Diyos ang aking kamay.”

329 Ano? Mula sa mga Judio, ang panganay, ang unang-pinili ng Diyos, sa pamamagitan ng Krus ay napunta ang pagpapala sa mga Gentil, para gawing Nobya. Ang pagpapala’y dumarating sa pamamagitan ng Krus, mula sa Judio’y napunta sa Gentil. Tinanggihan, tinanggihan nila ang Krus, kaya kinuha Niya ang Gentil na Nobya.

330 Ngayon noong si Joseph, bago ito, noong siya’y . . . nabalitaan ang tungkol sa kanyang mga kapatid, na . . . Maraming-maraming taon na silang hindi nagkakatagpo, ang Judio.

331 Ngayon pansinin. Babaling na tayo pabalik sa Zacarias ngayon, kung saan sila’y humahagulgol, at tumatangis at humahagulgol. At maging ang mga pamilya’y bubukod mula sa ibang mga pamilya, lalabas, sasabihin, “Papaano natin nagawa ’yun? Papaanong nagawa natin ang bagay na ’yun?” Sa panahon na sasabihin nila, “Saan Mo nakuha ang iyong mga pilat, ’yang mga bakas sa Iyong mga kamay?” maging sila na nagpalampas ng sibat sa Kanya. “Darating Siya sa alapaap. At makikita nila Siya, maging sila na nagpalampas sa Kanya ng sibat. At bawat tahanan ay tatangis, at hahagulgol sila.” Hindi nga nila malaman kung anong gagawin.

332 At noong si Joseph . . . Alam n’yo na ang kuwento. Noong makita niya ang kanyang mga kapatid, at nagkunwari siya na hindi nakakapagsalita ng Hebreo, at kumuha siya ng interpreter para magsalin ng wika para sa kanya. At hindi siya makapagsalita ng Hebreo, umakto siya na tulad nun; anupa’t gusto niya kasing alamin. At kaya noong dumating na, isang araw, noong dalhin na nila ang kanyang munting kapatid, napansin n’yo ba? Si Benjamin nga ang nagpaalab sa kaluluwa ni Joseph?

333 Ano ’yun, sa panahon na ’yun, ’yun nga ang magpapaalab ng Kanyang kaluluwa, ng ating Joseph, si Jesus? Yaong batang iglesya na naroon sa Iran sa ibayo, na sinusunod ang mga utos ng Diyos. At ito’y mga bagong-silang na tao na nagtipun-tipon na papasok sa Palestina, at pinapauwi na. Ang bituwin ni David na may anim na tulos, ang pinakamatandang watawat sa buong mundo, isang bansa na ipinanganak nitong huling ilang taon lang. Hayan nga ang Israel.

> Mga bansa’y nagkakasira, Israel ay nagigising,
> Mga tanda na inihula na ng Biblia;
> Mga araw ng Gentil ay bilang na, punung-
> puno ng pagkabalisa;
> “Magbalik na, Oh mga nangalat, magbalik na.”

Ang Araw ng Pagkatubos ay malapit na,
Puso ng mga tao'y lupaypay sa takot; (Tumingin lamang kayo sa paligid, ang mga tao nga'y nagiging mga neurotiko na lahat.)
Tiyaking puspos ng Espiritu, na inyong mga ilawa'y pinag-igi pinag-ilaw,
Tumingala! Ang inyong pagkatubos ay malapit na.

Mga bulaang propeta'y sinungaling, Katotohanan ng Diyos itinatanggi,
Na si Jesus Cristo ay ang Diyos nga natin;
(Maluwalhati!) Pero ang Kapahayagan ay dumating.
Kaya tayo'y lalakad sa tinahak na daan ng mga alagad. (Doon mismo sa siya ring tahak.)

Sapagkat ang Araw ng Pagkatubos ay malapit na,
Puso ng mga tao'y lupaypay na sa takot;
Tiyaking puspos ng Espiritu ng Diyos, na inyong mga ilawa'y pinag-igi pinag-ilaw,
Tumingala! Ang inyong pagkatubos ay malapit na.

334 Oh! Oh, si Joseph, nung makita niya si munting Benjamin na nakatayo roon! Yun nga'y ang munti niyang kapatid na lalaki. Nakikita n'yo na ba si munting Benjamin ngayon doon . . .? . . . sa ibayo roon, nandun na mismo ngayon? Ang mga angkan ng— ng lupa, ng mga Judio, ay nakabalik na roon kung saan sandaan at apatnapu't apat na libo sa kanila, ang tatanggap kay Cristo sa panahon na makita na nila ang Kanyang Pagdating. Sasabihin nila, "Narito, ito ang Diyos Na aming hinihintay." Pagkatapos makikita nila ang sugat . . . "Saan po nanggaling ang mga ito?"

Sasabihin Niya, "Sa bahay ng Aking kaibigan."

335 At sila'y hahagulgol at sila'y iiyak. At bawat pamilya, ang kanilang mga lipi ni David at Neftali at lahat, ay magbubukod sa isa't isa, bawat pamilya, at hahagulgol sa sarili nila kapag nakita na nila Siya na nakatayo sa alapaap, ang Isa na yaon na kanilang pinaglampasan ng sibat.

336 Anong magiging mensahe Niya roon? Masdan n'yo kung anong sinabi ni Joseph. Noong sabihin niya . . .

337 Masdan n'yo ang isa pang bagay. Noong matipon na ni Joseph ang mga anak sa harapan niya, tumingin siya sa kanila, nakita niya ang munting si Benjamin. Nakita niya si Efraim, nakita niya ang iba pa sa kanila roon, ang Gad at ang lahat sa kanila. At ang labing-dalawang tribo, sampung tribo pa noong panahon na 'yun, na nakatayo sa harapan niya. Nakita niya silang lahat dun na nakatayo roon. Alam niya na ang mga ito'y ang kanyang mga kapatid. At tumingin siya kay munting Benjamin, nang diretso,

may parang namumuo sa lalamunan niya. Alam niya kasi na mga kapatid niya ang mga ito. Anong sinabi niya? "Bawat isa'y iwan ako." Anong nangyari sa asawa niya't mga anak? Nagpunta sila sa palasyo.

338 Saan pupunta ang Iglesyang Gentil sa Pag-agaw? Sa Palasyo. Ang Nobya, Hallelujah, ang Nobya'y kukunin mula sa lupa, sa Pag-agaw. Pagkatapos sa Kanyang pagbabalik, wala roon ang Kanyang Nobya kapag Kanyang ipinakilala na ang Kanyang Sarili sa Kanyang mga kapatid, ang mga Judio, sila na nagpalampas sa Kanya ng sibat, sila na tumanggi sa Kanya.

339 Pero ang asawa niya'y kanyang mahal sa buhay, kanyang mga malalapit na kaibigan, kanyang—kanyang sariling mga kasamahan na ipinadala-ng-Diyos na naroon sa templo. At sa pagtingin niya, sinabi niya na sila. . .Hindi pa nila siya nakikilala noon. Ang sabi nila, "Oh, ang dakilang prinsipe na ito!" Isa-isa nilang sinasabi, sa isa't isa, oh, ang tungkol sa mga bagay na ito na kanilang nagawa.

340 Sa pagkakaalam ko'y si Efraim, o hindi yata si Efraim, haya't nakalimutan ko lang kung sino 'yung isa na 'yun, na—na nagsabi, "Buweno, hindi dapat natin pinatay ang ating kapatid, na si Joseph." Sabi, "Nakita n'yo na, bumabalik tuloy sa atin." Si Ruben, sabi ni Ruben, "Hindi dapat natin pinatay ang ating kapatid," sabi, "dahil, kita n'yo po, bumabalik tuloy sa atin ang bagay na nagawa natin."

341 At nakatayo roon si Joseph; ang akala nila'y hindi siya nakakaintindi ng Hebreo. Pero alam niya.

342 May ilan na mag-iisip, na hindi nakakapagsalita. . . nakauunawa ng pagsasalita sa iba't ibang wika, pero alam Niya mismo ang lahat ng tungkol dun. Oo, nalalaman Niya. Dumating ang kahariang Gentil na may pagsasalita sa iba't ibang wika at mga interpretasyon, sa ulong ginto (ang unang ulo) bago 'yun bumagsak. Ano ba ang tumapos sa unang dispensasyon ng Gentil? Isang sulat-kamay ng hindi kilalang wika sa pader, at may isang lalaki dun na may kakayahang ipaliwanag 'yun at sabihin kung ano 'yun. Sa ganoong paraan nga rin 'yun magwawakas. Amen. Pumasok at lumabas sa siya ring paraan.

343 Iniisip nila na hindi siya nakaiintindi ng lingguwahe nila na sinasalita nila, pero alam niya. Sabi nila, "Nakita n'yo na ang sinapit natin?"

At nakita ni Joseph nung mga sandaling 'yun na sila'y nagsisisi sa bagay na ginawa nila.

344 Ngayon nakikita Niya ang kanilang pighati at pagsisisi sa pagtanggi nila sa Kanya, kaya siya'y napapalunok sa Kanyang lalamunan ngayon. Handa na Siyang paalisin ang Kanyang Iglesya mula sa lupa, dalhin Siya patungo sa Kaluwalhatian. Pagkatapos babalik, at pagkatapos ang lahat ng mga tribo sa lupa ay tatangis.

345 Anong ginawa nila? Si Ruben, lahat sila, nagsimula silang umiyak, ang sabi nila, "Oh! Oh!" Natakot sila't nagsabi, "Siya nga ito. Ngayon napag-uunawa natin na lagot tayo nito. Ngayon siguradong papatayin niya tayo. Ngayon siya . . . Alam natin na tayo'y lilipulin na ngayon, dahil hayan nga si Joseph na nawalay sa atin nang matagal na panahon. Si Joseph nga 'yan, na ating kapatid, ngayon lagot talaga tayo nito."

346 Sabi niya, "Huwag kayong magalit sa sarili n'yo. Ginawa ito ng Diyos para panatilihin ang buhay."

347 Ano ang ginawa ng Diyos? Bakit tinanggihan ng mga Judio si Jesus? Para tayo na mga Gentil, nang, sa gayon, ang mga tao na tinawag Niya palabas para sa Kanyang Pangalan, haya't ginawa 'yun ng Diyos para panatilihin ang buhay ng Iglesyang Gentil, ang Nobya.

348 Lahat ng mga lipi na tumanggi sa Kanya'y tatangis. Itatago nila ang kanilang mga sarili sa mga lungga, at sa mga bato, at sa mga bagay-bagay, magsasabi, "Itago n'yo, mahulog kayo sa amin, mga bundok." Tinanggihan nila Ito, Siya. Lahat ng mga angkan sa lupa'y tataghoy dahil sa Kanya. At bawat pamilya ni Israel doon ay ibubukod ang kanilang sari-sarili. Bubukod ang mga pamilya, isa mula sa isa pa, at magsasabi, "Bakit natin nagawa 'yun? Bakit humantong tayo sa punto na tinanggihan natin Siya? Paano? Hayan Siya na nakatayo. Hayan ang Diyos Na hinintay natin. At hayan Siya, na may bakas ng pako sa Kanyang mga kamay, at tayo ang may gawa nun."

349 Ganoon na ganoon ang eksaktong sinabi ng magkakapatid doon, noong bumaling sila't nagsabi, "Hayan si Joseph, na ipinagbili natin."

Ang sabi niya, "Ako si Joseph, na inyong kapatid, na inyong pinagbili sa Egipto."

350 "Oh!" Natakot sila. At sila'y tumangis at nanaghoy, at tumakbo sa isa't isa, "Ano kaya ang maaari nating gawin?"

351 Ang sagot niya, "Huwag kayong magalit sa sarili n'yo, dahil ginawa itong lahat ng Diyos. Pauna lang akong pinadala rito ng Diyos."

352 Nilikha ng Diyos ang lahat ng mga tao; taong puti, taong itim, taong kayumanggi, taong dilaw, bawat tao. Nilikha ng Diyos ang bawat tao. Nilika Niya ang Gentil, nilikha ang Judio. Nilikha Niya ang lahat. Itong lahat ay para sa Kanyang kaluwalhatian. At kinailangan tanggihan ang mga Judio nang sa gayon ay kunin ang isang Gentil na Nobya.

353 Yan ang dahilan kung bakit heto ang lahat ng mga tipong ito. Kaya ang Nobyang Gentil at ang Kanyang mga supling na kasama Niya, ang maluwalhating pentecostal na Iglesya na nahugasan sa Dugo ng Cordero, kalakip ang buong kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli na nananahan sa

kanila, ay babangon balang araw sa Pag-agaw (sa isang iglap, sa isang kisapmata) para magtungo't mapasa Presensya ni Jesus, kapag Siya'y bumabalik (at pinaalis ang lahat) para ipakilala ang Kanyang Sarili sa Kanyang mga kapatid.

354 Masdan n'yo ang sinasabi rito ng Kasulatan, sa pagtatapos. Oh!

> *Narito, siya'y pumaparitong nasasa mga alapaap; at makikita siya ng bawa't mata,* (ngayon ipinapangusap niya ang tungkol sa ikalawang Pagdating, hindi ang Pag-agaw), *at ng nangagsiulos sa kaniya:. . .*

355 Ika-7 kabanata, sa unang talata . . . O, ika-7 talata ng unang kabanata.

> *. . .makikita siya ng bawa't mata, at ng nangagsiulos sa kaniya: at ang lahat ng mga angkan sa lupa ay magsisitaghoy dahil sa kaniya. Gayon din, Siya nawa.*

356 Pagkatapos ibinigay Niya ang dakilang pagbabanggit na 'yun. Sino Ito? Sino Ito na kanilang tutunguhan para tingnan?

> *Ako ang Alpha at ang Omega,* Ako ang A at Z, (ang Griyegong A at Z, Griyegong alpabeto) . . .

357 Mga Gawa 2:36, ang. . .sabi ni Pedro, "Walang ibang pangalan na ibinigay sa silong ng Langit na sukat ikaligtas ng tao." O, hindi po pala, pasensya na po; namali ako ng banggit. Ang sabi niya, "Pakatalastasin nga ng buong angkan ni Israel, na ginawa ng Diyos ang siya ring Jesus na ito, na inyong ipinako sa krus, na kapwa Panginoon at Cristo."

358 Juan 14:7 at 12, sabi ni Tomas, "Panginoon, ipakita Mo sa amin ang Ama, at ito'y sukat na sa amin."

359 Sabi, "Matagal Ko na kayong kasa-kasama, at hindi ninyo Ako nakikilala?" Sabi, "Ang nakakita na sa Akin ay nakakita na sa Ama. Bakit sinasabi n'yo pa, 'Ipakita sa akin ang Ama'? Ako at ang Aking Ama ay Isa."

360 Sinabi ko 'yun isang beses sa isang tao. Ang sabi nung ginang, "Sandali lang po, G. Branham." Sabi, "Ikaw ang iyong maybahay ay isa rin, naman."

Sabi ko, "Pero hindi sa ganoong paraan."

Sabi niya, "Ano nga po uli."

Sabi ko, "Nakikita mo ba ako?"

Sabi niya, "Nakikita ko po."

Sabi ko, "Nakikita mo ba ang asawa ko?"

Sabi niya, "Hindi po."

361 Sabi ko, "Kung ganoon, iba Sila. Ang sabi Niya, 'Kapag nakita n'yo Ako, nakita n'yo na ang Ama.'" Kaya sapat nang paliwanag 'yun.

362 Haya't sa San Juan, o sa Unang Juan 5:7 hanggang 8, sa inyo po na inililista ito. Unang Juan 5:7 hanggang 8, ang sabi ng Biblia. Ang nagsasalita, ay ang siya ring lalaki na sumulat ng Apocalipsis na ito na ibinigay sa kanya ni Jesus, sabi niya, "May tatlo na nagpapatotoo sa Langit: ang Ama, ang Salita (ang Salita ay ang Anak). . . ang Ama, ang Salita, at ang Espiritu Santo, at ang tatlong ito ay isa. May tatlo na nagpapatotoo sa lupa: tubig, Dugo, at Espiritu, at ang mga ito'y nagkakaisa; hindi isa, kundi nagkakaisa."

363 Hindi maaaring nasa inyo ang Ama na wala ang Anak. Hindi maaaring nasa inyo ang Ama o ang Anak nang wala ang Espiritu Santo. Tama. Pero inyong. . . Ang tubig, Dugo, at Espiritu, 'yun ang mga elemento na kainakailangan para makatungo sa Kanyang Katawan.

364 Kapag may natural na kapanganakan na nangyayari, anong unang bagay ang nangyayari sa isang babae na nanganganak ng sanggol? Ang unang bagay nga'y, ang tubig. Ang pangalawang bagay, ay dugo. Tama po ba? Ang kasunod, ay espiritu. Lalanghapin ng sanggol ang kanyang hininga, magsisimula nang huminga. Tubig, dugo, at espiritu, na bumubuo sa natural na kapanganakan.

365 Ganoon din, sa espirituwal na Kapanganakan. Bautismo sa tubig sa Pangalan ni Jesus Cristo; pag-aaring ganap sa pamamagitan ng pananampalataya, pagsampalataya sa Panginoong Jesus Cristo. Tubig! Anong kasunod? Dugo; pagpapaging banal, paglilinis, inilalabas ito.

366 Diyan nga kayo pumalya mga taga-Nazarene; sadyang umabot lang kayo sa ganitong layo at hindi na nagpatuloy pa. Ang sisidlan na pinaging banal sa dambana, inihanda para sa gawain, pero hindi pa sa gawain. "Mapalad sila," mga banal na pagpapala, "na mga nagugutom at nauuhaw para sa katuwiran, dahil sila ay bubusugin." Ang sisidlan ay napaging malinis. Totoo 'yun.

367 Katulad 'yun sa birhen. Ang ibig sabihin ng salitang *birhen* ay "dalisay, banal, hindi nahaluan, pinaging banal." Ang limang birhen ay may langis, at ang lima'y wala; lima ang napunuan, at ang iba nama'y nanatili sa pagpapaging banal. "Natanggap n'yo na ba ang Espiritu Santo *simula* nang manampalataya kayo," kayo na mga Baptist, mga Presbyterian?

"Hindi po namin nalalaman na mayroon palang Espiritu Santo."

"Kung ganoon, papaano kayo nabautismuhan?" Uh-huh.

368 Matapos na ipatong niya ang kanyang mga kamay sa kanila, matapos 'yun, matapos na maligtas at mapaging banal, sila'y pinuno ng Espiritu Santo. Ganoon nga.

369 Tubig, Dugo, Espiritu! Dumating si Jesus para maghugas at maglinis, at papaging banalin ang isang Iglesya, nang sa gayon ay Siya'y makapasok at makapanahan. Sa pamamagitan ng Sarili Niyang Dugo; ibinigay Niya ang Kanyang Sariling ipinanganak-ng-Diyos na Dugo, para malinis Niya tayo mula sa ating seksuwal na pagkakapanganak, at ibinigay sa atin ang isang napaglinis, na banal na sisidlan na Siya Mismo ay makakapasok.

370 "Kaunti pang panahon, at hindi na Ako makikita pa ng sanlibutan; pero Ako'y makikita ninyo dahil Ako," panghalip panao, "ay sasama sa inyo, sasa inyo, hanggang sa dulo ng kaganapan." Amen. "Hanggang sa dulo, Ako'y kasama ninyo at sasainyo. Ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo. Ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na sumasampalataya." Ang Diyos na nasa Iglesya! Oh, grabe! Pagka-Diyos! "May tatlo na nagpapatotoo sa Langit: Ama, Salita (Anak), Espiritu Santo. Sila'y Isa."

371 Ngayon, maaari nga kayong maligtas nang hindi napapaging banal. Maaari kayong mapaging banal at hindi tinanggap ang Espiritu Santo; tama, pinaging banal na espiritu, nang hindi napupuspos. Pinagiging banal ang inyong puso, nililinis ang inyong puso, nang hindi pinupunuan ito ng isang bagay. Yan mismo ang sinabi Niya, "Kapag ang karumal-dumal na espiritu'y umalis sa tao, siya'y lumalakad sa mga dakong tuyo. Babalik, na masusumpungan ang kanyang bahay na ganap na walang laman, at papasok siya uli sa loob. Ang huling kalagayan nga ng taong 'yun ay makailang beses, makapitong beses, na mas malala kaysa sa una niyang kalagayan."

372 Yan ang nangyari sa inyo na mga Pilgrim Holiness, mga Nazarene, at iba pa. Tinanggap n'yo. At noong dumating ang Espiritu Santo, nagsimulang magsalita sa iba't ibang wika, at nagpapamalas ng mga tanda't mga kababalaghan, binabansagan n'yo 'yun na "diyablo" at namumusong kayo sa mga gawa ng Diyos, binabansagan n'yo 'yun na "karumal-dumal na bagay." At nakita n'yo na tuloy kung saan humantong ang iglesya n'yo? Lumabas kayo mula riyan! Narito na ang oras, ang Kapahayagan ni Jesus ay itinuturo na, naghayag na ang Diyos sa kapangyarihan ng Kanyang pagpapamalas ng Espiritu Santo. Amen. Nalalapit na ang Araw ng pagtutubos.

373 Ngayon, ang pagka-Diyos na nasa Kanya, Unang Timoteo 3:16.

> *. . .walang pagtatalong dakila ang hiwaga ng pagka-Diyos:* sapagkat *ang Diyos ay nahayag sa laman,. . .nakita ng mga anghel,. . .sinampalatayanan sa sanglibutan, tinanggap sa itaas sa kaluwalhatian.*

374 Oh, sadya ngang tuluy-tuloy-tuloy. Pero nasaan na po tayo ngayon? Nasa dulo na ng ika-8 talata.

375 Mamayang gabi ay magsisimula tayo sa—sa ika-9 na talata, *Ang Pangitain Sa Patmos*. Oh, may mga dakilang bagay na naghihintay sa atin. Iniibig n'yo ba Siya?

> I love Him, I love Him
> Because He first loved me
> And purchased my salvation
> On Calvary's tree.

376 Talaga po bang iniibig n'yo Siya? Ang Diyos ba'y nagpakilala na nang Kanyang Sarili sa inyo, nahayag na na Siya ang Anak ng Diyos, si Jesus Cristo, ang Diyos na nahayag sa laman, para alisin ang kasalanan? Inihahayag Niya ang Kanyang Sarili sa huling mga araw na ito sa Kanyang mga iglesya, na ipinakikilala ang Kanyang Sarili.

377 Ngayon, ito mismong mga bagay na ito na nagaganap sa Iglesya, magbantay kayo at tingnan, sa dulo ng Mensaheng ito, na kung hindi ba't sinabi mismo ng Biblia na ang mga bagay na ito'y mangyayari, nang eksakto. Tingnan n'yo kung hindi ba't nangyari nang eksakto, sa Kapanahunan ng Efeso, at ng Pergamo, Tiatira, pababa, sa bawat kapanahunan.

378 Sinabi na mismo kung ano ang gagawin ni Luther, at kung paano ang gagawin ni Wesley. At kung papaanong ang Pentecostal na denominasyon ay tutungo sa isang maka-Laodiceang, sala-sa-init sala-sa-lamig na kondisyon, pero, sa gitna nun, Siya'y hahatak ng mga tao. Tama. Ganoon nga mismo. Narito na tayo sa dulo. Oh, ako'y nagagalak! At, oh, habang nakikita ko ang sarili ko na humihiwalay, at tinitingnan ko ang mga kaibigan ko't iba pa, at nakikita ang sanlibutan at ang—at ang kaguluhan na kinasasadlakan nito, at pagkatapos ang isipin na ang Pagparito ng Panginoon ay nalalapit na. Narito na tayo sa dulo ng kapanahunan.

379 Ang puso ng mga tao'y nanlulupaypay sa takot. Sa lahat ng dako, sa lahat ng tao, may alarma sa radyo, sa tuwina, "Maghanda sa isang pagsalakay sa himpapawid. Ilikas n'yo 'yung *ganito*, ilikas n'yo 'yung *ganoon*, at sumilong sa ilalim-ng-lupang silid." Papaano kayo magtatago mula roon? Hindi n'yo 'yun mapagtataguan. Buweno, ang bagay na 'yun ay aabot nang sandaan at limampung talampakan pailalim ng lupa, nang sandaan at limampung milya, kuwadrado. Aba't, 'yung alog pa lang nun ay. . .Kung tumama 'yun dito, uugain nun ang Indianapolis sa lupa. Aba't, pasasabugin nun ang Indianapolis na magpira-piraso, tatama rito sa Louisville, kita n'yo, ang isa sa mga 'yun. Mahirap sabihin kung ano pang mayroon sila liban dun.

380 At, tingnan n'yo, hindi kailangang. . .Alam n'yo, kahit hindi nga Rusya ang gumawa nun. May kakayahan ang Cuba na gawin 'yun. Maliit na lugar lang, isang—isang maliit na kapirasong lugar lang na kasing laki ng Alcatraz sa dako roon, ay

makakayang gawin ’yan, sukluban ang buong mundo. Ang tangi nga lang na gagawin mo ay iumang ’yun at hilahin lang ang isang pisi. Hindi n’yo na kailangan ng hukbo. Isang panatiko lang ang kailangan n’yo para maisagawa ’yun, na nasa mga kamay ng diyablo. Ganoon nga mismo. Kapag gawin niya ’yun, haya’t tapos na ang lahat. Ibig sabihin tapos na ang lahat.

381 Pero, oh, hayaan n’yo akong ibigay sa inyo ang mapagpalang bagay na ito. Kapag nakikita na natin ’yun na malapit na malapit na, kapag nakikita natin na maaari na itong mangyari bago mag-umaga. Alalahanin n’yo, ang iglesya’y uuwi bago ’yan mangyari. Magaganap muna ang Pag-agaw.

382 Ngayon, para hindi kayo malito, tandaan n’yo, sabi ni Jesus, “Kung paano ang nangyari sa panahon ni Noe, kung paano ang nangyari sa panahon ni Lot.” Alalahanin n’yo, bago pumatak ang anumang ulan, si Noe ay nasa loob na ng daong. Kita n’yo? Si Noe ay nasa daong na noon. Itinawid siya, sa pamamagitan nun. At ngayon, si Noe ay ang tipo ng Judio. Pero si Enoc ay umuwi nang hindi namamatay. At nung makita ni Noe na si Enoc ay umuwi na, alam niya na panahon na, para simulan ang daong. Ganoon nga. Yun ang tanda ni Noe, noong si Enoc ay umuwi na. At sa panahon mismo na ang Iglesyang Gentil ay inagaw na, haya’t ipakikilala Niya ang kanyang Sarili sa Israel. Kita n’yo? Ganoon nga.

383 Alalahanin n’yo, sa mga araw noon ni Lot, gaya ng sinabi ni Jesus, bago tumama ang isang baga man ng apoy sa lupa, ang sabi ng Anghel na ’yun, “Bilisan n’yo. Dalian n’yo. Lumabas kayo rito, dahil wala Akong magagawa hanggang sa makalabas muna kayo.” Bago tumama ang anumang apoy, si Lot at ang kanyang pamilya’y nakalabas na’t nakaalis na. Kaya, darating ang Pag-agaw bago dumating ang Kapighatian.

384 Ang Kapighatian, maraming tao ang napaglalabo-labo ’yun. Tutuwirin natin ’yan, sa sanlinggong ito, loobin ng Panginoon, sa tulong ng Panginoon. Tandaan n’yo, nahaharap kayo sa malakihang Panahon ng Kapighatian, hayan nga, kung ititipo n’yo ’yun sa Biblia, ’yun ’yung mga araw ng kabagabagan ni Jacob, kita n’yo, noong siya’y nabagabag. Wala ’yung kinalaman sa mga Gentil. Walang kinalaman dun ang mga Gentil. Walang tipo sa Biblia ukol dun. Ang Iglesyang Gentil ay Inagaw na nun.

385 At ’yang hinahanap n’yo na “ang tubig ay naging dugo,” at mga bagay na gaya n’yan. Yun nga’y umuukol sa Israel muli, doon noon kay Moises at Elias, sa kanilang pagbabalik. Si Elias, sa ikaapat na beses, ay babalik sa espiritu. Wala sa kanila ang namatay, o, si Moises ay namatay, pero hindi nila alam kung saan siya inilibing. Siya’y siguradong ibinangon sa kung saan mula noon at sa panahon na ’yun, dahil, sa Bundok ng Pagbabagong-Anyo, naroon siya, na nakikipag-usap kay Jesus, hindi ba’t siya nga? Kita n’yo?

386 Kaya babalik sila at papatayin, at mahahandusay dun sa espiritual na lansangan na ang tawag ay “Sodoma,” sa dako kung saan ang Panginoon nati’y ipinako, sa Jerusalem. Sila’y mangangaral sa mga Judio, at sasaktan ang lupa, at sasaraduhan ang kalangitan, at iba pa na gaya nun. At ang katapusan ng Gentil na pagmiministeryo’y tatawid dun at dudugtong dun, at ang mga Gentil ay uuwi, at ang ministeryo na ’yun ay magpapatuloy. Magkakaroon ng kawakasan ang lahat na mga bagay. Dalawang-katlo ng mundo’y babagsak, at ang lahat ng iba pa. Kapag ang mga katawan na ’yun ay mararatay dun sa mga lansangan, nang tatlong araw, masdan n’yo kung anong klase nga ’yun.

387 Tingnan n’yo ang mga litrato na nakuha ko sa Timog Amerika, noong patayin nila ang Pentecostal na misyunero doon, ang kanyang asawa, inihandusay sa kalsada, haya’t siya at ang dalawa niyang maliliit na anak. Yung munting batang babae, haya’t ’yung munti niyang tiyan ay lumobo nang *paganoon*. Ni hindi sila nag-abala para ilibing sila. Dadaanan lang, duduraan pa sila nang kagaya nun, nang tatlo o apat na araw. Kinunan ’yun ng litrato ni Kapatid na Kopp. May kopya ako sa bahay, kita n’yo, noong paraan na ginawa ng mga tao roon.

388 Pagkatapos nagpadala sila ng mga regalo, sa isa’t isa. Tingnan n’yo kung papaanong tumitipo ’yan sa Biblia, nakikita n’yo kung anong iglesya ang gagawa n’yan. Ganoon nga, lapat na lapat mismo, at pumapasok na parang isang ahas ngayon mismo, na sadyang tuso sa abot ng ikatutuso nito, tanda mismo ng mga bagay ngayon.

389 Tingnan n’yo po ang propesiya na ibinigay sa akin ng Panginoon noong ’33, kung papaano ’yun mangyayari, “Pahihintulutan nila ang mga kababaihan na bumoto. Sa pagboto, iboboto nila ang maling tao.” Pitong bagay ang ibinigay, at lima sa mga ito ang nangyari na. Ang kasunod na bagay nga’y isang kilalang babae, isang iglesya, isang kapangyarihan o kung ano, ang mangingibabaw sa Estados Unidos, para mamuno. Pagkatapos nakita ko ito na parang mga abo, nakatiwangwang, kung saan humantong na ito sa kawakasan. Yun nga ang wakas ng panahon.

390 Ang sabi Nito, “Sila’y magkakaroon ng isang makina na makakapagmaneho. Hindi na nila kailangan ng tsuper dito.” Kanilang napulido na raw ito. Ang sabi, labing-isang taon . . .

391 Ang sabi sa akin ng Espiritu Santo. Hayun nga ’yun sa diyaryo. Hindi n’yo . . . Hindi n’yo na ito maikakaila. Nailathala na mismo sa diyaryo, gaya ng pagkakasabi ng Espiritu Santo.

392 Labing-isang taon bago itayo ang Maginot Line, sabi ko, “Ang mga Aleman . . . Ang Amerika nga’y . . . Si Presidente Roosevelt ang magiging tampalasan sa lahat ng mga ito.” At ganoon mismo. Siya nga.

393 Hindi sa gusto kong saktan ang damdamin ng mga Democrat sa inyo, pero akin—akin lang sinasabi sa inyo. Hindi po ito sa pagiging Democrat o Republican ngayon. Si Jesus Cristo, na Anak ng Diyos, ang pinag-uusapan natin dito. Hindi po ako Democrat o Republican man. Ako'y isang Cristiano. Kaya naman, sila, anuman 'yun, pero mapapansin n'yo dun.

394 At tingnan n'yo rito, noong isang araw, kung gusto n'yong makita kung gaanong kadaya ng grupo na 'yun. Kukunin 'yung mga makina na 'yun at kakalikutin, kung saan, sa tuwing boboto ka kay G. Nixon, bumoboto ka rin para sa isang ito, nang sabay. Si Ed-. . .pinabawi ni J. Edgar Hoover ang mga makina na 'yun. Ilan po ba ang nakakapagbasa tungkol dun? Aba, tunay, nasa lahat na mismo ng mga pahayagan, balita, at lahat ng iba pa. Nakikita n'yo ba kung nasaan na tayo?

395 Wala na ngang tapat kundi si Cristo. Amen. Oh, ang pinagpalang matandang Aklat na 'yun! Iyon nga ito. Iyon na lang ang nag-Iisa na sinasabi sa inyo kung sino kayo, saan kayo nagmula, at kung saan kayo patutungo (Siyanga, po.), haya't itong pinagpalang matandang Aklat na ito, oh, 'yun nga ang nagbubunsod sa akin na ibigin pa Siya. Hindi ba't kayo rin?

> Pananampalataya sa Ama, pananampalataya sa Anak,
> Pananampalataya sa Espiritu Santo, ang tatlong ito'y Isa;
> Mga demonyo'y manginginig, at mga makasalana'y gigising;
> Ang pananampalataya kay Jehovah ay makaliliglig ng anuman.

396 Amen. Grabeng dakilang araw ang kinakaharap natin, mga kaibigan! "Ang Kapahayagan patungkol kay Jesus Cristo na ibinigay ng Diyos sa Kanyang anghel, at dumating at ipinaalam kay Juan, para ito'y maalaman sa buong Mga Kapanahunan ng Iglesya, ang bagay na mangyayari sa atin."

397 Nawa'y pagpalain tayo ng Panginoon ngayon, habang tatayo tayo. At kung sino man po ang tumutugtog sa piyano, bigyan mo kami ng munting tipa kung maaari, *Take The Name Of Jesus With You*.

398 Ngayon pakinggan n'yo. Mayroon po, hindi makakaila, mayroon pong mga dayo rito sa piling natin sa tabernakulo sa umagang ito. Nais kong makipagkamay kayo sa kanila. Anyayahan n'yo sila, pasabayin sa inyo sa inyong pag-uwi, at kung ano pa. At ipadama sa lahat na sila'y malugod na tinatanggap. Nais kong ang bawat isa'y siguraduhing gagawin 'yan.

399 At alalahanin n'yo na ang gawain ay magsisimula nang alas siyete, mamayang gabi. At sa alas siyete y media, mangungusap ako patungkol sa *Ang Pangitain Sa Patmos*. Bukas ng gabi,

loobin ng Panginoon, ako po'y mangungusap patungkol sa unang kapanahunan ng iglesya, Efeso, ng Kapanahunan ng Iglesya.

400 Ngayon awitin na natin ang *Take The Name Of Jesus With You*, ang munting awitin natin nang pagtatapos sa tabernakulo. At ang bawat isa po'y umawit ngayon. Sige po.

Take the Name of Jesus with you,
Child of sorrow and of woe;
It will joy and comfort give you,
Take It everywhere you go.

Precious Name, O how sweet!
Hope of earth and joy of Heaven;
Precious Name, (Precious Name!) O how sweet!
Hope of earth and joy of Heaven.

401 Ngayon bago natin awitin ang kasunod na taludtod, nais kong ang mga Methodist, mga Baptist, mga Pentecostal, mga Katoliko, Nazarene, Pilgrim Holiness, ang lahat po'y mag-abot lang ng kamay, makipagkamay sa mga nasa harap ninyo, sa mga nasa gilid n'yo, sa mga nasa likod n'yo, sabihin n'yo, "Cristianong manlalakbay, kaibigan, ikinatutuwa ko na makasama ka rito sa umagang ito. Ikinagagalak ko na makasama ka sa pagbubuklod, sa palibot ng mga bagay na ukol sa Diyos. Alam ko na nagtamasa tayo ng maluwalhating panahon. Umaasa ako na makita ka uli mamayang gabi." Para pong ganun, habang nakikipagkamay kayo sa mga tao, sa harap n'yo, sa likod n'yo, sa palibot n'yo.

At the Name of Jesus bowing, (Magkita tayo mamayang gabi, Kapatid na Neville. Magkita tayo mamayang gabi.)
. . . feet,
King of kings, in Heaven, we'll crown Him,
When our journey is complete.

Oh precious Name, O how sweet!
Hope of earth and joy of Heaven;
Precious Name, O how sweet!
Hope of earth and joy of Heaven.

Till we meet! till we meet!
Till we meet at Jesus' feet; (Till we meet!)
Till we meet! till we meet!
God be with you till we meet again!

Ngayon habang iniyuyuko natin ang ating ulo:

Till we meet! till we meet!

*Ang Kapahayagan Ukol Kay Jesus Cristo* TAG60-1204M
(The Revelation Of Jesus Christ)
Serye ng Ang Kapahayagan Ukol Kay Jesus Cristo

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Disyembre 4, 1960, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2021 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org